Among relationship variables, marital status was not a significant determinant of pregnancy termination ($p = .249$), with similar rates among married women (13.37%, 95% CI: 11.78–15.13) and those who were not currently married (11.92%, 95% CI: 10.25–13.83). However, the number of children a woman had showed a strong association with termination ($p < 0.001$), as women with three or more children had a significantly higher termination rate (16.05%, 95% CI: 14.18–18.11) compared to those with two or fewer (10.03%, 95% CI: 8.66–11.60). The place of residence is not significantly associated with pregnancy termination ($p = .532$). Termination rates were slightly higher among rural women (13.05%, 95% CI: 11.59–14.67) compared to urban women (12.25%, 95% CI: 10.44–14.33), but the difference is minimal. Internet use is also not significantly associated ($p = .069$), with non-users having a slightly higher termination rate (14.66%, 95% CI: 12.33–17.34) compared to internet users (12.01%, 95% CI: 10.63–13.55).


At the societal level, the education level is not a statistically significant determinant of pregnancy termination ($p = .077$), though a decreasing trend is observed with higher education. Women with primary education or below had the highest termination rate (15.44%, 95% CI: 12.16–19.41), followed by those with secondary education (13.11%, 95% CI: 11.37–15.08). Women with tertiary education or higher had the lowest termination rate (10.98%, 95% CI: 9.16–13.12). Meanwhile, a significant association between wealth status and pregnancy termination was observed ($p = .031$), with termination rates decreasing as wealth increases. The highest rate was observed among the poorest women (16.29%, 95% CI: 14.14–18.69), while the lowest was among the richest (10.56%, 95% CI: 8.06–13.72). Women in the middle wealth quintiles had similar termination rates, ranging from 11.26% (95% CI: 8.53–14.73) to 11.96% (95% CI: 8.93–15.85). When it comes to employment, no statistical relationship was found ($p = .050$). Women who were employed had a slightly higher termination rate (13.76%, 95% CI: 12.13–15.57) than those who were unemployed (11.57%, 95% CI: 10.08–13.25). Similarly, religion was not a significant factor ($p = .295$), with termination rates slightly higher among women of other religions (13.65%, 95% CI: 11.60–15.99) compared to Catholics (12.29%, 95% CI: 10.91–13.83).

Trends of Pregnancy Termination

Figure 2 shows the trends in pregnancy termination in the Philippines over a 20-year period. The prevalence of women who terminated pregnancy differs. The percentage of women who had terminated a pregnancy from 1992 to 1997 does not have a significant difference. There was a small increase recorded in the percentage of women who terminated their pregnancy from 14.8% to 15.8%. This accounted for about a 1-point increase only (6.22% approximately). This suggests that while there was an increase, it is considerably small. Meanwhile, between 1997 to 2002, a slight decline happened, decreasing from 15.8% to 15.1%. However, a slight increase happened in 2007 by 15.7%.

Figure 2

Trends of Pregnancy Termination in the Philippines: NDHS, 1992-2022



The period from 1997 to 2007 shows relative stability with minor fluctuations, indicating that while the percentage of pregnancy termination varied slightly, they remained within a narrow range, between 15.1% and 15.8%. But there was a decline that began in 2012, when the rate dropped to 13.5. This downward trend continued gradually, concluding at a rate of 9.8 in 2022. The decrease from 2012 to 2022 represents a decline of 3.7 points (approximately 27.4%), indicating a substantial reduction in pregnancy termination rates over this period.

Over the entire 20-year period, the data reflect a general decrease in pregnancy termination rates, particularly pronounced in the latter half of the analyzed timeframe. The highest recorded rate was 15.8 in 1997, while the lowest was 9.8 in 2022, marking a total decrease of 6.0 points (approximately 38%). Trends in pregnancy termination in the Philippines reveal periods of stability, slight fluctuations, and a notable decline in recent years. From 1992 to 2007, termination rates remained within a narrow range of 14.8% to 15.8%, indicating relative stability. However, a significant decline began in 2012, with the rate dropping from 13.5% to 9.8% in 2022, a 38% reduction over two decades. This downward trend may reflect improvements in contraceptive access, shifting reproductive behaviors, or policy interventions. However, the restrictive legal environment and abortion stigma likely contribute to underreporting and reliance on unsafe methods (CRR, 2024). While reductions in termination may suggest better family planning efforts, they also raise concerns about access to safe abortion in restrictive settings (HRW, 2023).

Results of Logistic Regression

The logistic regression analysis reveals significant individual, relational, and societal determinants of pregnancy termination among reproductive-aged women who gave birth in the last five years in the Philippines, presented in Table 3. At the individual level, age emerged as the strongest determinant. Compared to women aged 19–24, the adjusted odds of pregnancy termination increased progressively with age: nearly two times higher for those aged 30–34 (AOR = 1.77; 95% CI: 1.20–2.61, $p < 0.01$), more than two times for 35–39-year-olds (AOR = 2.20; CI: 1.47–3.30, $p < 0.001$), and more than three times for women aged 40–49 (AOR = 3.26; CI: 2.11–5.04, $p < 0.001$). Notably, the 25–29 age group showed no significant association in both models (COR = 1.35, ns and AOR = 1.37, ns).

Table 3

Logistic Regression Analysis Determining the Odds of Pregnancy Termination Among Reproductive-Aged Women: NDHS, 2022

Factors	COR	AOR	CI
Age			
19-24	-----	-----	-----
25-29	1.35ns	1.37ns	0.92, 2.05
30-34	1.74**	1.77**	1.20, 2.61
35-39	2.15***	2.20***	1.47, 3.30
40-49	3.20***	3.26***	2.11, 5.04
Contraceptive Use			
Not using	-----	-----	-----
Traditional Method	1.22ns	-----	-----
Modern Method	1.10ns	-----	-----
Desire for Children			
With Desire	-----	-----	-----
No Desire	1.21ns	0.82ns	0.62, 1.07
Self-Rated Health			
Otherwise	-----	-----	-----
Good	0.74**	0.78*	0.62, 0.97

Factors	COR	AOR	CI
<i>Marital Status</i>			
Currently not Married	-----	-----	-----
Married	1.14ns	-----	-----
<i>Number of Children</i>			
2 or Less	-----	-----	-----
3 or More	1.71***	1.21ns	0.93, 1.58
<i>Place of Residence</i>			
Rural	-----	-----	-----
Urban	0.93ns	-----	-----
<i>Internet Use</i>			
Not Using	-----	-----	-----
Using	0.79ns	1.07ns	0.87, 1.57
<i>Education</i>			
Primary and Below	-----	-----	-----
Secondary	0.83ns	1.11ns	0.79, 1.56
Tertiary or Higher	0.67***	0.92ns	0.60, 1.43
<i>Wealth</i>			
Poorest	-----	-----	-----
Poorer	0.69*	0.67**	0.50, 0.89
Middle	0.65*	0.65*	0.45, 0.94
Richer	0.70*	0.71ns	0.47, 1.08
Richest	0.61**	0.58*	0.39, 0.88
<i>Employment</i>			
Unemployed	-----	-----	-----
Employed	1.21ns	0.06ns	0.39, 0.88
<i>Religion</i>			
Other Religions	-----	-----	-----
Catholics	0.89ns	-----	-----

*p < .05 **p < .01 *** p < .001 ns = not significant

Self-rated health reduced pregnancy termination odds, as women who reported to having good health had 22% lower adjusted odds (AOR = 0.78; CI: 0.62–0.97, $p < 0.05$) in the adjusted model. Desire for additional children did not emerge as a significant factor in the binary logistic regression analysis and remained nonsignificant even after adjusting for other variables. Specifically, not wanting more children (AOR = 0.78, ns) was not associated with pregnancy termination. Similarly, contraceptive use, whether traditional (COR = 1.22, ns) or modern (COR = 1.10, ns), did not show a significant crude effect on pregnancy termination, with p-values exceeding .20. Given its lack of statistical significance, contraceptive use was excluded from the adjusted model.

At the relationship level, the number of children initially showed a significant crude association with pregnancy termination, with women having three or more children being more likely to terminate a pregnancy (COR = 1.71, $p < 0.001$). However, this association became nonsignificant after adjusting for other factors (AOR = 1.21, ns), suggesting that the relationship was likely confounded by additional variables. Meanwhile, marital status, specifically being married, was not significantly associated with pregnancy termination in the crude analysis (COR = 1.14, ns). Given its p-value exceeding .20, it was not included in the adjusted model, indicating that marital status does not play a determining role in pregnancy termination decisions.

At the community level, place of residence was not a determining factor. Women living in urban areas had a slightly lower crude odds ratio (COR = 0.93, ns) compared to those in rural areas, but the association was not statistically significant and was therefore not included in the adjusted model. Internet use was not a significant factor in determining pregnancy termination. Women who recently used the internet had a lower crude odds ratio (COR = 0.79, ns) compared to non-users or those who did not use the internet recently. This association remained non-significant after adjustment (AOR = 1.07, ns; 95% CI: 0.87–1.57), suggesting no meaningful impact on pregnancy termination.

Educational attainment showed contrasting crude and adjusted effects. While tertiary education initially appeared significant (COR = 0.67, $p < 0.001$), this association disappeared after adjustment (AOR = 0.92, ns). Having secondary education has a nonsignificant effect in the unadjusted and adjusted models (COR = 0.83 vs. AOR = 1.11, ns). Wealth status demonstrated a strong inverse effect. Compared to the poorest women, adjusted odds were significantly 33% lower among poorer (AOR = 0.67; CI: 0.50–0.89, $p < 0.01$), 35% lower among middle-income (AOR = 0.65; CI: 0.45–0.94, $p < 0.05$), and 38% lower among the richest quintiles (AOR = 0.58; CI: 0.39–0.88, $p < 0.05$), though the richer category lost significance after adjustment (AOR = 0.71, ns). Employment status did not exhibit a significant association with pregnancy termination. While employed women had a slightly higher crude odds ratio (COR = 1.21, ns) compared to unemployed women, the association remained nonsignificant after adjustment (AOR = 0.06, ns; 95% CI: 0.39–0.88), indicating no meaningful effect. Similarly, religious affiliation was not a significant factor. Catholics had a

slightly lower crude odds ratio (COR = 0.89, ns) compared to women of other religions, but this association was not statistically significant.

This study highlights key individual, relational, and societal factors influencing pregnancy termination in the Philippines, with some findings aligning with, and diverging from, existing literature. At the individual level, age was the strongest predictor, with odds of termination increasing significantly after 30. This supports studies from Tanzania and other African nations where pregnancy termination is more prevalent among older women (Mbona et al., 2025; Kassa et al., 2024). However, unlike findings from Rwanda and Nigeria (Kassa et al., 2024), younger women in the Philippines did not exhibit a higher likelihood of pregnancy termination. Self-rated health also emerged as a factor, with healthier women less likely to terminate pregnancies, which is different compared to Tanzania (Mbona et al., 2025). Conversely, contraceptive use and fertility preference were not significant, challenging prior findings that linked them to pregnancy termination (Mbona et al., 2025; Setegn & Dejene, 2024).

At the relational level, the initial association between a higher number of children and pregnancy termination disappeared after adjustment, differing from studies in which more children increased termination odds (Mbona et al., 2025). Similarly, marital status was not a significant factor, diverging from research in other countries where married women had higher termination odds (Mbona et al., 2025; Sesay et al., 2023).

At the community level, urban residence and internet use did not significantly influence pregnancy termination, contrasting with studies in Nepal and Tanzania (Yogi et al., 2018; Mbona et al., 2025). This may suggest more uniform healthcare access among rural and urban residents, and internet users or non-users in the Philippines.

At the societal level, wealth status emerged as a key determinant, with poorer women exhibiting higher odds of pregnancy termination. This contrasts with the findings from Tanzania and Nepal, where wealthier women had higher termination rates (Mbona et al., 2024; Yogi et al., 2023). Education and employment status were not significant predictors, diverging from studies in other countries (Kassa et al., 2024; Sesay et al., 2023).

This study provides a comprehensive analysis of pregnancy termination among reproductive-aged women in the Philippines, revealing significant trends, demographic profiles, and key determinants. While the overall termination rate (13%) aligns with global averages, it remains lower than in several South and Southeast Asian countries despite the Philippines' restrictive legal environment. Trends indicate a gradual decline in termination rates, possibly due to improved contraceptive access and shifting reproductive behaviors, though underreporting and reliance on unsafe methods remain concerns. Age emerged as the strongest determinant, with termination likelihood increasing significantly after 30. Economic vulnerability also played a crucial role, as poorer women faced higher termination odds. In contrast, other factors were not significant predictors, differing from findings in other countries.

To improve reproductive health outcomes, the Philippines must enhance family planning programs, expand access to contraception, and address socio-economic barriers through targeted support. Strengthening maternal healthcare, particularly for older and low-income women, is crucial. Public awareness campaigns and counseling services can help reduce stigma and support informed decision-making. Additionally, reviewing the existing legal framework in the country and considering the legalization of abortion in specific circumstances may ensure access to safe medical care and reduce the risk associated with unsafe abortion. Further research on pregnancy termination or abortion barriers will aid in developing evidence-based policies that promote reproductive rights, reduce unintended pregnancies, and improve maternal health.

REFERENCES

- Austria, C. S. R. (2004). The church, the state and women's bodies in the context of religious fundamentalism in the Philippines. *Reproductive Health Matters*, 12(24), 96–103. [https://doi.org/10.1016/S0968-8080\(04\)24152-0](https://doi.org/10.1016/S0968-8080(04)24152-0)
- Ba, D. M., Zhang, Y., Pasha-Razzak, O., Khunsriraksakul, C., Maiga, M., Chinchilli, V. M., & Ssentongo, P. (2023). Factors associated with pregnancy termination in women of childbearing age in 36 low- and middle-income countries. *PLOS Global Public Health*, 3(2), e0001509. <https://doi.org/10.1371/journal.pgph.0001509>
- Center for Reproductive Rights. (2024). In brief: Unveiling the realities of laws on abortion in the Philippines. https://reproductiverights.org/wp-content/uploads/2024/05/Decrim_Philippines-Brief_5-1-24.pdf
- Heise, L. L. (1998). Violence against women: An integrated, ecological framework. *Violence Against Women*, 4(3), 262–290. <https://doi.org/10.1177/1077801298004003002>
- Human Rights Watch. (2023, November). Philippines: Lawmakers threaten rights body on abortion. <https://www.hrw.org/news/2023/11/21/philippines-lawmakers-threaten-rights-body-abortion>
- Kassa, R. N., Kaburu, E. W., Andrew-Bassey, U., Abdiwali, S. A., Nahayo, B., Samuel, N., & Akinyemi, O. (2024). Factors associated with pregnancy termination in six sub-Saharan African countries. *PLOS Global Public Health*, 4(5), e0002280. <https://doi.org/10.1371/journal.pgph.0002280>
- Mbona, S. V., Chifurira, R., Ndlovu, B. D., & Ananth, A. (2025). Prevalence and determinants of pregnancy termination for childbearing women using the modified Poisson regression model: A cross-sectional study of the Tanzania Demographic and Health Survey (TDHS) 2022. *BMC Public Health*, 25, 56. <https://doi.org/10.1186/s12889-024-21203-3>

Onukwugha, F. I., Magadi, M. A., Sarki, A. M., & Smith, L. (2020). Trends in pregnancy termination among 15–24-year-old women in Nigeria: A multilevel analysis of demographic and health surveys 2003–2018. *BMC Pregnancy and Childbirth*, 20, 550.

<https://doi.org/10.1186/s12884-020-03164-8>

Philippine Statistics Authority (PSA) & ICF. (2023). Philippine National Demographic and Health Survey 2022. PSA & ICF.

Sesay, F. R., Anaba, E. A., Manu, A., Maya, E., Torpey, K., & Adanu, R. M. K. (2023). Determinants of induced abortion among women of reproductive age: Evidence from the 2013 and 2019 Sierra Leone Demographic and Health Survey. *BMC Women's Health*, 23(1), 44.

<https://doi.org/10.1186/s12905-023-02175-9>

Setegn, G. M., & Dejene, B. E. (2024). Explainable artificial intelligence models for predicting pregnancy termination among reproductive-aged women in six East African countries: Machine learning approach. *BMC Pregnancy and Childbirth*, 24, 600.

<https://doi.org/10.1186/s12884-024-06773-9>

The Revised Penal Code of the Philippines, Act No. 3815, Articles 256–359. (1930). Official Gazette. <https://www.officialgazette.gov.ph/1930/12/08/act-no-3815-s-1930/>

World Bank. (n.d.). Philippines. Gender Data Portal.

<https://genderdata.worldbank.org/en/economies/philippines>

World Health Organization. (2024, May). Abortion.

<https://www.who.int/news-room/fact-heets/detail/abortion>

Yogi, A., K.C., P., & Neupane, S. (2018). Prevalence and factors associated with abortion and unsafe abortion in Nepal: A nationwide cross-sectional study. *BMC Pregnancy and Childbirth*, 18(1), 376. <https://doi.org/10.1186/s12884-018-2011-y>

ABOUT THE AUTHOR

Mejedin R. Tena is a faculty member of the Department of Sociology and Anthropology at the College of Social Sciences and Development, Polytechnic University of the Philippines (PUP), Sta. Mesa Manila. He currently serves as the Research Manager for Colleges and Campuses under the Research Management and Intellectual Property Office (RMIPO), where he contributes to developing research guidelines that strengthen research culture and of capacity of its faculty members. He completed his bachelor's degree in Sociology from Polytechnic University of the Philippines and his master's degree in Population Studies from University of the Philippines Diliman. His research interests involve sociological and demographic research related to public health, reproductive behavior, digital migration, educational disparities, aiming to understand how structural factors shape individual and collective outcomes.

Pagsipat sa Kaisipan nina Orozco at Demeterio Hinggil sa Fertility Dance ng Obando, Bulacan Gamit ang Kasaysayang Pasalita

Jennifer C. Delfin, LPT, MAEd

Bulacan State University

jennifer.delfin@bulsu.edu.ph

ABSTRAK

Sinipat sa pananaliksik na ito ang papel nina Orozco at Demeterio hinggil sa pinagmulan ng Obando Fertility dance. May pagtatangka ang papel na sipatin ang pinagmulan nito sa pamamagitan ng isang preliminaryong pagtalunton sa kasaysayan mula sa isang partikular na perspektiba ng matatandang Obandenyo edad 60-90 na taon. Ninais na sagutin sa papel ang sumusunod na katanungan: (1) Ano ang kronolohikal na tala ng mga Patron sa Obando at ang aktwal na ritwal na isinasagawa para kina San Pascual Baylon, Santa Clara at Mahal na Birhen ng Salambao?; (2) Anong mga pagbabago sa mga imahen at ritwal ugnay ng kapistahan sa Obando, Bulacan tuwing Mayo?; at (3) Paano nagsimula ang ritwal na sayaw sa Obando, Bulacan at ang anyo nito?

Nasuri sa pananaliksik na ito na nagtutugma ang kaisipan nina Orozco at Demeterio sa mga kasaysayang pasalita na ibinahagi ng walong matatandang Obandenyo. Ang Obando fertility dance ay maaaring hindi produkto ng Kristiyanismo na mula sa bersyon ng isang ritwal ng mga Tagalog bago pa man dumating ang mga Espanyol. Ito ay posibleng nagsimula nang dumating ang mga Kastila at noong dumating ang mga patron. Wala ring natatandaan ang karamihan sa mga nakapanayam hinggil sa salitang Kasilonawan na maaaring pinagsimulan ng fertility dance na ang sayaw ay naging Christianized lamang.

Mga susing salita: *Fertility dance, Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao, San Pascual Baylon, Santa Clara ng Assisi, Obando Bulacan*

ABSTRACT

This study examined Orozco and Demeterio's research work on the history of the Obando Fertility Dance. This research seeks to trace its origins through preliminary historical tracing from the perspective of the older Obandenyo, aged 60 to 90. The study attempts to answer the following questions: (1) What is the chronology of Obando's patrons, as well as the actual ritual performed for San Pascual Baylon, Santa Clara, and the Blessed Virgin of Salambao? (2) How do the images and rituals associated with the celebration in Obando,

Bulacan, transform each May? (3) What is the historical context and form of the ritual dance in Obando, Bulacan?

It was analyzed in this research that Orozco and Demeterio's thoughts coincide with oral histories shared by eight older Obandeniyos. The Obando fertility dance may not be a product of Christianity, nor it was a version of a ritual by the Tagalogs even before the arrival of the Spanish. This may have started when the Spaniards arrived and when the patrons arrived. The majority of participants are unable to recall the term "Kasilonawan," which could be the origin of the fertility dance that has just become Christianized.

Keywords: Fertility dance, Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao, San Pascual Baylon, Santa Clara ng Assisi, Obando Bulacan

INTRODUKSYON

Kilala ang Obando Bulacan sa natatangi nitong pamamanata sa tatlong patron, sina San Pascual Baylon, Santa Clara ng Assisi at Nuestra Señora De La Inmaculada Concepcion De Salambao. Kaya, tuwing sasapit ang buwan ng Mayo, tatlong araw rin nagaganap ang Pista ng Obando bilang parangal sa bawat patron na mayroon sila. Unang nagaganap ang para kay San Pascual Baylon tuwing ika-17 ng Mayo, susundan naman ito kinabukasan ng para kay Santa Clara ng Assisi, at ang ika-19 ng Mayo naman ay para sa Nuestra Señora De La Inmaculada Concepcion De Salambao.

Si Santa Clara ng Assisi ang pinakamatandang pintakasi ng bayan ng Obando. Nang dumating ang ika-18 siglo, matapos ang pagkakatatag ng Obando at pagpapagawa ng simbahan, idinagdag sa urna ng altar si San Pascual Baylon na hinirang na patron. Makalipas ang ilang taon, noong ika-19 ng Hunyo, 1763, isa na naman patron ang nadagdag sa simbahan ng Obando na siyang bumuo sa trianggulo ng mapagpala, at kinilalang ina ng Obando, ang Nuestra Señora De La Inmaculada Concepcion De Salambao (Delos Reyes, 2005, pp. 2-3).

Isinasayaw ang mga panalangin sa Panginoon sa pamamagitan ng mga nabanggit na pintakasi. Kabilang sa pagsasayaw upang magkaanak na lalaki, magkaroon ng asawa, at bokasyon/buhay relihiyoso ang panalanging inilalapit kay San Pascual Baylon. Patrona ng mga naglilihiing ina, magandang panahon, humihiling ng anak na babae, maginhawang pagbubuntis at panganganak naman si Santa Clara ng Assisi at nang lumaon ay naging patron din ng telebisyon at mass media. Patrona naman ng mga mangingisda, magbubukid at mabuting hanapbuhay ang Nuestra Señora De La Inmaculada Concepcion De Salambao (National Shrine of Our Lady of Salambao - San Pascual Baylon Parish, 2018).

Nilayon sa pananaliksik na ito na sipatin ang pinagmulan ng Obando Fertility Dance. Sa official website ng pamahalaan ng Obando, mababasa roon na ang fertility dance ay

nagsimula na bago pa man dumating ang mga mananakop na Espanyol, at sinasabing isa ito sa mga ginamit ng mananakop upang ma-convert sa pagiging Kristiyano ang mga katutubo. Ang pre-hispanic fertility ritual na ito ay tinatawag na Kasilonawan. Sa pagsangguni ng mananaliksik sa ilang diksyunaryo gaya ng Diksyunaryo Tesauro ni Panganiban (1972), walang naitalang salitang Kasilonawan ngunit mayroong salitang Kasilinawan na nangangahulugang “open-air celebration”. Sa kahulugang mula rito, hindi rin malinaw na nasasagot ang maaaring pinagmulan ng tradisyon ng pagsasayaw sa Obando, Bulacan na iniuugnay sa pagsisimula ng fertility dance.

Sa ganoong punto, sinuri sa pananaliksik na ito ang pag-aaral nina Orozco at Demeterio na nagsasabing problematiko ang pinagmulan ng nasabing ritwal na iniuugnay sa salitang Kasilonawan. Una, sa Tagalog-Spanish dictionary ni Juan Noceda at Pedro de Sanlucar, ang casilonauan ay binigyang kahulugan lamang na “some old ceremonies”. Pangalawa, walang anumang Spanish text ang nag-uugnay sa kasilonawan, at pangatlo, batay sa mga kaugnay na literatura katulad ng makikita sa Google books, nagsimula lamang ito noong 1981. Napakayaman ng mga datos ng pag-aaral na ito mula sa mga pinagsamang paggamit ng *data bases*, *search engines* at mga nalathalang dokumento mula sa panahon ng Espanyol, Amerikano at pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig upang maging matibay na tuntungan ng kasalukuyang pag-aaral. Ngunit dahil sa ang papel na ito ay naisulat sa panahon ng pandemic lockdown noong 2020, naging limitado lamang ang pag-akses sa ilan pang mga datos. Hindi sila nagkaroon ng pagkakataong sumangguni sa mga di-nailathalang mga archival materials at hindi rin nakapagsagawa ng anumang panayam sa mga taga-Obando, Bulacan, kaya ito naman ang naging tutok ng kasalukuyang pag-aaral. Sa ganitong anggulo, maaaring magkaron ng ibang paglalahad sa kasaysayan ng tanyag na relihiyosong assemblage ng Obando, sa pamamagitan ng mga nabanggit na pamamaraan.

Layunin at Suliranin ng Pag-Aaral

Mula sa mga natuklasan sa pag-aaral nina Orozco at Demeterio, may pagtatangka ang papel na ito na sipatin ang pinagmulan ng Obando Fertility Dance sa pamamagitan ng isang preliminaryong pagtalunton sa kasaysayan ng pinagmulan nito mula sa isang partikular na perspektiba ng matatandang Obandenyo edad 60-90 na taon. Nais sagutin sa papel na ito ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kronolohikal na tala ng mga Patron sa Obando at ang aktwal na ritwal na isinasagawa para kina San Pascual Baylon, Santa Clara ng Assisi at Mahal na Birhen ng Salambao?
2. Anong mga pagbabago sa mga imahen at ritwal ugnay ng kapistahan sa Obando, Bulacan tuwing Mayo?
3. Paano nagsimula ang ritwal na sayaw sa Obando, Bulacan at ang anyo nito?

METODOLOHIYA

Ang pangunahing batis na ginamit sa papel na ito ay ang mga panayam na isinagawa sa mga matatandang Obandenyo edad 60-90 na taon. Nirekord ang mga panayam gamit ang video camera at voice recorder. Ginamit din na batis ang mga dokumentong ibinahagi ng bawat Obandeniyong nakapanayam at mga talang makikita sa Museo de la Parroquia.

Naging pangunahing pamamaraan sa pag-aaral na ito ang kasaysayang pasalita. Sa tradisyunal na pamamaraan, oral ang pagpapahayag at pagsasalin ng mga karanasan sa buhay. Subalit dahil sa limitasyon ng kakayahang umalala, maaaring maraming kulang na tala ang mapunan ng kasaysayang pasalita, na isang pamamaraan ng pagkuha ng hindi pa naisulat na batis ng kasaysayan, sa pamamagitan ng interbyu, nailalabas ang mga dating nakahimlay sa alaala na mga karanasang maaring magsilbing batis ng kasaysayan (Gripaldo, 2006).

Ang paggamit ng *Deleuze-Guattarian assemblage* bilang balangkas sa makasaysayang pagsusuri ng tatlong patron na santo ng Obando, at mga ritwal na isinasagawa kaugnay nito ay nagreresulta ng ibang naratibo gaya ng paglalahad sa pinagmulan ng tanyag na Fertility dance. Sa konsepto ng assemblage, pinapanatili nito ang pagkakaiba-iba ng mga bagay na nagkakaroon ng ugnayan o interaksyon sa isa't isa. Ang mga ito ay hindi nagiging iisa sapagkat tinitingnan dito ang mga komponent at ang mga panlabas na kondisyon ay nagbabago. Ipapakita ang ugnayan ng bawat isa mula sa pagkakaiba-iba ng mga patron. Bukod sa ganitong balangkas, ang pagkalap ng mga di-nailathalang dokumento at mga panayam sa matatandang Obandenyo ang magiging kasangkapan upang mailahad ang makasaysayang naratibo sa bayan ng Obando, Bulacan.

Mga nakapanayam

Ang mga nakapanayam ay mga matatandang Obandenyo mula sa Barangay ng Hulo, San Pascual, Paliwas at Catanghalan na nasa edad animnapu't pito (67) ang pinakabata at edad siyamnapu't dalawa (92) naman ang pinakamatanda. Halos lahat ng nakapanayam ay naglilingkod sa simbahan kaya ang ilan sa kanila ay nakapanayam pagkatapos ng misa at sayaw sa Obando tuwing Linggo. Ang bawat isa sa kanila ay nakilala sa pamamagitan ni Brother Woody Rivera na namamahala at naglilingkod din sa simbahan ng Obando. Ang ilan din sa kanila ay mga miyembro ng Salambao dancers. Ang ibang nakapanayam ay sinadya at nakausap sa mismong kanilang tahanan. Lahat sila ay may asawa, may mga anak at ang relihiyon ay Katoliko.

Talahanayan 1.

Mga Nakapanayam na Obandenyo

PROFAYL			
Pangalan	Katayuang Sibil	Trabaho noon	Relihiyon
Corazon Sta. Ana Ramos	May asawa	Tindera ng isda sa Obando at Nepa Q Mart QC	Katoliko
Teodora C. Coronel	May asawa	Grade 1 teacher	Katoliko
Conchita P. Contreas	May asawa	Government employee - DENR QC	Katoliko
Herminia C. De Jesus	May asawa	Factory Worker sa Malabon	Katoliko
Isidro C. Manuel	May asawa	Teacher sa Valenzuela	Katoliko
Mercedes R. Domingo	May asawa	Teacher sa Obando	Katoliko
Germiniano G. Avendaño	May asawa	Empleyado sa PhilAm Life at sa Bangko	Katoliko
Maria Teresa S. Bondoc	May asawa	Cataloger ng Batasang Pambansa, Archivist (Senate Archive) Museologist	Katoliko

Nahati naman sa tatlong bahagi ang panayam upang tumugon sa tatlong ispesipikong tuon ng pag-aaral. Upang matunton ang unang katanungan hinggil sa kronolohikal na tala ng mga Patron sa Obando at ang aktwal na ritwal na isinasagawa para kina San Pascual Baylon, Santa Clara ng Assisi at Mahal na Birhen ng Salambao, ginabayan ang panayam ng sumusunod na paglalahad: (1) ang mga naaalalang kuwento tungkol sa mga patron, ritwal at sa mismong simbahan; (2) mga naranasan sa pagdalo tuwing Mayo sa pista ng Obando at paraan ng pagdiriwang; (3) mga karanasan sa pagsayaw at mga naobserbahan; (5) mga hindi malilimutang karanasan sa Pista ng Obando tuwing Mayo; at (6) mga kahilingang natupad dahil dito.

Upang masagot naman ang ikalawang katanungan sa pag-aaral hinggil sa pagbabago sa mga imahen at ritwal ugnay ng kapistahan sa Obando, Bulacan tuwing Mayo, ginabayan ito ng sumusunod na paglalahad: (1) mga pagbabagong nakita sa simbahan mula noon at sa kasalukuyan; (2) paglalarawan sa kinagisnang komunidad ng Obando, mga pagbabago at mga hindi nabago partikular sa tatlong patron; (3) mga naaalalang kuwento o karanasan ugnay ng Obando Fertility Dance; at (4) mga naaalalang mga kuwento o mga naipasang salaysay ng mga magulang hinggil sa Obando Fertility Dance.

Panghuli, upang masagot ang ikatlong katanungan hinggil sa pagsisimula ng ritwal na sayaw sa Obando, Bulacan at ang anyo nito, ginabayan naman ito ng sumusunod na paglalahad: (1) paano nagsimula ang tradisyon; (2) mga pagkakataon na nahinto ang pagdiriwang at pagsasagawa ng ritwal; (3) pagiging pamilyar sa Kasilonawan at kaugnayan

nito sa Obando Fertility dance; (4) ang Obando Fertility Dance at ugnayan nito sa pandanggo; (5) ang anyo/steps ng kasalukuyang fertility dance at kung nagbabago ba ito sa paglipas ng panahon; at (6) ang panahon ng pagsisimula o pagsibol ng Obando Fertility Dance sa Obando, Bulacan.

Mga tala nina Orozco at Demeterio

Mahalaga na matalakay muna ang nilalaman ng papel na ginamit bilang tuntungan ng kasalukuyang pag-aaral upang makita ang pagsusuri, pagkakaiba at pagkakatulad. Ang pananaliksik nina Dr. Feorillo Petronillo Demeterio III at Bb. Noella Ma-i Orozco na may pamagat na “The Sacred Images, Patronages and Rituals of Obando Church, Bulacan, Philippines: A Historical Investigation.” Ginamit nila bilang teoretikal na balangkas ang assemblage nina Gilles Deleuze at Pierre-Felix Guattari (Deleuze-Guattarian assemblage) na iniangkop naman mula kay Thomas Andrew Nail. Sa konsepto ng assemblage, pinapanatili nito ang pagkakaiba-iba ng mga bagay na nagkakaroon ng ugnayan o interaksyon sa isa’t isa. Ang mga ito ay hindi nagiging iisa sapagkat tinitingnan dito ang mga komponent at ang mga panlabas na kondisyon ay nagbabago. Mahalagang tingnan ang tatlong aspekto gaya ng mga kondisyon, elemento at mga persona (Orozco at Demeterio 2023, pp. 327-329). Sinuri sa kanilang papel ang dalawang punto: una, ang kronolohikal na tala ng tatlong imahen ng simbahan ng Obando at ang pangalawa ay tinunton ang mga pagbabago sa pamamanata sa mga imahen at ritwal na isinasagawa rito.

Batay sa kanilang pananaliksik, matapos ang pagkakatatag ng Obando bilang isang bukod na pueblo/parish noong 1754, pinili ang imahen ni San Pascual Baylon bilang patron. Sa Kastila ang “baylon” ay nangangahulugang “dancer”. May tradisyon din sa Espanya na tumutukoy kay San Pascual Baylon bilang imbentor ng fandango. Hindi malinaw kung bakit siya ang pinili ng mga Pransiskanong pari ng Bulacan at Obando. Sa pananaliksik, may hipotesis na kaya siya pinili ay una, bagong kanonisadong santo siya noong panahon na iyon, pangalawa, ang feast day niya ay ika-17 ng Mayo, at ang Obando ay isang agricultural pueblo na ugnay sa pag-aani tuwing tag-araw at panahon din ng pagtatanim, at pangatlo ay ang pag-uugnay sa kanya sa ritual dancing (Orozco at Demeterio 2023, pp. 334-335).

Ganito naman nila naitala ang pagkakakuha sa Mahal na Birhen ng Salambao. Sa kuwento ni Diego Pascual, dalawang mangingisda na sina Juan at Julian de la Cruz, ang nakalambat ng imahen ng isang birhen sa kanilang salambao sa may parteng Huling Doong sa nayon ng Binoangan, Tambobong (Malabon ngayon). Ayon sa alamat, nang ang imahen ay dadalhin sa Navotas, ang salambao ay bumigat at hindi makausad. Subalit nang ito ay dadalhin patungong Obando, ang salambao ay madaling naiusad. Kanilang nahanap na ang kwento na ito ay naitala lamang ng folklorist na si Damiana Eugenio ng UP Diliman, at hindi sinusuportahan ng anumang Spanish text (Orozco at Demeterio 2023, p. 336).

Sa tatlong imahen ng Obando, ang Santa Clara ng Assisi ang pinakamatanda na hindi na matunton kung anong eksaktong petsa ito dumating sa lugar. Maaaring sa pagitan ng

1578-1623. Ang kanyang kapistahan ay orihinal na ika-11 o 12 ng Agosto. Ngunit sa Obando, ipinagdiriwang ito tuwing ika-19 ng Mayo. Kung susumahin, higit sa isang siglo ang pagitan ng unang imahen sa huli. Ang dalawang babaeng patron ay nausog din ang araw ng kapistahan ng mga ito (Orozco at Demeterio 2023, pp. 337-339).

Sa bahaging ito, ipapakita ang mga pagbabago sa rituwal at pagtangkilik sa mga patron na ito mula ika-19 siglo hanggang ika-20 siglo.

Sa una hanggang kalahating ika-19 na siglo, nakita mula sa libro nina Buzeta at Bravo na dinadagsa ng tao ang simbahan sa Obando lalo higit sa buwan ng Mayo kung saan inilalapit nila ang kanilang mga panalangin sa Mahal na Birhen ng Salambao. Sa libro naman ni Huerta tinalakay si Santa Clara ng Assisi, kung saan kinikilalang pintakasi ng mga gustong magkaanak at tinalakay rin ang ritwal ng paggamit at pagtapat ng kanyang crozier sa tiyan ng mga manganganak. Hindi natalakay ni Huerta ang Mahal na Birhen ng Salambao kung saan siya pinipintakasi ngunit malinaw na tinukoy niya na milagroso ito. Hindi nakita o natalakay sa mga nailathalang dokumento ang San Pascual Baylon bilang patron at sa pagiging patron ng Mahal na Birhen ng Salambao. Wala ring pagtalakay sa fertility dance (Orozco at Demeterio 2023, pp. 342-344).

Naipakita naman sa huling bahagi ng ika-19 na siglo, sa libro nina Fernandez at Jerez, tinukoy nila na patron si San Pascual Baylon ng mga may sakit upang gumaling at isinasagawa sa pamamagitan ng pagsasayaw sa kalsada, sa loob at labas ng simbahan, tuwing pista sa Obando. Ganito rin ang sinabi ni Vidal sa kanyang mga koleksyon ng maikling kuwento na may pamagat na Enriqueta, na patron ng may sakit na nais gumaling si San Pascual Baylon, at proteksyon din sa anumang uri ng sakit, isinasagawa rin ang ritwal ng pagsasayaw habang hinahawakan ang bahagi ng kanilang katawan na nais gumaling. Katulad ng isinaad ni Vidal, ganoon din ang sinasabi ni Moya sa kanyang libro. Tinukoy rin ni Rizal na patron ng nais magkaanak na lalaki si San Pascual Baylon, at ang Mahal na Birhen ng Salambao at Santa Clara naman ay sa mga nais magkaroon ng anak na babae. Taliwas naman ang nakita sa libro ni Ruiz, tinukoy niya si San Pascual Baylon bilang patron ng nais magkaroon ng kasintahan, o sa mga biyuda na nais uli magkaroon ng bagong asawa, sa mga gustong magkaanak, at sa anumang mga kahilingan ng magandang pangyayari. Katulad din ng nabanggit kanina, isinasagawa ang ritwal ng pagsasayaw, ngunit kung ang hiling ay magkaroon ng anak, dapat siyang magpapahid ng langis sa kanyang tiyan mula sa lampara ng ilawan ni San Pascual Baylon. Hindi nabanggit ang anyo ng ritwal na sayaw. Wala ni isa mang dokumento ang nagpapakita na ito ay hango sa fandango. Inilarawan na ang sayaw ay mula sa pakilos ng pag-indayog at pagtalon (Orozco at Demeterio 2023, pp. 344-346).

Sa simula ng ika-20 siglo, nakita sa musical sheet ni Metzger na simpleng areglo ito ng tradisyunal na Obando folk song ugnay sa imahen ni Santa Clara. Sa folk song na ito, ang dance ritual ay sinasabing pandanggo, isang Philippine adaptation ng Spanish fandango. Sa artikulo naman ni Lyon, tinukoy ang mga patron ng Obando sa mga gustong magkaroon ng

anak kaya ang pista rito ay nakakaakit ng mga taga-Maynila, ngunit hindi tinukoy kung sinong santo/santa ito iniuugnay. Inulit din niya ang tinukoy ni Huerta tungkol kay Santa Clara ugnay sa mga nahihirapang manganak, ngunit hindi tinukoy ang paggamit ng crozier o baculo. Isa pa, binanggit din ang pagiging patron ng Mahal na Birhen ng Salambao sa mga nais magkaanak, na katulad ng binanggit sa mga nauna, sa pamamagitan ng pagsasayaw. Sa artikulo naman ni Garcia, tinukoy muli si San Pascual Baylon bilang patron ng mga maysakit at nais gumaling at sa mga hindi magkaanak, sa pamamagitan muli ng pagsasayaw. Ganito rin ang tinukoy ni Bañas sa kanyang libro ngunit hindi malinaw na tinukoy kung sinong santo/santa ito iniuugnay, binanggit din niya ang tungkol sa mga nais magkaroon ng asawa (Orozco at Demeterio 2023, pp. 346-348).

Sa huli, hanggang kalagitnaan ng ika-20 siglo naman, sa tala nina Guevarra, tinukoy muli si Santa Clara ng Assisi para sa mga nahihirapang magbuntis at manganak, katulad ng talakay ni Huerta, ngunit hindi nabanggit ang paggamit ng crozier. Sa artikulo ni Jocano tinalakay ang tatlong imahen: Si San Pascual Baylon para sa mga lalaking nais magkaroon ng kasintahan o asawa, ang Mahal na Birhen ng Salambao sa mga nais magkaroon ng anak, at si Santa Clara ng Assisi para naman sa mga kababaihan na nais magkaroon ng kasintahan o asawa. Tinalakay rin dito na hindi pandango ang dance ritual ng Obando kundi formless ng *swaying*, *skipping* at *jumping* lamang. Panghuli, sa artikulo ni Pottier, iba naman ang sinasabi tungkol kay San Pascual Baylon, iniugnay naman siya sa mga kalabaw o water buffalo at goat herders, si Santa Clara ng Assisi para sa mga nais magkaroon ng anak, ang Mahal na Birhen ng Salambao naman ay inugnay sa mga mangingisda upang maging mabiyaya ang kanilang huli, at iniugnay rin sa mga magsasaka (Orozco at Demeterio 2023, pp. 348-350).

Sa pagtatapos ng kanilang papel, nasuri na ang Obando fertility dance ay posibleng hindi produkto ng Kristiyanismo ng mga Pilipino na mula o bersyon ng isang ritwal ng mga Tagalog bago pa man dumating ang mga Espanyol. Ito ay maaaring nagmula sa pagsasayaw na ugnay kay San Pascual Baylon, na pinaniniwalaang sa fandango nagbuhat, at ang fandango sa Espanya ay kinikilalang fertility dance.

RESULTA NG PAG-AARAL

Mula sa mga natuklasan sa pag-aaral nina Orozco at Demeterio, tinangkang sipatin sa papel na ito ang pinagmulan ng Obando Fertility sa pamamagitan ng salaysay ng matatandang Obandenyo edad 60-90 na taon. Batay sa pakikipanayam at pakikipagkuwentuhan sa kanila, narito ang mga naitalang salaysay:

1. Ang kronolohikal na tala ng mga Patron sa Obando at ang aktwal na ritwal na isinasagawa para kina San Pascual Baylon, Santa Clara ng Assisi at Mahal na Birhen ng Salambao

Si Santa Clara ang nauna sa Obando ngunit hindi mismo sa simbahan, may maliit na bisita para sa kanya. May stone chapel para kay Sta. Clara sa barangay ng Catanghalan. Ang

Catanghalan ay galing sa salitang Tanghalan, ibig sabihin ay Moro-moro. Nang ang simbahan ay mabuo, hinirang si San Pascual Baylon bilang patron at nang lumaon ay kinilalang ina ng Obando ang Mahal na Birhen ng Salambao. Ika-29 ng Abril, 1754 noong nagkaroon ng Town Church ang Obando sa pamamagitan ni Fr. Manuel de Jesus Maria de Olivencia (Personal na panayam kay Gng. Bondoc Nobyembre 12, 2024).

Lahat sa walong nakapanayam ay laging dumadalo lalo higit tuwing sasapit ang kapistahan ng tatlong patron, tinukoy nila na walang palya ang kanilang pagdedeboto at pamamanata. Batay sa kanilang salaysay, ang Mahal na Birhen ay nalambat at gustong dalhin sa Malabon ngunit sa Obando ito napunta. May kuwento rin na nagpasalin-salin tungkol kay San Pascual Baylon. Ayon kay Gng. Ramos, *“may nagpapagawa noon ng bahay, nagpapadala raw ng pawid at noong ito ay dinala sa bahay nagulat ang taong nag-deliver at sinabing ang umorder ng pawid ay kamukhang-kamukha ng San Pascual Baylon”*. May ganito ring kuwento si Gng. Domingo na nagtitinda raw ng pawid ang San Pascual Baylon at nag-iimbita sa mga tao na dumayo sa kanilang kapistahan. At kapag ang mga taong inimbitahan ay nagtungo sa pista nagugulat ang mga taong ito na ang nag-imbata sa kanila ay kamukhang-kamukha ng santo. May katulad ding salaysay tungkol kay Santa Clara ng Assisi sina Gng. Domingo at Gng. Ramos na *“noong araw daw may isang babae na nagtitinda ng isda sa Hagonoy at Bocaue at nag-iimbita na dumayo sa kapistahan. Kapag pumunta ang mga tao ay magtataka sila na kamukha ng Santa Clara ang taong nag-imbata sa kanila na mamiyesta”*.

Katulad ng nabanggit sa pananaliksik nina Orozco at Demeterio, ang pamamanata sa tatlong patron ay sinasaliwan ng pagsasayaw upang lubos na maisakatupran ang anumang hiling. Batay sa mga panayam, ang mga naisalaysay na naaalalang kuwento tungkol sa mga patron at ritwal ay: (a) nagpapagoda dati at sayaw ng Santa Clara ito pati ang tugtog; (b) may nobenaryo; (c) ang Santa Clara ay para talaga sa gustong magkaanak; (d) nagsasayaw ang mga namamanata sa tatlong patron; at (e) bilang miyembro ng BISIG, namamanata sa San Pascual Baylon at dumadayo kung saan-saan.

Batay sa kanilang karanasan at obserbasyon, marami ang dumadayo tuwing pista ng tatlong santo na nanggagaling pa sa iba’t ibang lugar pati pa sa ibang bansa. Ayon nga kay Gng. Ramos,

ang iba, magulang nila mismo ang sumasayaw para sa kanila dala-dala ang larawan ng kanilang mga anak na nasa ibang bansa. Tatlong araw na may prusisyon ito at umiindak sa labas ng simbahan. Lumalakas ang katawan ko kapag sumasayaw rito at laging pinagdadasal ang kalakasan ng katawan para makasama sa prusisyon at pagsasayaw. (Personal na panayam kay Gng. Contreras, Nobyembre 19, 2023)

May pagdalaw rin na nagaganap sa mga karatig lugar. Ang mga namamanata kay San Pascual Baylon ay ang mga gustong magkaroon ng partner. *“Pinakarami ang nagbibigay ng patotoo kay Santa Clara na gustong magkaroon ng anak”* (Personal na panayam kay Gng. Bondoc). Kadalasan ay nilalapit ang kahilingan ng mga mangingisda at kabuhayan sa Mahal na

Birhen. Nabanggit din nila ang iba pang kahilingan sa tatlong patron gaya ng pagkakaroon nang malakas na pangangatawan at pagpapagaling sa may sakit. Bukod sa mga kahilingan, nariyan din ang pagpupuri, pasasalamat at paghingi ng tawad sa Panginoon. Lahat ng mga kahilingan ay pagsasayaw ang ritwal na isinasagawa. Ngunit wala sa kanila ang nakapagbanggit ng paggamit ng crozier ng Santa Clara at ng pagpapahid ng langis sa tiyan mula sa lampara ng ilawan ni San Pascual Baylon gaya ng naitala nina Orozco at Demeterio.

2. Mga pagbabago sa mga imahen at ritwal na kaugnay ng kapistahan sa Obando, Bulacan tuwing Mayo

Ang ritwal batay sa kanilang mga salaysay, katulad pa rin ito ng dati at lahat ay sa pamamagitan ng pagsasayaw isinasagawa. Nagkaroon ng pagbabago sa mismong anyo ng sayaw, nagkaroon ito ng pormal na *steps*. *“Sa mismong simbahan, nagkaroon lamang ng pagbabagong pisikal katulad ng kulay ng pintura”* (Personal na panayam kay G. Manuel, Nobyembre 19, 2023). Gayundin, *“ang mismong simbahan ay bumaba dahil malaki na ang itinaas ng tambak”* (Personal na panayam kay G. Avendano, Nobyembre 12, 2023). *“Nasira rin ang simbahan noon at muli itong ipinagawa”* (Personal na panayam kay Gng. Coronel, Nobyembre 19, 2023). *“Nilulubog at binabaha ang mismong simbahan kaya mapapansin na ang pinto sa entrada ay mababa na. Mula rin sa pagiging Diocese ay National Shrine na ito ngayon”* (Personal na panayam kay Gng. Bondoc, Nobyembre 12, 2023).

Kung sa paligid naman nito, *“ang iskwelahan, noong 1957 nagsama na ang babae at lalaki, dati itong magkahiwalay”* (Personal na panayam kay G. Avendano, Nobyembre 12, 2023).

Sa pakikipanayam din kay Gng. Bondoc, natuklasan ang isang dokumento na nagpapatunay sa kwento kung paano nakarating sa bayan ng Obando ang Mahal na Birhen ng Salambao. Sa tala ng kasaysayan ng Obando, ang Nuestra Señora De La Inmaculada Concepcion De Salambao ay nakuha ng magkapatid na Juan at Julian Dela Cruz. Noong madaling araw ng ika-19 ng Hunyo, 1763, habang sila ay nangingisda sa katubigan ng Hulingdoon (bahagi ng Malabon ngayon), sumabit sa kanilang lambat ang isang imahen ng Birheng Maria. Gamit nila ang lambat na tinatawag na salambaw, isang malaking panghuli ng isda na kadalasan ay ikinakabit sa kawayang balsa. Nang ito raw ay subukan ng mga mangingisda na dalhin ang imahen sa Navotas at Malabon, bumigat at naging mahirap daw isagwan ang kanilang bangka. Ngunit nang pagpasyahan nilang iuwi ito sa Obando, biglang gumaan ang bangka. Dinala nila ang imaheng ito sa kura paroko ng simbahan ng Obando makalipas ng dalawang araw, kung saan kinilala ito bilang isang imahen ng Inmaculada Concepcion. Mula noon, ang Nuestra Señora dela Inmaculada Concepcion de Salambao ay naging patron ng Obando. Sa ganitong kuwento nagpasalin-salin sa bibig ang pagkakakuha sa Mahal na Birhen na katulad ng mga naitala nina Orozco at Demeterio. Ngunit, sa tala mismo

ng Parokya, may isang dokumentong nagpapatunay sa kung paano ito talaga napunta sa Obando. Ang talang ito ay makikita rin sa mismong museo ng parokya.

Noong ika-19 ng Hunio, 1763, humigit kumulang sa ikaanim ng umaga, ang magkapatid na Julian de la Cruz (20 taon) at Juan de la Cruz (18 taon), na mga taga-Malabon, kasama ang kanilang katulong na si Diego de la Cruz (50 taon) na taga-Obando ay nangingisda sa sapang munti na ang tawag ay Holingdoong, sa pook ng Binuangan kanayon ng Bayang Tambobong na nasasakop ng Bulacan.

Sapagkat malakas ang hangin at lumalaki ang tubig, sila ay kailangang magkalag ng salambao. Nang kanilang tanggalin ang naturang lambat, siyang pagkakita nila sa larawan (imahen) ng Mahal na Birhen ng NUESTRA SEÑORA DE LA CONCEPCION. Ang piaña (paanan) nito ay nakasabit sa dakong labas ng lambat.

Ang imahen ay kanilang dinala sa bahay ni Diego. Pagkalipas ng dalawang araw, ito ay kinuha ng Padre Guardian sa Bayan ng Obando na si Padre Fray Jose Martinez de la Hinojosa at inilagay sa altar ng simbahan ng mahal na Poong San Pascual Baylon. Ang Birhen ay tinawag na Milagrosa Ymahen de Nuestra Señora de la Concepcion o de Sarambao.

(Ang mga dokumentong nagpapatunay sa kasaysayan ng pagkakuha sa Mahal na Imahen ng Nuestra Señora de la Concepcion o de Sarambao ay ang mga salaysay nina Diego de la Cruz, Julian de la Cruz at Juan de la Cruz na sinumpaan nila noong ika-20 ng Pebrero, 1764, Coronacion Solemne ng Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao, 2004).

Sadyang may pagkakaiba ang kuwentong nagpasalin-salin sa mga taga-Obando sa dokumentong nagsasalaysay kung paano talaga ito nakuha nina Diego, Juan at Julian de la Cruz. Gayunpaman, ang hindi nito mababago ay ang pangyayari na ang Mahal na Birhen na ito ay sadyang para sa Obando, Bulacan.

Mga mahahalagang pangyayaring naganap sa simbahan ng Obando

Sa bahaging ito naman makikita ang ilang mahahalagang talang ibinahagi ni Gng. Bondoc, ang mismong archivist at museologist ng National Shrine of Our Lady of Salambao na naganap sa nasabing simbahan (Panayam at mensahe sa email, Nobyembre 18, 2023).

Noong ika-29 ng Abril, 1754, ipinatayo ng mga pransiskanong pari sa pangunguna ni Reb. P. Manuel de Jesus Maria de Olivencia, bilang unang kura ang simbahan ng Obando. Mayroon ding *stone chapel* para kay Santa Clara na matatagpuan naman sa barangay ng Catañgalan na itinuring na “interim church”. Sumunod na buwan, ika-13 ng Mayo hinirang na “*Ministro de la Doctrina*” (Parish Priest) at “*Guardian*” ng bayan ng Obando si Fr. Francisco Migenes. Tinawag namang “*Iglesia de San Pasqual Baylon del Pueblo de Ovando*” ang simbahan noong Mayo 20. Ginanap naman noong ika-31 ng Mayo ang kauna-unahang “Holy

Sacrifice of the Mass”. Sumunod na buwan, ika-1 ng Hunyo, ginanap ang unang solemn mass at pagbibinyag. Sumunod na araw, ika-2 ng Hunyo ay isinagawa naman ang kauna-unahang kasal na pinangunahan ni Fr. Francisco Migenes. Ika-2 ng Setyembre ang banal na sakramento ay nailagay sa altar ng simbahan.

Noong ika-19 ng Hunyo taong 1763, ang milagrosang imahen ng *Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao* ay natagpuan sa ilog ng Binuangan at Tambobong at makalipas ang dalawang araw, ito ay inilagak sa altar ng Obando sa tulong ni Fr. Jose Martinez de la Hinoj.

Nasira ang simbahan nang dahil sa giyera taong 1945 at nagkaroon ng rekonstruksyon sa pangunguna ni Rev. Fr. Marcos Punzal noon lamang taong 1947. Nagkaroon ng inagurasyon ng simbahan at pagbabasbas sa pangunguna ni Rev. Fr. Rome Fernandez sa taong 1981. Nagkaroon naman ng historical marker sa façade ng simbahan sa pangunguna ng National Historical Institute noong ika-28 ng Abril, 1984.

Naisama ng Department of Tourism ang simbahan ng Obando sa kanilang mga aktibidad bilang isa sa mahahalagang lugar sa Bulacan na maaaring bisitahin ng mga lokal at dayuhang turista sa selebrasyon ng Philippine Centennial noong 1998. Sa pagdiriwang naman ng 2000 Jubilee Year ng simbahang Katoliko, ang simbahan ng Obando ay isa sa limang simbahan sa ilalim ng Diocese ng Malolos na idineklarang “pilgrim church”. Mula sa taong ito, naging sunod-sunod ang mga pangyayari alinsunod sa layon at pangarap ng mga taga-Obando para sa simbahan. Katulad ng:

2002

Muling isinaayos ang simbahan upang makaiwas sa anumang pinsala ng baha at high tide sa pangunguna ni Rev. Fr. Danilo G. de los Reyes.

2004

Noong ika-29 ng Abril ay ipinagdiwang ang 250th Year Foundation Anniversary ng simbahan ng Obando. Inilibot sa iba’t ibang bahagi ng Bulacan ang tatlong patron. Bilang pagkilala sa kaparian at mga madre na mga naninirahan at lumaki sa Obando ay nagkaroon naman ng tinatawag na “Festival of Religious” noong ika-29 ng Mayo. Ang Solemn Coronation ng *Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao* ay ginanap naman noong Disyembre 12.

2005

Nagkaroon ng Pastoral Planning Workshop noong ika-11 hanggang 12 ng Marso at binigyang-pansin ang pagbuo ng bisyon at misyon ng parokya. Sinimulan din sa taong ito ang pagkalap at pagsasaayos ng mga dokumento na kakailanganin upang maging National Shrine.

2006

Naisagawa ang pagbabasbas at inagurasyon ng museo ng simbahan noong ika-15 ng Mayo. Sa pamamagitan ng Parish Pastoral Council Resolution No. 2006 – 01, inilapit kay Most Rev. Jose F. Oliveros, DD, Obispo ng Malolos na ideklara ang simbahan ng Obando, ang Parish of San Pascual Baylon, Obando, Bulacan bilang isang Diocesan Shrine bilang pagkilala sa tatlong patron- San Pascual Baylon, Santa Clara ng Assisi at Nuestra Señora de Salambao noong ika-4 ng Hunyo. Noong Disyembre ng taong ito ay idineklara ang simbahan ng Obando bilang isang Diocesan Shrine. Tinawag ang simbahan bilang *Diocesan Shrine of Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao*.

2007

Isinagawa noong ika-1 ng Disyembre ang Solemn Consecration of the Altar, Dedication of the Church to God at ang opisyal na proklamasyon ng *Diocesan Shrine ng Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao* sa pangunguna ni Most Rev. Jose F. Oliveros, DD, obispo ng Malolos.

2009

Nagkaroon ng Ground-breaking ceremony sa pagtatayo ng *Santuario de Nuestra Señora de Salambao* noong ika-19 ng Abril.

2010

Noong ika-8 ng Setyembre, kinumpirma ni Fr. Cayetano Sanchez, OFM ng *Archivo Franciscano Ibero Oriental* sa Madrid, Spain na ang lumang manuskrito ng kasaysayan ng Obando at ang dokumento sa pagkakakuha sa imahen ng *Nstra. Sra. de la Concepcion or Salambao* ay nasa kanilang pangangalaga. Sa katulad din na buwan ng taong ito, inorganisa ang *Kapatiran ng Nstra. Sra. de Salambao*. Ang *Kapatiran*, kasama ang Parish Pastoral Council, ang nangunguna sa pamamahala ng mga kakailanganing dokumento sa paglahok ng imahen ng *NSICdSalambao* tuwing magkakaroon ng Annual Grand Marian Procession sa Intramuros, Manila at sa taunang paglahok sa Pista ng Krus sa Ilog. Noong ika-12 ng Disyembre ay binasbasan at nagkaroon ng inagurasyon ng *Santuario de Nuestra Señora de Salambao* sa pangunguna ni Most Rev. Bishop Rolando Tria Tirona, DD, Obispo ng Quezon.

2011

Pinangunahan ang adbokasiya laban sa konstruksyon ng Obando Sanitary Landfill, nasasakupan ng barangay ng Salambao kung saan natagpuan ang imahen ng *NSICdSalambao* sa pamamagitan ng mga miyembro ng mga samahan ng simbahan, sinuportahan ni Most Rev. Bishop Jose F. Oliveros, D.D. kasama ang mga kaparian at Diocesan Commission on Social Action at ng Diocesan Environmental and Ecological Program (DEEP) noong Hunyo. Buwan ng Oktubre ay nagsagawa naman ng pagtitipon, misa, community prayers, motorcades upang hindi matuloy ang landfill sa barangay ng Salambao.

2012

Noong ika-11 ng Marso, binuksan ang Jubilee door ng simbahan bilang bahagi ng selebrasyon ng 50th Year Anniversary ng Diocese ng Malolos, sa pangunguna ni Rev. Fr. Albert Suatengco, Rev. Fr. Avelino A. Sampana, at Rev. Fr. Irvin I. Hizon. Sa pagsapit naman ng ika-19 ng Hunyo hanggang sumunod na taon ng Hunyo 19, ginunita at ipinagdiwang ang 250th Year sa pagkakakuha ng imahen ng *NS/CdSalambao*. Nagkaroon ng Mariology, healing mass at prusisyon tuwing sasapit ang araw ng 19 sa bawat buwan. Nagkaroon din *Paglalakbay* ng imahen sa iba't ibang lugar ng Bulacan. Nagsagawa rin ng fluvial parade, concelebrated mass at grand motorcade sa buong taong selebrasyon.

2016

Nagkaroon ng audio-visual materials sa *Katesismo ng Sayaw sa Obando*, *Sayaw kay Santa Clara* at *Sayaw sa Mahal na Birhen ng Salambao*.

2019

Binalangkas ang PPC Resolution para sa deklarasyon ng Diocesan Shrine of *Nstra. Sra. Inmaculada Concepcion de Salambao* bilang National Shrine at ang Canonical Coronation ng miraculous image ng *Nstra. Sra. Inmaculada Concepcion de Salambao* noong ika-1 ng Setyembre. Iminungkahi rin ang Statutes of the National Shrine of *Nsta. Sra. Inmaculada Conception de Salambao*. Nagkaroon ng PPC Execom Meeting noong ika-15 ng Setyembre kasama si Bro. Kendrick Ivan Panganiban para sa paghahanda at pagpapasa ng mga dokumento para sa aplikasyon ng National Shrine at Canonical Coronation. Naipasa ang mga nasabing dokumento noong ika-18 ng Nobyembre sa Opisina ng Mahal na Obispo ng Malolos.

2021

Idineklara ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) noong ika-27 ng Enero na ang simbahan ng Obando ay maging National Shrine, ikaapat sa ilalim ng Diocese ng Malolos at ika-27 sa buong bansa.

2022

Ika-25 ng Marso ng magkaroon ng Solemn Declaration ng National Shrine of *Nstra Sra. de la Inmaculada Concepcion de Salambao* sa pangunguna ng Lubhang Kagalang-galang na Jose F. Advincula, D.D., Arsobispo ng Maynila.

Mula sa mga talang ito, masasabing tuloy-tuloy ang paglaganap ng pananampalataya simula ng magkaroon ng parokya sa Obando sa ika-17 siglo. Nagkaroon din ng samot-saring pagdiriwang gaya ng misa, pagbibinyag at kasal. Ngunit nang sumunod na siglo, mapapansin na walang gaanong naitalang mahahalagang pangyayari na naidokumento o naitabi ang

bayan. Ang naitala lamang ay sa kung paano natagpuan at nakarating ang Mahal na Birhen ng Salambao sa Obando, Bulacan. Maaaring bunsod ito ng pagbabago sa pamamahala, bagong pananakop, mga kalamidad gaya ng malawakang pagbaha at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ngunit magkagayunman, makikita ang pagsulong ng pananampalataya ng mga taga-Obando mula ika-20 hanggang sa kasalukuyan na maisakatuparan nilang hirangin na National Shrine.

3. Pagsisimula ng ritwal na sayaw sa Obando, Bulacan at anyo nito

Lahat ng nakapanayam ay nakamulatan at nakagisnan na ang pagsasayaw sa Obando mula noong bata pa sila. May mga pagkakataon din na nahinto ang pagdiriwang at pagsasagawa ng ritwal nang dahil sa pandemya.

Ang pagdadasal ay sisimulan sa pagpuri sa Panginoon, paghingi ng tawad, pasasalamat at kahilingan. Tuwing sumasayaw ay binibigkas din ang mga kahilingan.

Sa panayam at pakikipagkuwentuhan ng mananaliksik sa mga matatandang Obandenyo, noong binanggit ang salitang kasilonawan, apat sa kanila ang sumagot na sila ay hindi pamilyar, isa ang sumagot ng hindi sigurado at hindi matandaan. Batay kay G. Avendano, ang salitang ito ay *“nagmula sa Laguna at hindi sa Obando o Bulacan, ito ay sayaw ng Laguna”*. Ayon naman kay Gng. Bondoc, ang kahulugan ng Kasilonawan ay *“dating uri ng kasiyahan at lasingan”* kaya noong bumuo ng executive committee ang kasalukuyang Mayor ng Obando at tinawag na Kasilonawan Festival ay hindi sila pumayag. Dahil nangangahulugan ito ng pagdiriwang na may lasingan na hindi akma sa pamamanata. Kaya sumulat sila at sinabi na dapat tawagin ang Obando Fertility Dance na *“Sayaw Panalangin”*, at noong taong 2022 ito nagsimula.

May kuwento rin si G. Avendano na ang tawag dito ay *“Mga Namamanata/Mga Deboto ng Santa Clara, Salambao at Baylon”*, hindi Obando Fertility Dance. Aniya, naging ganito na lamang ang tawag noong nagkaroon ng aktibidad ang Tourism Office.

Samantala, anim sa kanila ang tumugon na ang Obando Fertility Dance ay nagmula sa pandanggo. Dagdag pa niya, ang pangalang baile ni San Pascual ay nangangahulugang sayaw. Sa mga nakapanayam, isa lamang ang sumagot na ito ay hindi pandanggo sapagkat ayon sa kanya, panata na talaga ito sa tatlong patron.

Anim din sa kanila ang nagsabing ang Obando Fertility Dance ay nagsimula nang dumating ang mga Kastila at noong dumating ang mga patron. Isa lamang ang nagsabing hindi siya sigurado dahil maaaring baka mula ito sa mga ninuno. Ganito rin ang salaysay ng isa pa, na maaari na mula ito sa mga ninuno pa natin dahil may mga Babaylan tayo noon na sinasamba ay mga anito at isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagsasayaw. Aniya, *“walang nakasulat na ganito sa mga dokumento pero maaari ang sayaw ay naging Christianized”*.

Sa kasalukuyan, mayroon na itong pormal na anyo ng hakbang at galaw ng mga paa at kamay sa tuwing isinasayaw ang ritwal para sa tatlong santo, ito ay sa pangunguna ni Gng. Mercedes R. Domingo. Ayon sa dating guro na si Gng. Domingo o mas kilala sa tawag na Sister Ched, ang Sayaw Obando ay isang madamdamin at sinaunang sayaw sa tiyempong balse. Ito ay isinasayaw lalo kung sasapit ang pista ng Obando na dinarayo ng mga deboto lalo na ng mga gustong magkaanak. Ang awit na Santang Clarang Pinung-pino ay awiting tinutugtog habang sumasayaw kasabay ng mataimtim na panalanging hinihiling. Ang bawat kumpas ng kamay pataas at pababa, paghimas sa sinapupunan ay may kahulugan. May awit at musika na ring sinasabayan para kina San Pascual Baylon at Mahal na Birhen ng Salambao.

Mahigpit ang bilin ni Sister Ched sa kasuotan kapag ito ay isinasayaw. Ang mga babae ay dapat nakasuot ng sinaunang balintawak, tapis at panuelo na nakasampay sa balikat o nakasalalay sa batok at ang sapin sa paa ay cocho o bakya. Ang mga lalaki naman ay nakasuot ng Camisa de chino, kundimang salawal o ibang kulay at sa paa ay nakasuot ng tsinelas na buo o sarado ang dulo. Ang bilang ng mga bawat kumpas ay isa-dalawa-tatlo at ang kaayusan ay dalawang hanay kung sa prusisyon at malayang pag-aayos kung sa tanghalan. (Personal na panayam kay Gng. Mercedes, Nobyembre 12, 2023)

Ang ganitong pagsasayaw ay patuloy na isinasagawa hanggang sa pumasok sa simbahan. Umiindayog ang mga deboto sa himig ng Santa Clara Pinung-pino sa saliw ng musikong bumbong tuwing kapistahan ng Obando.

Sa kasalukuyan dahil sa ang simbahan ng Obando ay isa na ngayong National Shrine, ang pagsasayaw ay tuwinang isinasagawa na matapos ang banal na misa sa araw ng Linggo, alas otso ng umaga. Matapos ang misa ng alas otso ng umaga ay pumupunta sa harapan ang mga deboto upang makiisa sa pagsasayaw. Sisimulan ito ng pagbabasbas ng pari, oryentasyon sa kung paano isinasagawa ang sayaw at saka pa lamang mismo ang pagsasayaw ng mga debotong nagmula sa loob at labas ng bayan ng Obando. Ang unang awit at sayaw ay para sa Santa Clara ng Assisi, susundan ng para sa San Pascual Baylon at panghuli ay para sa Mahal na Birhen ng Salambao.

KONGKLUSYON

Bilang pagtatapos, nasuri sa pananaliksik na ito na nagtutugma ang kaisipan nina Orozco at Demeterio sa mga kasaysayang pasalita na ibinahagi ng walong matatandang Obandenyo. Ang Obando fertility dance ay maaaring hindi produkto ng Kristiyanismo na mula sa bersyon ng isang ritwal ng mga Tagalog bago pa man dumating ang mga Espanyol. Ito ay posibleng nagsimula nang dumating ang mga Kastila at noong dumating ang mga patron. Wala ring nakita mismo ang mga nakapanayam o natatandaang nakasulat na mga dokumento na ito ay bago pa dumating ang mga Kastila na ang sayaw ay naging Christianized lamang. Kung pag-uusapan ang salitang Kasilonawan, mayorya sa kanila ang hindi pamilyar sa salitang ito.

May nagtukoy na ang salitang ito ay nagmula sa Laguna, at ito ay sayaw ng Laguna. Isa naman ang nagtukoy na ang kahulugan ng Kasilonawan ay “dating uri ng kasiyahan at lasingan” kaya hindi rin sila pumabor na tawagin itong Kasilonawan Festival. Dahil nangangahulugan ito ng pagdiriwang na may lasingan na hindi akma sa pamamanata at nararapat na tawagin ang Obando Fertility Dance na “Sayaw Panalangin”. Anim sa walong nakapanayam ang tumugon na ang Obando Fertility Dance ay nagmula sa pandanggo. Sa kasalukuyan, ang sayaw ng pamamanata sa tatlong patron ay mayroon nang pormal na anyo ng hakbang at galaw ng mga paa at kamay sa tuwing isinasayaw ang ritwal para sa tatlong santo. Sa patuloy na pagdami ng deboto mula sa loob at labas ng bayan, tunay na nagpapakita ito ng matatag na pananampalataya ng mga tao at ang pagsasayaw sa Obando kasabay ng mga kahilingan at pasasalamat ay tanda rin ng mga panalanging tinutugon ng Panginoon sa pamamagitan ng pamimintuho sa tatlong patron ng Obando, lalo na sa pagkakaroon ng anak.

Sa kabuoan, ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay isang pagtatangka na sipatin ang pinagmulan ng Obando Fertility Dance sa pamamagitan ng isang preliminaryong pagtalunton sa kasaysayan ng pinagmulan nito mula sa isang partikular na perspektiba ng matatandang Obandenyo, kaya masasabing ito ay hindi komprehensibo at pinal kundi may limitasyon ang kasaysayang naihandog ng papel. Katulad ng natuklasan nina Orozco at Demeterio, ito ay isang alternatibong haka na bukas sa rebisyon. Hindi pangkumpirma ng *historical accuracy* ng pag-aaral nina Orozco at Demeterio ang kasaysayang pasalita ng matatandang Obandenyo sapagkat hindi sila *eyewitnesses* sa pagsisimula ng fertility dance, kundi, ito ay pansuporta sa alternatibong haka nina Orozco at Demeterio. Kaya iminumungkahi na magkaroon pa nang mga kasunod na pag-aaral kaugnay nito at magkaroon nang mas malawak na sakop at mas maraming panayam sa buong Obando, Bulacan.

SANGGUNIAN

- Bondoc, M. T. (2023, November 18). *Significant facts and events: National Shrine of Our Lady of Salambao - Parish of San Pascual Baylon* (pp. 1–6).
- Delos Reyes, R., & De Guzman, E. (2005). *Obando: Alamat ng isang sayaw*.
<https://obando81.angelfire.com/tg/obando.pdf>
- Demeterio, F. P., III, & Orozco, N. M. (2023). The sacred images, patronages, and rituals of Obando Church, Bulacan, Philippines: A historical investigation. *Philippiniana Sacra*, 58(176), 323–358. <https://doi.org/10.55997/2004pslviii176a4>
- Domingo, M., Roxas-Wi, C., Santiago, Z., et al. (2006). *Obando, bayang pinagpala! Karapatang ari ng Pamahalaang Bayan ng Obando*.
- Gripaldo, E. (2006). Ang kasaysayan pasalita at ang lokal na kasaysayan. *The Journal of History*, 52(1). <https://ejournals.ph/article.php?id=5302>

Municipal Government of Obando, Bulacan. (n.d.). *History of Obando Bulacan*.

<https://obando.gov.ph/>

National Shrine of Our Lady of Salambao - San Pascual Baylon Parish. (2018, May 11). Si San Pascual Baylon ay ang pangunahing patron ng simbahan at bayan ng Obando. Sa kanyang panalangin inilalapit ang paghingi [Status update]. *Facebook*.

<https://www.facebook.com/>

[photo/?fbid=2001290853223420&set=pcb.2001295619889610](https://www.facebook.com/photo/?fbid=2001290853223420&set=pcb.2001295619889610)

National Shrine of Our Lady of Salambao - San Pascual Baylon Parish. (2018, May 14). Si Santa Clara ang pinakamatandang pintakasi ng bayan ng Obando. Sa kanyang panalangin inilalapit ang paghingi ng anak na babae [Status update]. *Facebook*.

<https://www.facebook.com/>

[photo/?fbid=2001326576553181&set=pcb.2001328676552971](https://www.facebook.com/photo/?fbid=2001326576553181&set=pcb.2001328676552971)

National Shrine of Our Lady of Salambao - San Pascual Baylon Parish. (2018, May 16). Ang Mahal na Birheng Maria, sa kanyang pangalang Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao, ay ang ikatlong pintakasi ng Obando [Status update]. *Facebook*.

<https://www.facebook.com/>

[photo/?fbid=2006803909338781&set=pcb.2006805286005310](https://www.facebook.com/photo/?fbid=2006803909338781&set=pcb.2006805286005310)

Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao. (2004, December 12). *Coronacion Solemne ng Nuestra Señora Inmaculada Concepcion de Salambao: Taon ng Ekaristiya, taon ni Maria*. Eres Printing Corporation.

Panganiban, J. V. (1972). *Kasilinawan*. In *Diksyunaryo Tesauro Pilipino-Ingles*. Manlapaz Publishing Co.

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Tubong Malolos, Bulacan si Jennifer C. Delfin. Nagtapos siya ng Bachelor of Secondary Education, medyor sa Filipino, at Master of Arts in Education, medyor sa Filipino, sa Bulacan State University (BuSU). Nagsilbi siya bilang Alumni Coordinator ng College of Arts and Letters (CAL) at naging Head ng Local Student Policy Development ng nasabing unibersidad.

Noong 2023, kinilala siya bilang isa sa mga nagkamit ng Pinakamahusay na Papel-Saliksik sa Suri, Saliksik, Sanay 5: Pambansang Seminar-Worksyap at Kumprehensya sa Pagtuturo ng Filipino at Panitikan na inorganisa ng PSLLF.

Kasalukuyan siyang fakulti ng Departamento ng Wika, Panitikan, at Araling Pilipino ng CAL-BuSU, habang kumukuha ng programang Doktor ng Pilosopiya sa Araling Filipino – Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Ang kaniyang mga interes ay nakatuon sa wika at kultura ng Pilipinas at mga karatig bansa.

Para Lang po sa Tabi: Maka-Pilipinong Katangian ng Lalabintaunin sa Pagbubuo ng Kápwa sa Kapwa Pasahero ng Dyip

Eldrin Jan D. Cabilin^{1,*}, Aurora S. Buquir^{2,**}

¹Far Eastern University / De La Salle University

²De La Salle Lipa / De La Salle University

*ecabilin@feu.edu.ph / eldrin_jan_cabilin@dlsu.edu.ph

**aurora.buquir@dlsu.edu.ph / aurora_s_buquir@dlsu.edu.ph

ABSTRAK

Tinaguriang “hari ng kalsada” ang dyip. Makulay, maburloloy, at magarbo ang karaniwang bihis ng haring ito sa mga kalsada sa bansa. Isa itong hindi pansining bahagi ng ating lipunan na may bitbit na mahalagang pagkilala sa ating pagka-Pilipino. Sa dyip ay lutang ang pag-uugaling pakikipagkapwa na itinuturing na sentro o pinakamahalaga sa mga pagpapahalaga ng mga Pilipino ayon kay Virgilio Enriquez sa perspektiba ng Sikolohiyang Pilipino. Mula rito ay inalam kung paano nabubuo sa mga pasahero ang konsepto ng kapwa sa kapwa nila pasahero na nakasasalamuha sa araw-araw. Gamit ang inilatag na maka-Pilipinong metodo ni Javier na pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan, nakalap ang mga naratibo ng sampung lalabintaunin na kinasangkapan sa pagsusuri. Ibinatay ang nakalap na naratibo sa Antasan ng Pagtutunguhan ni Enriquez upang malinaw at malalim na ilahad ang pagbubuo sa konsepto ng kapwa. Ang mga maka-Pilipinong katangiang nabuo sa konsepto ng kapwa sa kapwa pasahero sa dyip ng mga lalabintaunin ay ang mga sumusunod: a. bayad po; b. pára po sa tabi; c. tinginan at pakiramdaman; d. kuwentuhan; e. limos at malasakit; at f. punuan at bigayan. Sa kabilang banda, lumabas din ang ilang negatibong maka-Pilipinong katangian ng mga pasahero tulad ng: a. pagwawalang bahala o walang pakialam; b. pagkagalit at pagdadabog; c. tsismisan; d. siksikan at singitan; e. budol; f. lamangan; at g. pakutuban.

Susing Salita: dyip, kápwa, lalabintaunin, maka-Pilipinong katangian, pasahero, Sikolohiyang Pilipino

ABSTRACT

The jeepney is hailed as the “king of the road.” This monarch of the streets is often adorned with vibrant colors, intricate decorations, and an extravagant design. Though an unseen part of our daily lives yet, it carries profound cultural significance symbolizing our Filipino identity. Within the jeepney the Filipino value of pakikipagkapwa is strongly manifested as the heart or most important among our Filipino values according to Virgilio Enriquez from the

perspective of Sikolohiyang Pilipino. This study sought to explore how the concept of kapwa is formed among passengers who interact daily within this shared space. Employing the indigenous Filipino research methods of pagtatanong-tanong and pakikipagkuwentuhan by Javier, narratives were gathered and analyzed from ten lalabintaunin (adolescents). These narratives were interpreted using Enriquez's Antasan ng Pagtutunguhan to provide a clear and in-depth discussion of how the concept of kapwa is developed. The study identified the following positive Filipino traits that emerge from this sense of shared identity among jeepney passengers: a. bayad po; b. pára po sa tabi; c. tinginan at pakiramdaman; d. kuwentuhan; e. limos at malasakit; and f. punuan at bigayan. On the other hand, certain negative Filipino traits among passengers also surfaced such as: a. pagwawalang bahala o walang pakialam; b. pagkagalit at pagdadabog; c. tsismisan; d. siksikan at singitan; e. budol; f. lamangan; and g. pakutuban.

Keywords: jeepney, kápwa, lalabintaunin, Filipino traits, passengers, Filipino Psychology

INTRODUKSYON

Bahagi ng buhay nating mga Pilipino ang dyip. Maaaring buong buhay ng isang pasahero ay gumagamit nito sa pagpasok at sa pag-uwi bilang transportasyon. Sa pagtuntong sa istribo ng dyip ay nakahahalubilo ng bawat isang pasahero ang kapwa niya pasahero. Mayroong simpleng tinginan, pag-abot ng bayad o kaya ay pagpara ng iba para sa kapwa niya pasahero. Hindi natin napapansin subalit mayroong naratibo ang bawat pagsakay ng isang pasahero sa dyip kasama ang kapwa niya pasahero.

Sa dyip ay lutang ang pag-uugaling pakikipagkapwa na itinuturing na sentro o pinakamahalaga sa mga pagpapahalaga ng mga Pilipino sa perspektiba ng Sikolohiyang Pilipino. Pinasinayaan ang larang na ito ni Virgilio Enriquez noong unang bahagi ng 1970 upang isulong ang pag-aaral sa sikolohiyang bunga ng karanasan, kaisipan at oryentasyong Pilipino sa gitna ng kaisipang nalulukubang pananaw na Kanluranin sa bansa (Enriquez, 2015). Idinagdag pa ni Pe-pua at Protacio-Marcelino (2000) na binibigyang tuon nito ang pagbuo ng pambansang kaakuhan at kamalayan, panlipunang pakikiisa, at sikolohiya ng wika at kultura sa pang araw-araw na buhay ng mga Pilipino gaya sa kalusugan, agrikultura, sining, mass midya, relihiyon at iba pa. Samakatuwid, sentro ng larang na ito ang pagpapayaman ng diwa (psyche) ng Pilipino na may pagkiling sa konsepto ng kapwa. Ang kapwa ay ang pagsasama ng “sarili” at “iba” sapagkat mayroong pagkilala ito sa pagbabahagi ng pagkakakilanlan. Kilala man o hindi ay nabubuo ang rekognisyon nito sa kapwa bilang isang tao na kagaya niya (Enriquez, 1986). Ang konsepto ng kapwa ay hindi usaping pansarili lamang, ito rin ay pakikipag-ugnayan at pakikipagdamayan. Ayon kay Dagmang (1996), ang Pinoy kapag may

gustong sabihin ay nagpapadama; kapag may gustong malaman ay nakikiramdam. Sa diskurso naman gamit ang lente ng pilosopiya tungkol sa kapwa, tiningnan ito bilang kaugnay at hindi maaaring ilayo sa higit na pagkaunawa hinggil sa tao (Mabaquiao, 2018). Hinati sa dalawa ang pilosopikal na pagtingin tungkol sa pakikipagkapwa-tao, ang metapisika kung saan ay tiningnan ang kaganapan nito at etika na nakabatay sa kahalagahang pang-etika o kabutihan. Lumabas sa pag-aaral na isang subjek ang kapwa-tao na malaya, may kamalayan at may di-tapos na identidad at hindi isang objek lamang. May pagtrato sa kapwa-tao bilang isang tunguhing sang-ayon sa kung paano dapat tratuhin ang isang kapwa-tao at hindi bilang isang kaparaanan o kasangkapan lamang.

Kung mayroong ituturing na pinakamahalagang elemento sa dyip, ito ay walang iba kung hindi ang tao na pasahero nito. Sa kanya nag-ugat ang dahilan kung bakit nabuo ang dyip at bakit nagkaroon ng iba pang elemento kagaya ng drayber at mga panuntunan sa loob at labas nito. Masasalamang na ang pasahero ay subjek kung saan alam niya ang kanyang patutunguhan at dahilan kung bakit siya sumakay sa dyip. Mayroon siyang direksyon at layuning binubuo habang pinagmamasdan ang mga kaganapan sa loob at labas ng dyip. Bahagi ng direksyon niya ay magpamalas ng etika sa kapwa pasahero at drayber kagaya ng pag-aabot ng pamasaherang, ang magalang na pagsasabi ng “po” at kung papara para bumaba. Isa itong malinaw na pagpamamalas ng pakikipagkapwa-tao.

Sa kabilang banda, isinalaysay ni Javier (2018) kung paanong kakabit sa konsepto ng pakikipagkapwa ang unawa. Bahagi ang unawa sa pagpamamalas ng pasahero sa kapwa nito pasahero sa maraming pagkakataon. Ang pang-unawa ay may pagsasanib ng pakiramdam at pag-iisip (*affective-emotive, cognitive*). Ito ay tumutukoy sa kabuluhan (*relevance*) na malapit din sa mga salitang Ingles na *compassion*, *mercy*, at *empathy*. Kung kapwa-tao ang turing ay dahil mayroong pang-unawang nakatatalos sa pag-iisip na ito. Nalalampasan ng tanaw ang turingang ‘ibang-tao’ sa ‘hindi ibang-tao’ lalo na kapag ang kapwa ay dumaranas ng dusa, dumadaing kayâ dinirinig at dinaramdam din.

Taal sa tao ang bigkis ng unawa kaya sa bawat pang-unawa ay siyang pakikipagkapwa-tao. Inaarok ng tao sa kanyang pang-unawa hindi lamang ang pag-iisip ngunit ang damdaming maaaring maramdaman niya kaya magkasama ang dalawang ito sa malalim na pagtingin upang maunawaan ang isang konsepto o bagay. Bahagi ng pang-unawa ang saya o lungkot na taglay ng pagiging ibang-tao o hindi ibang-tao na pinaimbabawan ng unawa upang makita at madama ito bilang isang tao.

Mahalagang sangkap ang unawa sa pagpapanatili ng kaayusan at ugnayang nabubuo sa bawat isang kabahagi ng dyip. Bunga ito ng pagiging likas sa pakikipagkapwa-tao ng mga Pilipino sa ibang-tao o hindi ibang-tao. Isang patunay ang pag-usog sa upuan upang bigyang espasyo ang iba sa pag-upo. Idagdag pang hinihinaan ng drayber ang kanyang radyo sa tuwing may nakikita at nadidinig siyang pasaherong seryosong nakikipag-usap sa telepono. Sa mga

ganitong halimbawa, kitang-kita kung paanong ang unawa ay normal at hindi madalas na kailanganing ipaalala pa para ito ay ipakita at ipadama. Sa dyip ay mailalarawan ang mga pagpapahalagang Pilipino mula sa pag-unawa sa konsepto ng pakikipagkapwa-tao.

Mula rito, nais alamin ng mga mananaliksik kung paanong nabubuo sa kanila ang konsepto ng kápwa sa kapwa nila pasahero na nakasasalamuha araw-araw. Sa pag-aaral na ito, ang mga lalabintaunin ang kinasangkap bilang ispesipikong pasahero. Unang ipinantukoy ni Virgilio G. Enriquez, Ama ng Sikolohiyang Pilipino, ang lalabintaunin sa mga babae at lalaking nasa yugto ng pag-unlad ng buhay na maaaring *adolescent* ang katumbas sa kanluraning literatura. Samakatuwid, may muwang na ang mga kinasangkapan sa pag-aaral.

Hinango sa mga naratibo ng lalabintaunin bilang pasahero ang konsepto ng kapwa. Mahalaga ang ginawang pagsusuri sa mga naratibo ng kanilang danas upang malinaw na mabuo ang konsepto ng kapwa mula sa positibo at negatibong pagtingin ng mga pasahero. Masinop na sinuri ang mga maka-Pilipinong katangian sa bawat naratibo at danas upang buo na maipakita ang konsepto ng kápwa sa kapwa nila pasahero. Tiningnan ang antasan ng pagtutunguhan ni Enriquez upang maiugnay ang mga maka-Pilipinong katangian batay sa naratibo ng lalabintaunin upang malalim ang pagbubuo sa konsepto ng kápwa mula sa kanilang kapwa pasahero.

Ayon kay Timbreza mula sa panayam nina Villejo at Liwanag (2019): Sa pamamagitan ng ‘ika nga’y pagninilay tungkol sa negatibong pag-uugali ng mga Pilipino, naunawaan din natin ang pagkataong Pilipino. Naipalalabas at napauunawa natin ang iba’t ibang pag-uugali ng mga Pilipino, maging positibo man o negatibo – nabubuksan ang pagkatao ng taumbayan. Naipapakita ang kahinaan at kakulangan hindi para siraan sa ibang tao, kundi para mapaunawa ang mga kahinaan at kakulangan bilang tao at ang mga positibo at mabubuting kalooban na mas kinakailangan mapalakas at mapaunlad. Ang puntong ito ay pinahalagahan sa pag-aaral upang lubos na maipahayag ang parehas na positibo at negatibong ugali ng mga pasahero sa loob ng dyip na mas lalong nagpalutang sa pagbubuo ng kapwa sa kapwa pasahero ng dyip.

METODOLOHIYA

Maraming karanasan ang masasaksihan sa loob ng dyip. Ayon kay Matienzo (2021), angkaranasangito aysumasalamina sa panlipunang ugnayan, pagpapahalaga sa pagpapakatao at mga aral na natatangi lamang sa transportasyong ito. Ang dyip ay isang behikulo para personal na makita ang panlipunang ugnayan hindi lamang ng drayber sa kapwa niya drayber, ang drayber at ang pasahero, kung hindi lalo na ang pasahero sa kapwa niya pasahero. Tao ang pinakasentro ng pag-aaral na ito sapagkat berbal man o di-berbal ay mababakas sa tao ang konkretong mundong kanyang nararamdaman sa kanyang kapwa tao. Kung mayroong pinakamahalagang elemento sa dyip, ito ay tao na pasahero nito. Siya ay kasangkot bilang isang reaktibong nilikha na hindi hiwalay sa kanyang karanasan, kapaligiran at kalikasan.

Ang mga kasangkot sa pag-aaral na ito ay sampung lalabintaunin. Ayon kay Javier (2007), ang lalabintaunin ay tamang pantukoy sa mga kabataang nasa kanilang panahon na kapansin-pansin ang mga pagbabagong pampisikal at sekswal dahil ito ay mga pag-iiba sa mga babae at lalaking nasa pag-itan ng edad na labing-isa hanggang labing-siyam. Pormal na pinadalhan ng liham ang sampung lalabintaunin para sa isinagawang pag-aaral. Kinuha ang kanilang konsent na maging kaisa sa pag-aaral nang walang pagkakakilanlan ayon na rin sa kanilang kahilingan. Ispesipikong may katangian ang sampung lalabintaunin bilang nasa edad labing-walong taong gulang, nasa antas andergradweyt, at gumagamit ng dyip sa araw-araw. Gamit ang maka-Pilipinong metodo ni Javier (2016) na pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan bilang mga pamamaraan ng pagkalap ng datos na may pakikipagkapuwa, nakausap ng mga mananaliksik ang mga lalabintaunin kaya nagkaroon ng paglalapit sa layuning dalumatin ang konsepto ng kápwa sa kapwa pasahero. Esensyal sa bawat tanungan at kuwentuhan ang pagkakaroon ng koneksyon at unawa sa parehas na kapwa upang ang kalalabasan ay sama-samang pagbubuo ng kaalaman. Naghanda rin ang mga mananaliksik ng mga gabay na tanong upang makalap ang datos na kailangan sa pagsagot ng layunin ng pag-aaral.

Ang mga nabanggit na katangian ng lalabintaunin ay naging tuntungan ngayon sa paglalahad ng makabuluhang pananaw mula sa nahubog nilang kaalaman. Kasabay ng pagbabagong kanilang nararanasan ay ang pagbabagong sikolohikal dulot ng mga emosyong nabubuo gaya sa pakikipag-ugnayan sa kapwa lalabintaunin o mas matanda sa kanila. Nasusubok ang kanilang pakikipag-ugnayan bunga ng pagkatuto at danas sa mga kaalaman mula sa patuloy na pag-iral sa araw-araw. Pawang gumagamit sila ng dyip sa araw-araw na pagpasok at pag-uwi kaya may kahandaan sila sa pag-iisa sa bawat byahe at pagkakaroon ng pagkakataon para sa obserbasyon at pagkilala sa bawat kapwa pasahero na nakasasabay o nakasasalamuha sa dyip. Dahilan din sa pagpili sa mga lalabintaunin ang bitbit nitong makabagong pananaw buhat sa iba't ibang puwersa ng makabagong panahon gaya ng pagkababad sa internet, nagbabagong sosyal at kultural na gawain ng lipunang Pilipino, at kontemporaryong isyu na kinakaharap ng bansa. Ang datos na nakuha sa mga lalabintaunin ay may implikasyon sa pagbubuo ng pananaw para sa hinaharap gaya ng pagsasagawa ng desisyon at pakikilahok sa mga isyung panlipunan, pag-unawa sa papel at gampanin, at pagpapanatili sa tradisyonal na kalikasan ng kulturang Pilipino gaya ng pagtingin sa konsepto ng kapwa sa kapwa pasahero sa dyip.

Ang mga naisa-isang konsepto mula sa lalabintaunin ay naging batayan ng mga maka-Pilipinong katangian na nagpapakita ng kápwa sa kapwa pasahero sa dyip. Sinuri gamit ang Antasan ng Pagtutunguhan mula sa pag-aaral ni Enriquez (1986) sa pagbuo ng konsepto ng kapwa batay sa positibo at negatibong pag-uugali ng mga Pilipino sa loob ng dyip. Saklaw ng mga naratibo ang personal na danas sa pagsakay ng dyip kasama ang ibang-tao o hindi-ibang tao. Nakakonteksto ang isinagawang kuwentuhan bilang pangangalap ng datos tungkol

sa kultural na gawain sa loob ng dyip gaya ng pagbibigay-bayad, pagpára, kuwentuhan, mga taong sumasakay at bumababa at iba pa. Tinalakay rin ang bitbit na danas mula sa istruktura ng dyip na naging punto sa pagbabahagi ng ilan pang naratibo. Sa iba't ibang danas na ito ay pinaghugutan ang mga maka-Pilipinong katangian ng mga lalabintaunin at sinuri para sa tematisasyon upang lubos na makabuo ng konsepto ng kápwa mula sa kapwa pasahero. Sa pamamagitan nito ay madaling nakita ang antasan ng pakikitunguhan mula sa mga naging danas ng lalabintaunin maging ito man ay positibo o negatibo.

TEORETIKAL NA BATAYAN SA PAGSUSURI

Ang konsepto ng kapwa ay bubuuin mula sa mga naratibo ng lalabintaunin bilang pasahero mula sa kapwa pasahero sa dyip. Gamit ang Antasan ng Pagtutunguhan ni Virgilio G. Enriquez ay ituturing ang kapwa pasahero bilang ibang-tao at hindi ibang-tao sa dyip. Ibang-tao sila sa kapwa pasahero sapagkat hindi sila magkakilala samantalang hindi ibang-tao sapagkat pare-parehas silang pasahero sa dyip. Pagsakay sa dyip, ang ibang tao ay hindi na ibang-tao sa kapwa pasahero dahil nagkakaroon na sila ng ugnayan sa isa't isa kahit unang pagkikita pa lamang. Sa kabila nito ay isasaalang-alang pa rin ang mga salik tulad ng mga negatibong pag-uugali ng mga Pilipino na likas na sa tao. Ito ang magiging batayan upang mas lalong maunawaan at maliwanag na makita ang pakikipagkapwa sa kapwa pasahero sa dyip.

Figura 1

Batayang Konsepto ng Pag-aaral



Ayon kay Javier (2018), sa pakikipagkapwa nangyayaring natutuklasan ang loob (maaaring sarili) na kasalo at hindi sinosolo itong loob (kaya 'ipinapalagay' pa muna ito sa simula ng pagtutunguhan). Ang ako at ang iba sa akin ay kapuwa, iyon nga'y iisa manapa'y magkabahagi ang mga loob tulad nga sa pakikipagpalagayang-loob/pakikiisang-loob

(iisa ang loob). Ang ibang-tao ay hindi na nagiging ibang-tao dahil pinagbigkis na sila ng pakikipagkapwa na pinagsamahan nila sa dyip sa pamamagitan ng iba't ibang karanasan na kanilang pinagdaanan bilang pasahero.

Batay sa Antasan ng Pagtutunguhan ni Virgilio G. Enriquez, ang ibang tao bilang indibidwal, ang kaantasan ng kanyang pag-iisa ay pagsasarili na katumbas naman sa pakikipagkapwa ng pakikitungo, ang pag-iwas ay pakikisalamuha, ang paghiwalay ay pakikilahok, ang pagmamalaki ay pakikibagay, at ang pakikinabang ay pakikisama (Javier, 2018). Kapag ang ibang tao ay lumalim na at may pagpapahalaga sa pakikipagkapwa at siya ay hindi na ibang-tao, ang kaantasan din ng kanyang pakikipagtunguhan sa iba ay nababago. Ang pag-iisa niya na pagkukubli ay nagiging pakikipagpalagayang-loob, ang pagwawalang bahala ay nagiging pakikisangkot; at ang pagsalungat ay nagiging pakikiisa sa kapwa. Ang tao na dating nag-iisa ay may malawak ng pang-unawa sa kanyang sarili at sa kanyang kapwa dahil sa kanyang iba't ibang danas ng pakikipagkapwa. Wika nga ni Timbreza, ako ay ako sapagkat ikaw ay ikaw, kung wala ang ikaw ay wala rin ako, at kung wala ako ay wala rin ikaw (Villejo at Liwanag, 2019). Samakatuwid, ang kapwa ang nagpapayaman at nagbibigay-kabuluhan sa ating pagkatao.

Maka-pilipinong katangian sa pagbuo ng kápwa sa kapwa pasahero

Nagsagawa ng pagsasatema ang mga mananaliksik upang maayos na masuri at matalakay ang mga lumabas na maka-Pilipinong katangian sa pagbuo ng kápwa sa kapwa pasahero sa dyip mula sa nakalap na datos sa pagtatanong-tanong at kuwentuhan na isinagawa sa sampung lalabintaunin. Narito ang mga positibong maka-Pilipinong katangian: a. bayad po; b. pára po sa tabi; c. tinginan at pakiramdaman; d. kuwentuhan; e. limos at malasakit; at f. punuan at bigayan sa dyip. Samantalang hindi maitatanggi ang mga negatibong maka-Pilipinong katangian tulad ng: a. pagsasawalang bahala o walang pakialam; b. pagkagalit at pagdadabog; c. tsismisan; d. siksikan at singitan; e. budol; f. lamangan; at g. pakutuban.

I. Positibong Maka-Pilipinong Katangian ng Pasahero sa Dyip

A. “Bayad po”

Karaniwan sa naitalang mga datos na ibinigay ng mga lalabintaunin ang pag-aabot ng bayad papunta sa drayber mula sa sino mang kapwa pasahero sa dyip. Tinawag nila itong “normal” na gawain ng mga Pilipino sa dyip dahil tila wala namang pagpipilian ang sino man na malapit sa drayber upang mag-abot ng bayad. Wala namang nakapaskil o nag-uutos sa kanila upang iabot ang bayad subalit likas na ito sa pag-uugaling Pilipino. Sa aksyon ng pagbabayad hawak ang pera ay tanda at alam na ng kapwa pasahero kung para saan at ano ang gagawin sa iniaabot kasabay ng “makikisuyo o pakisuyo”, “po”, at “salamat po” na tanda ng paggalang.

Ang pagkuha o pagtanggap ng bayad mula sa kapwa pasahero ay tanda ng kanilang pagrespeto, matanda man o bata. Mayroong koneksyong nabubuo ang nagbabayad at tumatanggap kahit may pagkakataong mayroong ibang ginagawa ang pinag-aabutan ng bayad tulad kung may kausap na iba, nakatingin sa ibang anggulo, nakapikit o nakikinig ng musika. Itinuturing na isang *unspoken language* o wikang hindi na dapat sambitin ang gawain ng pag-aabot ng bayad sa dyip ayon sa isang lalabintaunin. Ang pag-unawa sa wika at kulturang Pilipino gaya ng dyip ay mayroong pagkakatulad at pagkakaiba, kasaklawan at kalaliman sa mga salita, kilos, at galaw ng kapwa na naisabuhay bunga ng paggalang na inklusibong isinasabuhay ng Pilipino. Bilang mga lalabintaunin, mahalagang mabitbit at maibahagi nila ito sa ibang-tao o hindi-ibang tao bilang pagpapahalaga na nagpapatunay sa kabutihang taal sa atin.

Inobserbahan din ang katapatan ng bawat isang kapwa pasahero sa dyip lalo na sa halaga ng ibabayad at ibabalik na sukli. Ayon sa mga lalabintauning nakausap ay wala pa silang karanasan na hindi nagbayad ng tapat at tumanggap ng kulang na sukli. Mayroong dalawang galawan ng perang pambayad sa dyip: una, mula sa pasahero na hindi palaging saktong bitbit na bayad, walang barya o buo ang pera kahit pa may malaking karatulang “barya lang po sa umaga”; ikalawa, ang sukli ng pasahero mula sa drayber. Sa parehas na galaw ay pinagpapasa-pasahan ito ng mga kapwa pasahero lalo na kung marami ang nakasakay. Sa huli, wasto ang kanilang bayad at nakukuhang sukli. Ipinapamalas ng ganitong gawain ang katapatan ng bawat isang kapwa pasahero sa dyip. Barya man kung titingnan ang nasasalat na pera sa tuwing nag-aabot ng bayad, pinatutunayan pa rin ang likas na kabutihan at katapatan ng mga Pilipino lalo na sa kapwa nito.

B. “Pára po sa tabi”

Parehas sa pag-aabot ng bayad na ginagamitan ng pasalita at pakilos na paraan ang isa pang maka-Pilipinong katangian ng pakikipagkapwa sa dyip, ang pagpára tuwing sasakay at/o bababa ng dyip. Ang salitang pára ay paghinto sa paggalaw ng isang sasakyan gaya ng dyip. Sa pagsasabi ng pára ay itatabi ng drayber ang dyip sa gilid upang bumaba o sumakay rito ang pasahero. Nakukuha agad ng drayber ang mensahe ng pagpára sa tuwing malakas at malinaw na sinasabi ito.

Sa di-berbal na pagpára naman ay nakita ito ng mga lalabintauning sa porma ng pagtapik sa bubong ng dyip upang makabuo ng tunog. Isang senyales ang nabubuon ng tunog para sa drayber na mayroong bababa ng dyip. Isinasagawa ito gamit ang daliri o kaya ay barya sabay itinutuktok ito sa bakal na hawakan upang makabuo ng tunog-senyales. Isa pang di-berbal ay ang paghatak ng tali sabay pag-ilaw naman ng bombilya katapat ng drayber. Sa kabila nito, karaniwan pa ring ginagamit ang pagsasabi ng “pára po sa tabi” at ang paggawa ng tunog-senyales.

Masasalamain sa dalawang maka-Pilipinong katangian ang pagtutunguhan ng bawat isa sa dyip. Espesipikong nabubuo ang konsepto ng kapwa sa pakikitungong ginagawa tuwing nag-aabot ng bayad at sukli gayundin ang pagtulong sa pagpára. May mga pagkakataong nagsasarili ang isa subalit hindi maiwasan ng kapwa pasahero na makialam bilang pagtulong sa kapwa pasahero. Makikita sa pagtulong ang pakikisalamuha ng pasahero sa kapwa pasahero.

C. “Tinginan at pakiramdaman”

Ang mata ay bahagi ng katawan na para sa paningin, isa sa limang pandama ng tao. Subalit, hindi ito maaaring ihiwalay sa iba pang kaugnay nitong pandama – pang-amoy, pandinig at panlasa. Kaya sa tuwing sasakay sa dyip, sabay-sabay na ginagamit at gumagana ang mga ito. Para sa mga nakakuwentuhang lalabintaunin, pare-parehas silang nagiging mapagmatyag sa kanilang paligid sa dyip. Tinitingnan ang mga taong nakasakay o sasakay sa dyip kung kanilang kakilala o hindi.

Karaniwan ang eksena na may natutulog sa dyip tuwing gabi lalo na kapag *rush hour* o oras ng uwian ng mga nag-oopisina at estudyante. Ang pagtulog o pag-idlip ay tanda ng kanilang pagod sa gawain sa buong araw. Sa ganitong mga pagkakataon, matinding makiramdam ang maraming kapwa nila pasahero batay sa obserbasyon ng mga lalabintaunin. Ipinapamalas ito sa hindi masyadong paggalaw, paghina ng boses kung may kausap at paggising sa kapwa pasaherong napasarap ng tulog subalit kailangan ng bumaba. May mga hindi rin nakaiwas na sumandal sa katabi habang natutulog at pinapabayaan na lamang.

Sa mga pasaherong maraming bitbit o dalahin, may akay na mga bata, at sa mga matatanda o *persons with disability (PWD)* ay may nagbibigay agad ng espasyo para makaupo at makatulong sa kanyang kapwa pasahero. Karaniwang sa unahang bahagi sa pag-akyat sila pinauupo o malapit sa drayber. Wala pang naging danas ang mga lalabintaunin na pasaherong hindi nagbigay ng tulong sa kapwa nila pasahero na nasa ganitong sitwasyon. Naobserbahan din ng mga lalabintaunin ang bilis ng pakiramdam ng drayber sa loob ng dyip. Halimbawa kapag may kausap ang isang pasahero sa dyip, agarang hinihinaan ng drayber ang kanyang radyo tanda ng kanyang pakikiramdam at pag-unawa sa sitwasyon.

Tulad ng maka-Pilipinong katangian na pagbabayad at pagpára sa dyip ay makikita ang antasan ng pagtutunguhan na pakikitungo, pakikisalamuha, at pakikilahok. Ang mga ito ay karaniwang ginagamitan muna ng tinginan at pakiramdaman hanggang sa matarok ang ganoong klase ng pagtutunguhan. Maituturing ngayon na unang bahagi ang maka-Pilipinong katangian na tinginan at pakiramdaman upang maisakatuparan ang nasabing tatlong antasan ng pagtutunguhan. Ayon kay Javier (2016), ibinabadya na may mga pandama upang maranasan ang kalooban, ang sarili, ang sa kapuwa o sa itinatangi nito. Kaya hanggang maaari ay naisasantabi ang pag-iisa (individuation) gaya ng pagsasarili, pag-iwas, at paghiwalay.

D. “Kuwentuhan”

Ang bawat tinginan at pakiramdaman ng mga pasahero sa dyip ay nagbubunsod ng aksyon upang kumonekta sa kapwa pasahero gaya ng kuwentuhan o usapan. Ang kuwentuhan ay likas sa mga Pilipino sapagkat hilig natin ang pakikialam at pakikisangkot. Dito nagsisimula ang relasyon na kalaunan ay maaaring lumalim o agad ding mawala. Pansin ng mga lalabintaunin na isang espasyo ang dyip para sa pagbubukas ng kuwentuhan. Ayon kay Jumaquio-Ardales (2024), may dalawang bahagi ang pagbubukas ng isang usapan, ito ang pagkuha ng atensyon bago ang paghahain ng paksa; kasunod ang pagdebelpo kung saan mayroong dugtungan ng impormasyon/komentaryo/reaksyon at/o pagdami ng mga paksang pinag-uusapan (na tila sapot ng gagamba) na maaaring malapit o malayo sa tema ng sinundan; panghuli, ang pagsasara kung kailan paalis sa espasyo ng umpukan ang isa o higit pang kalahok sa usapan.

Ganitong-ganito napansin ng mga lalabintaunin nagsisimula ang kuwentuhan sa dyip lalo na sa mga matatanda. Ayon sa kanila ay mayroong taglay na awtoridad ang matatanda kaya patuloy lang sila sa pagsasalita o pagkukuwento ng kanilang saloobin hinggil sa isang paksa. Pagbabahagi ng isang lalabintaunin, karaniwang paksa na naririnig niya ay tungkol sa napapanahong usapin ng bansa lalo sa politika at ekonomiya. Isang halimbawa ng paksa ay tungkol sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihan na iniugnay sa kanyang nararanasang hirap pampinansyal; at hirap pisikal na iniinda dahil sa edad ng mga matatandang pasahero na nagkukuwentuhan. Nagsimula ito bilang isang komento mula sa napakinggang balita sa radyo na sinundan pa ng isang komento mula sa kapwa pasahero. Ang palitan ng kanilang komento ay may kalakasan ng kanilang boses kaya naengganyo ang iba pang kapwa pasahero na makisali sa naging kuwentuhan. Sabi ng lalabintaunin, hindi siya nakisali sa usapan dahil sa hiya subalit tahimik siyang nakikinig at nagmamasid sa naging daloy ng kuwentuhan. Anya ng lalabintaunin ay natutuwa siya sa ganitong kuwentuhan sapagkat nagiging mulat siya sa nangyayari sa paligid na nakapagpapalago sa kanya bilang kabataan at mag-aaral.

Masasalamain sa pagsasahalimbawa na ibinahagi ng lalabintaunin kung paanong ang danas ng isa ay maaaring maging danas din ng iba. Isang pagkakataon ito para sa kolektibong pagsang-ayon o maaaring pagsalungat na naging punto ng paksa para sa kuwentuhan. Natigil lamang ang kuwentuhan nang bumaba na ang matandang pasahero sa dyip. Ang saglit na kuwentuhan ay may mahaba nang nilakbay na konsepto sa pagbubuo ng kapwa mula sa kapwa pasahero. Ang pagiging ibang-tao nito ay sumalamin sa pakikibagay mula sa danas na pinagdadaanan ng matanda. Hindi man parehas ang estado, edad, at danas ng bawat isang nagkukuwentuhan; naroon pa rin ang pagiging isa ng bawat isa dahil sa pakikipagkapwa. Ang kuwentuhan ay nagiging tulay sa pagpasok ng iba sa buhay ng iba kaya nakikita ang unawa sa isa’t isa.

Nakakikilig namang ibinahagi ng isa pang lalabintaunin ang kanyang danas ng pakikipagkuwentuhan sa dating kaklase noong senior hayskul na muling nagkita sa dyip

habang pauwi mula sa España sa Maynila. Ang tagal ng kanilang byahe at kuwentuhan sa dyip ay simula na pala ng kanilang pag-iibigan. Hindi lubos maisip ng nagbahaging lalabintaunin na sa dyip niya muling matatagpuan ang dating kaklase at mabubuo ang kanilang relasyon. Mula sa dulong bahagi ng dyip malapit sa drayber ay lumipat ito sa kanyang tabi at nagsimulang bumati at makipagkumustahan. Lumalim ang usapan tungkol sa kasalukuyang pinagkakaabalahan at gawain sa eksuwelahan. Nagtapos din ang kanilang relasyon ng halos isa at kalahating taon.

Naging kuwentuhan din ang mga alagang hayop na ibinahagi ng isa pang lalabintaunin. Nagpapalitan sila ng mga impormasyon tungkol sa murang bilihan ng pagkain at gamit, mga paunang lunas kapag may sakit, at karanasan sa kanilang pag-aalaga. Saglit man ang nagiging kuwentuhan, naging interesante naman ito para sa kapwa pasahero sapagkat kitang kita nila ang hilig at ugnayan nila sa isa't isa dahil sa gawaing pag-aalaga ng hayop.

Sa mga naratibong ito ng lalabintaunin masasalamatin kung paanong nailuwal ang kuwento sa kuwentuhan bilang isang maka-Pilipinong katangian sa pagbubuo ng kapwa sa kapwa pasahero. Parehas na para sa ibang-tao at hindi ibang-tao ang gawaing kuwentuhan sa loob ng dyip. Nagiging inklusibong gawain ito para sa lahat depende sa kagustuhan na maging bahagi ng usapan. Danas ang antasan ng pagtutunguhan gaya ng pakikiisa, pakikisangkot at pakikipagpalagayang-loob. Maliit man ang espasyo at oras sa tagpuan ng mga lalabintaunin, naging baon naman nila ang indikasyong nagpalapot sa kanilang pagkaunawa sa konsepto ng kapwa mula sa kapwa pasahero.

E. “Limos at malasakit”

Madaming pagpapakahulugan ang salitang limos. Ito ay maaaring abuloy, tulong o pagkakawanggawa na ibinibigay sa sinumang nangangailangan mula sa kalooban ng awa o pagkahabag sa taong humihingi ng tulong, maging ito man ay pera, bagay, o serbisyo. Mula sa kalooban ng pagkahabag ay nakararamdam ng kasiyahan ang taong nagbibigay. Naibahagi ng mga lalabintaunin na mayroon pa ring pakikipagkapwa kahit sa maliit na paraan. Mas nagkaroon ng dating sa kanya ang pagbibigay ng limos sa dyip kumpara sa mga pulubing nabibigyan niya sa kalsada. Nagkaroon siya ng mas malalim na pagtingin sa halaga ng pag-aabot tulong dahil nasaksihan niya rin sa kapwa pasahero ang pakikipagkapwa.

Ang pagiging malapit sa isa't isa ng mga pasahero sa kapwa pasahero ay dulot na rin ng istruktura ng dyip na may maliit na espasyo sa gitna at magkakaharap na upuan na nagpapalalim ng pagtingin ng bawat isa upang mabuo ang pakikipagkapwa. Kaya ang pagtulong sa kapwa ay nakahahawa sa loob ng dyip na nag-uugat sa maka-Pilipinong kaugalian ng hiya at pakikisama. Ayon kay Dagmang (2014), ang hiya ay isang kalugod-lugod na daan at kakayahan sa larangan ng pagpapakatao o pakikipagkapwa-tao. Naniniwala ang Pilipino na dapat kumikilos siya batay sa kung ano ang mga katanggap-tanggap na kaugalian ng lipunan. Lumilitaw rito ang damdamin ng pagkahiya sa mga katapat at katabing kapwa pasahero na

nag-abot ng limos kung magsasawalang kibo na lamang siya gayong dumaan pa sa harapan ng mukha niya o ipinaabot sa kanya ang limos, pagtatapat ng isa sa mga lalabintaunin. Mula sa hiya ay nabubuo sa kanyang pagkatao ang ugali ng pakikisama sapagkat gusto niyang magkaroon ng maganda at mabuting pakikitungo sa iba. Dahil nagbigay ang iba, makikisama na rin siyang mag-abot ng barya. Masasabing totoong may nagaganap na bayanihan sa loob ng dyip hindi lamang sa paabot-abot o pagpapasa ng bayad mula sa hulihan ng dyip papunta sa drayber kundi may bayanihan din sa pagbibigay-limos sapagkat nagkakasama-sama ang mga pasahero sa pagtulong sa nangangailangan. Hindi na siya nagiging ibang tao sa loob ng dyip kundi kapwa tao na nakikiisa at nakikisama sa kapwa pasahero.

Mula sa hiya, pakikisama, at bayanihan ay nabubuo ang pagmamalasakit sa kapwa na nagpapalalim sa kaantasan ng pagtutuguhan mula sa kapwa pasahero na ibang tao. Ngayon ay nagiging kapwa pasahero na hindi ibang-tao sapagkat makikita na sa kanya ang kabaitan, pagkakawanggawa, at pagiging handa sa pagtulong sa iba na likas sa Pilipino. Bukod sa pakikiabot ng bayad, may ilang pagkakataon din na naranasan ng lalabintaunin na may nagtanong sa kanya na kapwa pasahero kung magkano ang tamang pamasahang papunta sa isang lugar, kung madadaan ng dyip ang kanilang pupuntahan o mga saglitang kuwentuhan at palitan ng opinyon. Ayon sa lalabintaunin, masaya sa pakiramdam na nagkakaunawaan sila ng pasahero o nagkakapareho ang kanilang pananaw. Ikinatutuwa rin niya na nakatutulong siya sa kanyang kapwa, anya:

Ako ay natutuwa kapag nakikita ko o nararamdaman na nagkakaunawaan kami ng mga pasahero o kung nagtutugma ang aming mga pananaw. Bukod doon, natutuwa rin ako kapag nakakatulong ako sa mga kapwa pasahero. Nakakaramdam ako ng tuwa sapagkat sa aking isip ay pare-pareho lamang naman kaming mga karaniwang komyuter na malimit ay may kanya-kanyang buhay, kaya't kapag nakakausap ko ang ilan sa kanila nararamdaman ko ang pagiging tao. Bukod sa malalim na dahilan, ang simpleng pagtulong sa kapwa ay nakakapagbigay na sa akin ng kasiyahan.

Nandoon ang pantay na pagtingin niya sa kapwa pasahero na pareho silang mga karaniwang komyuter kahit na magkakaiba sila ng estado sa buhay. Para sa kanya, kapag may nakakausap siyang kapwa pasahero ay ramdam niya ang kanyang pagiging normal na tao sapagkat unti-unti na siyang bumubuo ng pagtitiwala sa kapwa dahil sa pakikipagpalagayang loob niya sa kapwa pasahero sa dyip.

Ito ay pagpapatotoo na walang “ako” sa daigdig, pero mayroong “tayo”. Sa mga ganitong danas, naniniwala ang lalabintaunin na nagpakita siya ng malasakit at pakikipagkapwa. Para sa kanya, magaan sa kalooban at isang kasiyahan ang pakikipagkapwa sapagkat ang mumunting nagagawa para sa ibang tao ay nakapagpapatibay ng samahan ng kapwa pasahero kahit panandalian lamang. Ang pakikisalamuha sa dyip ay nagturo sa lalabintaunin na maging mabuti para maging magaan at maganda ang pakikitungo o pakikisama niya sa iba at ganun din ng ibang tao naman sa kanya.

Ang antas ng pagtutunguhan ng pasahero sa kapwa pasahero mula sa pagiging ibang tao ay hindi na ibang tao dahil sa karanasan ng pakikisalamuha na nag-ugat sa pakikipagkapwa-tao. Mula sa pakikipagkapwa-tao, ito ay nagbunga ng paglilingkod. Naging bukal sa kalooban ng lalabintaunin ang paglilingkod, dahil nagkaroon siya ng pagmamalasakit sa kanyang kapwa. Ang konsepto ng kapwa ay hindi usaping pansarili lamang kundi ito ay pakikipag-ugnayan, pakikipagdamayan at pagpapakita ng malasakit sa ibang tao. May pagsasaalang-alang sa damdamin ng iba.

F. “Punuan at bigayan”

Sa puwesto ng upuan sa dyip ng mga pasaherong lalabintaunin ay kakikitaan pa rin ito ng bigayan na walang hinihinging kapalit. Ito ay patunay na likas sa Pilipino ang pakikipagkapwa kahit hindi ito idikta. Sa simpleng pagkilos ng pasahero ay kakikitaan pa rin ng pakikipagkapwa sa pamamagitan ng pagbibigayan kahit na sa tagpuan ng punuan sa dyip. Mapatutunayan sa naging danas na sa pamamagitan ng pakikiramdam sa kapwa nila pasahero ay may pangangailangan na sila ay magbigay at ang pagbibigay sa kapwa ay malinaw na indikasyon ng pakikipagkapwa.

Pinatunayan din ito sa pag-aaral ni Galano (2016) na ang kagandahang-loob na taal sa pakikipagkapwa ay isang pagpapahalagang nakasentro sa pagkilala at pagsusulong sa kapakanan ng kapwa. Ang pagkakaroon ng ugnayan nito sa *universalism* at *benevolence* na mga pagpapahalaga ay nagpapahiwatig na sinasaklaw nito ang parehong malawak na relasyon sa tao at sa mas maliit na grupo tulad ng kapwa pasahero sa dyip. Mula rito ay maitatagda na ang ibang tao ay hindi ibang tao dahil ipinapakita rito na ang kapwa ay ang pakikipagkaisa ng sarili sa iba. Naniniwala ang lalabintaunin na ang pagbibigay niya ng kabutihang loob ay magbubunga pa ulit nang marami pang kabutihan tulad ng kung paano niya ito natutunan sa loob ng kanyang pamilya. Ang konsepto ng pakikipagkapwa mula sa pagbibigay para muling umanak ng pagbibigay o *pay it forward* ay isa na namang maka-Pilipinong katangian sa antas ng pagtutunguhan.

II. Negatibong Maka-Pilipinong Katangian ng Pasahero sa Dyip

A. “Pagwawalang bahala o walang pakialam”

Likas na sa mga Pilipino ang ugaling walang pakialam na nag-ugat sa pagsasawalang bahala sa kanilang kapwa at kitang kita ito sa mga ilang eksena sa loob ng dyip ayon sa obserbasyon ng mga lalabintaunin. Wala sa edad ayon sa mga lalabintaunin ang pagsasawalang bahala sa loob ng dyip. Karaniwan dito ay ang nakikitang madalas na pagbibingi-bingihan o walang pakialam sa kapwa pasaherong nakikiusap na maibigay ang kanyang bayad sa drayber ng dyip na malayo sa kanyang kinauupuan. Ganito ang senaryo kapag ang mga kapwa pasahero ay walang pakialam o tinatamad mag-abot ng bayad. May hindi marunong umusog at hindi pagpansin sa mga nanghihingi ng limos. Binabaling ang

kanilang tingin sa iba o kaya ay nagsasagawa ng ilang bagay kagaya ng pagseselpo. Isa pang sitwasyon ng walang pakialam ay sa mga drayber na napakabilis magpatakbo ng dyip kaya may mga pasaherong hindi nahihiyang magsalita para paalalahanan ang drayber na magdahan-dahan sa pagmamaneho. Naibahagi pa nga ng isa na mayroon siyang karanasan na hindi pa nakakababa ang pasahero ay pinaandar na kaagad ng drayber ang dyip kaya nahulog ito. Sa ganitong eksena, wala talagang pakundangan at kulang na kulang sa malasakit ang drayber sa kanyang pasahero.

Mula sa walang pakialam ay nagbunga ang negatibong katangian tulad ng kawalan ng malasakit sa kapwa ng drayber at pasahero sa kapwa pasahero na nagugat sa pagsasawawalang bahala. Mahalaga ang presensya ng malasakit sa pagbuo ng pakikipagkapwa sa isa't isa. Isa itong lutang na ugali ng mga Filipino lalo't higit sa mga sitwasyong kinakailangan ng pagtulong, hindi sa humingi nito (Erasga, 2015).

B. “Pagkagalit at pagdadabog”

Obserbasyon ng isa sa mga lalabintaunin na may ilang nagagalit na pasahero kung hindi agad nasusunod ang isinagawang pagpara lalo na kung may kalayuan ito mula sa kanyang dapat na babaan. Pinapatulan din ng drayber kung minsan ang mga pasaherong mainit ang ulo sa pagbababa sa kanila sa alanganing daan o lugar o hindi itinatabi at kung saan na lang abutin ng pagpara. Hindi alintana ang aksidente na maaaring kahirapin ng kanilang pasahero. Makikita rin sa mukha ng drayber mula sa repleksyon ng salamin ang pagka-inis o pagkayamot sa pasaherong hindi agad nakabababa ng dyip. Kung hindi naman narinig agad ng drayber ang pagpara, padabog na tinutuktok ng pasahero ang bubong ng dyip at nagsasalita ng para. Madalas na makita ang ganitong sitwasyon sa mga drayber at pasaherong maikli ang pasensya na nagbubunga ng pagkagalit at pagdadabog.

C. “Tsismisan”

Madalas ay nadadala ng mga pasahero ang kuwento ng buhay nang may buhay sa loob ng dyip. Batay sa sariling karanasan ng lalabintaunin ay minsan nilang napag-tsismisan ng kanyang kaklase ang isa pang kaklase sa loob ng dyip na hindi nila namalayan ay nasa unahan nakapuwesto malapit sa drayber. Bumati pa ito sa kanila sa pagbaba nila pareparehas ng dyip. Sabi ng lalabintaunin ay para silang binuhusan ng malamig na tubig dahil sa hiya sa kanilang kaklase na pinagtsismisan. Alam nila ang posibilidad na narinig ito sapagkat may kalakasan ang boses nila habang sila ay nagkukuwentuhan. Nagkaroon tuloy siya ng realisasyon na hangga't maaari ay iwasan sana ng mga pasahero sa dyip ang pag-usapan ang buhay ng ibang tao dahil huli na rin nilang napagtantong mali ito. Noong una ay makikita sa sitwasyon na ito ang kawalan ng malasakit sa kapwa dahil sa tsismisan na hindi naman alam kung totoo o hindi ngunit nagbunga pa rin ng malasakit sa kapwa mula sa hiya na nagdulot

sa realisasyon ng lalabintaunin na hindi dapat magtsismisan sa loob ng dyip sapagkat ito ay isang pampublikong espasyo.

Dagdag pa rin sa tsismisan ang malakas na boses na nakagagambala sa katahimikan o saglit na pamamahinga ng ibang pasahero habang bumabyahe. Ang saglit na kuwentuhan ng drayber sa kapwa drayber kapag nagkatapat sila sa kahabaan ng trapik tungkol sa matumal na pasahero, tinitimbren *enforcer*, trapik, at mga nagpapabarya ay nakaaabala rin sa pasahero. Dahil sa napapatagal ang tsismisan nila ay bumabagal ang kanilang takbo o kaya naman ay hindi napapansin “go” na pala kaya pinagmumulan ng panibagong trapik. Muli, nawawalan ng hiya ang drayber sa kanyang mga pasahero dahil sa tsismis. Nawalan din siya ng malasakit sa mga ito na maaaring nagmamadali o kaya naman ay may hinahabol na oras.

D. “Siksikan at singitan”

Ordinaryong tagpuan na sa paradahan ng dyip ang pakiusap ng barker sa pag-usog para ipilit na pagkasyahin ang mga pasahero na wawaluhin lamang sa upuan ay nagiging siyaman o sampuan lalo na kung maninipis ang kanilang katawan. Ginagawan ng paraan ng drayber at barker na mapagkasya at mapalabisan pa ng bilang ang kanyang sakay kahit puno na ang dyip. Para sa mga drayber, ito ay dagdag kita sa kanila lalo na kung nakapila at nagbabayad sila ng butaw kahit pa magsiksikan na parang isang lata ng sardinas ang kanyang mga pasahero. Normal na pangitain na ito sa loob ng dyip, ang mga pasaherong siksikan sa upuan. Kaya may pasaherong iuurong ng konti palabas ang kanyang likod para makaupo nang maayos ang katabing kapwa pasahero. Ganito ang karanasan ng isa sa lalabintaunin, dahil sa malimit nga ay huli na siyang gumising sa umaga ay pagpipilitan na niyang pagkasyahin ang kanyang sarili sa dyip para makarating ng wasto sa oras sa klase. Hindi naman uso ang diskuwento sa dyip kahit kalahati na lamang ang nakaupo. Kapag ikaw naman ay nagmamadali ay hindi mo na alintana kung nakaupo ka nang maayos o hindi. Marami ring mapagsamantala sa pagsakay sa dyip. Pinagsasamantalahan ang gipit na sitwasyong pinagdadaan ng pasahero.

Sa siksikan at singitan lumalabas din ang pagsasamantala ng mga malalakas sa mahihinang pasahero. Mabilis na nakauupo ang malalaki at malalakas ang katawan na kadalasan ay mga lalaki. Malimit na dehado naman ang mga senior citizen, PWD, buntis, mga magulang na may bitbit na sanggol o may mga hawak na bata, at mga mag-aaral na hindi marunong makipagsiksikan. Kaya kung minsan ay nagiging mapagsamantala na rin ang iba.

E. “Budol”

Umaakyat din sa dyip ang mga batang pulubi na may panlinis ng sapatos pagkatapos ay hihingi na ng limos kapalit ang maikling serbisyo mula sa pakunwaring pagpupunas ng sapatos. Si ate naman na nakadamit ng puti at biglang sisingit sa upuan, may dala-dalang bibliya, magbabasa ng berso at magbabahagi ng salita ng Diyos kasabay ang pagpapasa ng maliliit na sobre para sa abuloy. Si kuya naman na may kuwentong pang “Maalala Mo Kaya”

tungkol sa kapamilyang nasa ospital at magpapakita ng bayarin upang makahingi ng limos. Ilan lamang ito sa mga personal na karanasan sa dyip na naikuwento ng lalabintaunin. Ayon sa mga lalabintaunin ay *modus operandi* na ito kung tutuusin na mahirap paniwalaan dahil sa ilang beses nilang karanasan ay nakikita na nila itong panlalamang sa kapwa. Ito ang iba't ibang uri ng pambubudol o panloloko sa kapwa na nagdudulot ng pananamlay sa pagtulong sa kapwa dahil sa pagdududa kung totoo ba ang sinasabi ng mga nanlilimos o hindi.

F. “Lamangan”

Sa kabila ng bigayan ay kapansin-pansin din ang eksena ng lamangan sa loob ng dyip tulad ng “123” na ibig sabihin ay pagtakbo sa pagbabayad. May pasaherong kunwaring nag-abot ng bayad pero kulang naman at sasabayan nang mabilis na pagbaba sa dyip. Ganun din ang drayber na napakatagal magsukli hanggang sa makalimutan na ito ng pasahero. Sa kapwa drayber din na kukunin ang pasahero o kaya ay may *cut* ng trip para iwas sa trapik. Ilan lamang ito sa mga naikuwento ng mga lalabintaunin na kanilang danas at nasaksihan sa pagsakay nila ng dyip. Ang mga senaryong ito ay nakatulong naman para sa matalinong pagmamasid at repleksyon kung tama ba o mali ang ginawa ng drayber o ng kapwa pasahero. Para sa kanila, ang lamangan sa dyip ay oportunidad upang maging mapanuri sa iba't ibang karanasang ito na realidad ng buhay sa lipunang Pilipino. Pagbabahagi ng isang lalabintaunin na nasa kanila na kung paano nila ipoproseso sa sarili ang kanilang danas. Nagkomento naman ang iba na mahalagang manaig pa rin ang pagiging mabuting tao lalo na sa kanyang kapwa pasahero sa lahat ng pagkakataon.

G. “Pakutuban”

Nabanggit nilang may halong pangambang nabubuo kaya hindi nila maialis na maging mapagmatyag sa kanilang paligid lalo na kung gabi at madalang na ang tao sa kalsada habang sila ay nakasakay sa dyip. Bunga ito ng mga napapanood sa balita o kaya ay mga itinatampok na eksena sa mga pelikula kagaya ng panghoholdap. Nilinaw naman ng mga lalabintauning hindi naman ito palagian, subalit mainam nang maging mapagmatyag at palagiang handa kung may mga ganitong hindi inaasahang pangyayari. Dagdag pa nila na sa panahon ngayon, mahirap husgahan kung sino ang may masamang balak sa mga taong nakakasama sa dyip sapagkat maging bata, matanda, babae o lalaki man ay napababalitang nagiging biktima ng mga ganitong insidente sa dyip. Sa mga ganitong pagkilos ay nanlalamig ang usapin ng pakikipagkapwa sa loob ng dyip dahil nagiging salik ito upang hindi makita ang pagkalinga sa kapwa.

KONGKLUSYON

Maituturing na mahalagang sangkap ang dyip partikular yaong tradisyonal na dyip sa bansa sa patuloy na paghahabi ng pagkatao at pagkakakilanlang Pilipino. Hindi lang ito dapat tingnan bilang isang moda ng transportasyon kung hindi isang buhay na piraso ng ating makulay na kasaysayan at malikhaing identidad. Nanganganib sa kasalukuyan ang mga tradisyonal na dyip na tuluyan nang mawala sa lansangan dahil sa kautusan na *Jeepney Phaseout* subalit sa kabila nito ay nagluwal naman para sa sampung natanong at nakakuwentuhang lalabintaunin hinggil sa kanilang danas sa bawat pagsakay rito na may tuon sa naratibo ng pakikipagkápwa sa kapwa pasahero sa dyip.

Pinagbibigkis ng kaasalan at pagpapahalaga sa kapwa ang pagkataong Pilipino na nangibabaw sa murang edad ng lalabintaunin kaya nasaluysoy sa mga naratibo nila ang mga positibong maka-Pilipinong konsepto ng kápwa sa kapwa pasahero sa dyip. Nakabubuo ng antasan ng pagtutunguhan ayon sa disenyo ni Enriquez ang maliit na espasyo ng dyip mula sa abutan ng bayad at sukli, pagiging boses sa bawat pagpára at pagsakay sa tabi, at ang paglalapit ng sarili mula ibang-tao sa hindi ibang-tao sa pamamagitan ng tinginan, pakiramdaman, at kuwentuhan. Napagtanto rin ng mga lalabintaunin kung paanong sa loob ng dyip ay naitataguyod ng mga kapwa nila pasahero ang konsepto ng pagbibigay-limos at malasakit sa gitna ng pagiging ibang-tao ng marami sa araw-araw nilang pagbiyahe sa dyip. Konkreto itong ipinamamalas sa paulit-ulit nilang pagsakay sa pamamagitan ng pagbibigay espasyo sa upuan lalo na tuwing punuan.

Sa kabilang banda, hindi maitatatwang may mga negatibong maka-Pilipinong katangian ang naobserbahan at naranasan ng mga lalabintaunin sa loob ng dyip. Maaaring nauugat ito sa sirkumstansya ng panahon kaya nagagawa ng kapwa pasahero ang pagsasawalang bahala o walang pakialam sa kapwa nila na sa ilang pagkakataon ay mas malala ang nagiging reaksyon dahil may pagkagalit at pagdadabog bilang aksyon. Lumabas na nagiging espasyo rin ang dyip para sa palitan ng kuwento mula sa mga lalabintaunin. Naging punto naman ito ng negatibong aksyon kaya nagagawa ang tsismisan na madalas ay buhay ng ibang tao ang nagiging paksa. Normal man na senaryo ang punuan sa dyip ay hindi naman maialis na nagagawa pa rin ng ibang kapwa pasahero ang singitan sa upuan, pambubudol, panlalamang, kaya madalas ay umiiwas na lang ang mga lalabintaunin at ginagamit ang kanilang kutob bilang paraan upang alpasan ang mga hindi inaasahang insidente. Lahat ng ito ay buhat sa mayamang naratibo ng mga lalabintaunin na naging punto ng realisasyon naman sa kanila na tingnan sa kabilang anggulo ang mga negatibong maka-Pilipinong pagpapahalaga para sa kapwa pasahero tulad ng pagmamalasakit, malawak na pang-unawa, at pagiging tapat sa kapwa.

Ang nabuong konsepto ng kápwa sa kapwa pasahero sa dyip na mula ibang-tao ay nagiging hindi na ibang-tao sapagkat kapwa nakikiisa at nakikisama ang lahat. Nagkaroon ng kapasidad ang mga lalabintaunin na matuto, magbigay, magpapahalaga, makisama,

makipag-ugnayan, magmalasakit, dumamay, at umunawa sa kapwa. Lumabas sa kabuuan na ang konsepto ng kapwa ay hindi usaping pansarili lamang kung hindi pakikipag-ugnayan o pakikipagrelasyon sa kapwa para maabot ang pinakamataas na kaantasan ng pakikipagtunguhan, ang pakikipagkapwa-tao. Hamon ngayon para sa mga susunod na lalabintaunin ng panahon na galugarin at/o ipagpatuloy partikular ang positibong maka-Pilipinong pagpapahalaga na mayroon sa bawat interaksyon o pakikipagkapwa ng bawat pasahero sa kápwa nila pasahero sa dyip. Ang mga ito ay kakintalan na nakuha ng mga lalabintaunin sa dyip sapagkat isa itong kultural na simbolo at espasyo ng lipunang Pilipino.

SANGGUNIAN

- Dagmang, F. (1996). Hiya: Daan at kakayahan sa pakikipagkapwa. *MST Review*, 66–90. https://www.researchgate.net/publication/329306231_Hiya_Daan_at_Kakayahan_sa_Pakikipagkapwa
- Erasga, D. S. (2015). Pakiramdaman: Isang tatak Filipinong lapit sa pagdadalumat sa sosyolohiya. *Humanities Diliman*, 12(1), 78–105. <https://core.ac.uk/download/pdf/87971854.pdf>
- Enriquez, V. G. (2015). Mga batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa kultura at kasaysayan. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 1(1), 35–54. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4948/4457>
- Galano, C. (2017). Ang loob at pakikipagkapwa sa kagandahang-loob: Pagsusuri sa pagpapakahulugan at mga pagpapahalagang kabataan. *DIWAE-Journal*, 5(1), 108–125. <http://www.pssp.org.ph/diwa/wp-content/uploads/2017/11/6-Artikulo-Galano.pdf>
- Javier, R. E., Jr. (2016). Damdamin, daing, at dalangin: Karamdaman at kalooban sa sikopatolohiya ng Filipino. *MALAY*, 28(2), 57–76. <https://ejournals.ph/article.php?id=9873>
- Javier, R. E., Jr. (2007). Kaasalang sekswal at kaalaman sa HIV/AIDS ng mga lalabintaunin. *MALAY*, 19(3), 95–105. <https://ejournals.ph/article.php?id=7901>
- Javier, R. E., Jr. (2018). Unawa – mula pag-iisa tungo sa pakikiisa sa kapwa: Ang pag-iisip sa panahon, pag-asa, at pagtanda. *MALAY*, 31(1), 40–54. <https://ejournals.ph/article.php?id=14199>
- Jumaquio-Ardales, A. (2024). Umpukan sa kalye: Pagdalumat sa pasalitang diskurso ng kababaihang maralita. In E. II Carandang, C. B. Concha, & M. A. Villanueva (Eds.), *Dagitab: Mga Dalumat at Usapin sa Kultura, Midya, at Teknolohiya* (pp. 15–35). Academia Filipina Press Inc. & Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino. <https://psllf.org/2024/03/15/dagitab/>

- Mabaquiao, N. M., Jr. (2018). Ang metapisika at etikang pakikipagkapwa-tao. *MALAY*, 30(2), 20–30.
<https://ejournals.ph/article.php?id=14183>
- Matienzo, R. A. E., & Matienzo, E. (2021). Ang krisis-eksistensial sa hari ng kalsada: Isang penomenolohiya ng identidad at kultura ng jeepney. *URSP Research Journal*, 10–16.
<http://www.urs.edu.ph/wp-content/uploads/publications/the-ursp-research-journal/current-issue/02-Matienzo.pdf>
- Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, 3(1), 49–71.
https://www.indigenousspsych.org/Members/Pe-Pua,%20Rogelia/PePua_Marcelino_2000.pdf
- Villejo, V. B., & Liwanag, L. L. (2019). Tagapagtaguyod ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino at ng pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam tungkol sa pilosopiya at praksis ni Dr. Florentino T. Timbreza. *MALAY*, 32(1), 84–98.
<https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/sinupan/edisyon-32-1/malay-6/>

ABOUT THE AUTHORS

Si Eldrin Jan Danganan Cabilin ay lekturer mula sa Department of Interdisciplinary Studies ng Institute of Arts and Sciences sa Far Eastern University - Maynila. Kasalukuyan siyang kumukuha ng PhD Araling Filipino – Wika, Kultura, Midya sa De La Salle University kung saan nagtapos din siya ng kanyang masterado at ginawaran ng pinakamahusay na tesis. Nakapaglathala na rin siya ng ilang iskolarling pag-aaral at malikhaing akda na may tuon at interes sa kaakuhan, kultura, at kasarian ng Pilipino.

Si Aurora Samson Buquir ay guro sa Filipino at nagkaroon ng pagkakataong gumanap sa mga administratibong tungkulin bilang Curriculum Coordinator ng English at Filipino at Subject Area Chair ng Departamento ng Filipino ng De La Salle Lipa, Integrated School. Sa kasalukuyan, siya ay nag-aaral ng PhD Araling Filipino – Wika, Kultura, Midya sa De La Salle University - Manila. Dito rin siya nagtapos ng Master of Arts in Language and Literature Major in Filipino at naisulat ang kanyang tesis, “Ang Pagsasalin Bilang Paghihimalay: Tatlong Maikling Kuwentong Hapon ni Yasunari Kawabata Gamit ang Introspective Analysis”.

Ritwal at Banal na Espasyo: Ang Papel ng Ritwal sa Paghubog ng Komunidad ng El Shaddai

Joven B. Makiling 
Unibersidad ng Makati
jovenmakiling00@gmail.com

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang papel ng ritwal sa paghubog ng banal na espasyo at komunidad sa samahang El Shaddai. Gamit ang etnograpihong pamamaraan, isinagawa ang obserbasyon sa loob ng limang magkakasunod na Sabado sa Amvel City, Lungsod ng Parañaque upang matukoy at mailarawan ang mga ritwal na isinasagawa sa lingguhang pagtitipon. Natuklasan na may pitong pangunahing ritwal na tinatawag na “gawaing pangkabanalan,” na nagsisilbing mahalagang bahagi ng espiritwal na buhay ng mga kasapi. Bukod dito, itinampok ng pag-aaral ang papel ng entablado bilang isang “banal na espasyo” na nagsisilbing sentro ng ritwalistikong pagtatanghal. Ipinapakita ng pagsusuri na ang ritwal ay hindi lamang isang espiritwal na gawain kung ‘di isang anyo ng komunikasyong nagpapatibay ng kolektibong identidad at pagkakaisa sa loob ng komunidad. Ang pananaw na ito ay kaayon ng teorya ni James Carey tungkol sa Ritual Communication, na nagsasaad na ang komunikasyon ay isang paraan ng pagbubuo ng kahulugan at pagiging bahagi ng isang pananampalatayang pamayanan. Sa kabuuan, ipinapakita ng pananaliksik na ang pagsasagawa ng ritwal at ang sagradong espasyo ay kapwa nag-aambag sa espiritwal na pag-unlad at panlipunang ugnayan ng mga kasapi ng El Shaddai. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing batayan sa mas malalim pang pagsusuri sa papel ng ritwal sa iba’t ibang relihiyosong samahan sa Pilipinas.

Mga Susing Salita: Banal na espasyo, komunidad, El Shaddai, ritwal, Ritual Communication Theory

ABSTRACT

This study aims to examine the role of ritual in shaping sacred space and community within the El Shaddai fellowship. Using an ethnographic approach, observations were conducted over five consecutive Saturdays at Amvel City, Parañaque City, to identify and describe the rituals performed during the group’s weekly gatherings. The research found seven primary rituals, referred to as “spiritual activities,” which serve as essential components of the members’ spiritual lives. Additionally, the study highlights the role of the stage as a “sacred space” that functions as the focal point of ritual

performance. The analysis reveals that ritual is not only a spiritual practice but also a form of communication that strengthens collective identity and unity within the community. This perspective aligns with James Carey's Ritual Communication Theory, which posits that communication is a means of meaning-making and fostering participation in a faith-based community. Overall, the research demonstrates that both the performance of rituals and the presence of sacred space contribute to the spiritual development and social connection of El Shaddai members. This study may serve as a foundation for deeper analysis of the role of ritual in various religious communities in the Philippines.

Keywords: Community, El Shaddai, Rituals, Ritual Communication Theory, Sacred space

INTRODUKSYON

Sa loob ng apat na dekada, ang samahang El Shaddai¹ ay naging isang mahalagang bahagi ng buhay panrelihiyon ng milyon-milyong Pilipino. Bilang isang makapangyarihang *Charismatic Renewal Movement*,² hindi lamang nito hinubog ang pananampalataya ng mga kasapi kung 'di pati na rin ang kanilang kolektibong identidad bilang isang espiritwal na komunidad. Sa kabila ng modernisasyon at patuloy na pagbabago sa relihiyosong praktika, nananatiling buhay at dinamiko ang ritwal ng El Shaddai, isang patunay ng kakayahan nitong lumikha ng espiritwal na espasyo at magpapalalim ng ugnayan sa Diyos at sa kapwa mananampalataya.

Itinatag noong 1984 ni Engr. Mariano "Bro. Mike" Z. Velarde ang El Shaddai ay naglalayong muling pag-alabin ang pananampalataya ng mga Katolikong Pilipino sa pamamagitan ng masiglang pagsamba, panalangin, at pakikinig sa Salita ng Diyos. Binibigyang-diin ng kapatiran ang panalangin para sa kagalingan, kasaganahan, at pag-asa. Kilala rin ito sa mga ritwal na may partikular na simbolismo: ang pagbabaligtad ng payong bilang anyo ng pagsalo sa pagpapala, pagwawagayway ng puting panyo bilang tanda ng pagpupuri, pagtataas ng bote ng tubig, itlog, at pasaporte, larawan ng mga kaanak, pagkain bilang panalangin para sa kabuhayan, at sabay-sabay na pagsigaw ng "AMEN!" bilang ekspresyon ng pananampalataya. Sa entablado, isang lalaking tinatawag na "Bro. Mike" ang sumisigaw ng mga katagang gaya

1 Mula sa salitang Hebreo na nangangahulugang "Diyos na higit sa sapat".

2 Samahan sa loob at kasapi ng simbahang Katolika kung saan ang mga Katoliko ay mas aktibong ipinapahayag ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng masiglang pagdarasal, awitan, at paniniwala sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, tulad ng pagsasalita sa ibang wika, paggaling, at pagbabahagi ng mga mensahe mula sa Diyos

ng “hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw,” na siyang naging muhon ng pagpapala para sa marami.

Mula sa isang maliit na istasyon sa radyo DWXI at sa programang *To God Be the Glory*, lumawak ang kapatiran upang mapuno ang Quirino Grandstand, PICC Grounds, at sa kasalukuyan, ang Amvel City sa Parañaque, kung saan ginaganap tuwing Sabado ang kanilang lingguhang *gawain* mula ika-3 ng hapon hanggang ika-9 ng gabi. Sa ngayon, tinatayang milyon-milyon na ang kasapi ng El Shaddai sa buong bansa at sa diaspora. Tanyag din ito sa paggamit ng media, partikular sa radio, telebisyon at internet, bilang midyum sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.

Bagama’t may ilang pag-aaral sa mga Charismatic Renewal Movements sa Pilipinas, kulang pa rin ang pagsusuri sa ritwal ng El Shaddai bilang komunikatibong proseso. Sa larangan ng komunikasyon, inilahad ni James Carey (1989) ang dalawang pangunahing pananaw: ang *transmission view*, na nakatuon sa paglipat ng impormasyon, at ang *ritual view*, na sumusuri sa komunikasyon bilang kolektibong pagsasanay ng kahulugan at ugnayan. Sa kanyang pananaw, ang ritwal ay hindi lamang seremonyal na kilos kung ‘di isang komunikatibong gawi na lumilikha ng espiritwal na pagbubuklod, kolektibong identidad, at muling pagpapahayag ng kahulugan. Sa kontekstong ito, maaaring unawain ang mga gawain ng El Shaddai bilang ritwal na komunikasyon, isang pagtatanghal ng pananampalataya na ginaganap sa banal na espasyong entablado, kung saan ang katawan, salita, at simbolo ay nagkakaugnay sa iisang daloy ng espiritwalidad.

Ayon kay Prospero Covar (1998), ang ritwal ay bunga ng paniniwala at maisasakatuparan lamang sa konteksto ng kolektibong lohika ng pananampalataya. Sa kaniyang pag-aaral sa Iglesia Watawat ng Lahi, ipinakilala niya ang “Social Movement Theory” na sinalin niya bilang Kilusang Bayan dahil ang mga kilusang ito ay naglalayong bumuo ng bagong “social order”. Sa katunayan, tinuligsa niya ang Kanluraning pagbasa sa mga katutubong kilusang panrelihiyon bilang “cult”, “messianic”, “millenarian”, “reformative” at iminungkahi ang paggamit ng **kapatiran** bilang mas angkop na balangkas sa pag-unawa sa panlipunang pananampalataya ng mga Pilipino. Ayon kay Clemen Aquino (2004), ang pagsasakatutubo ng konsepto ng *social movement* ay hindi lamang reaktibo, kung ‘di nagpapakita ng mayamang lohika ng sariling espiritwalidad, pagbubuo ng pamayanan, at kolektibong paniniwala.

Sa kontekstong ito, mahalagang banggitin ang pag-aaral ni Nilo Ocampo (2011) na tumalakay sa mga kilusang Rizalista sa kanyang aklat na *Kristong Pilipino*. Dito, kanyang pinatunayan na ang mga samahang gaya ng Iglesia Watawat ng Lahi, Bathalismo, at La Iglesia Catolica Filipina ay mga kapatirang may sariling teolohiya, ritwal, at pagkilala sa mga pinunong

tagapagligtas. Makikita rito na ang ritwal ay hindi lamang panlabas na kilos kundi daluyan ng panloob na lohika ng pananampalataya.

Mahalaga ring mabanggit ang pag-iral ng kapatiran sa kasaysayan ng mga katutubong kilusan gaya ng kay Papa Isio, Dios Buhawi, at Dios Gregorio. Ayon kina Lopez-Gonzaga at Decena (1990), nabuo ang kapatiran ni Papa Isio bilang alternatibong pwersa laban sa kolonyal na kaayusan—hindi lamang bilang anyo ng armadong paglaban kundi bilang espiritwal na pamayanan. Ang mga kilusan nina Dios Buhawi sa Negros (Madrid, 2019) at Gregorio Dios sa Antique (Marco, 2001) ay maaaring ituring na anyo ng katutubong kapatiran. Sa pamumuno ng mga lider na may karismatikong awtoridad, nabuo ang mga pamayanang nagsilbing alternatibo sa kolonyal na kaayusan. Ang ganitong mga samahan ay nagpapakita ng kapatiran bilang daluyan ng kolektibong paglaban at panloob na paghubog ng espiritualidad sa gitna ng kolonyal na paniniil. Gaya ng isinagawa ni Paluga (2000) sa kanyang pag-aaral sa Moncadismo, layunin din ng pag-aaral na ito na lumampas sa Kanluraning lente at unawain ang ritwal at espasyo ng El Shaddai batay sa panloob nitong lohika bilang kapatiran. Sa halip na ituring ito bilang simpleng reaksiyon sa kahirapan o kultong panrelihiyon, binubuksan ng pag-aaral ang posibilidad na ang El Shaddai ay isang kontemporaryong pahayag ng panlipunang pananampalataya ng sambayanang Pilipino, na may sariling naratibo, lohika ng ritwal, at espiritwal na pagbubuo ng komunidad.

Sa pagtanaw mula sa lente ni Carey (1989), ang mga ritwal na ito ay maaaring ituring na aktong komunikatibo na lumilikha ng “shared world”—isang mundo ng kolektibong kahulugan. Sa halip na ituring ang El Shaddai bilang simpleng reaksiyon sa kahirapan o isang karismatikong kilusan na walang lohika, o ang iba pa nga ay itinuturing itong kulto (Balajadia, 2001) inihahain ng pananaliksik na ito ang pananaw na ang El Shaddai ay isang kapatiran kung saan nagiging daluyan ng espiritwal na pag-asa, panlipunang ugnayan, at pagbubuo ng komunidad ng pananampalataya ang ritwal. Sabi nga ni Peregrino (2001), ang bawat relihiyon ay may ritwal. Sa pamamagitan ng mga ritwal, nababahagi at naipapahayag nito ang isang paniniwala, saloobin, ideolohiya at nagiging daan para maunawaan ang relihiyon.

Sa pananaliksik na ito, ang *ritwal* ay itinuturing na paulit-ulit, makahulugan, at sama-samang pagkilos ng mga kasapi ng El Shaddai na kalauna’y nagiging pangunahing kasangkapan ng kanilang pagkakakilanlan bilang isang komunidad at kapatiran sa pananampalataya. Kaugnay nito, hangarin ng papel na masusing sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga ritwal na isinasagawa ng kapatirang El Shaddai sa kanilang lingguhang gawain, at anu-ano ang mga kasangkapang ginagamit sa mga ito?
2. Paano nagiging banal na espasyo ang entablado sa pamamagitan ng pagtatanghal ng mga ritwal?

3. Paano nabubuo ang konsepto ng komunidad sa samahang El Shaddai kapag pagbabatayan ang kanilang ritwal?

Mahalaga ang pananaliksik na ito sa tatlong kadahilanan: una, bilang isa sa pinakamalalaking kilusang karismatiko sa bansa, nananatiling kulang ang masinsing pagsusuri sa El Shaddai mula sa perspektiba ng komunikasyon at ritwal. Ikalawa, ang pagsusuri sa ritwal bilang komunikatibong gawi ay nagbibigay-linaw sa proseso ng pagbubuo ng espiritwal na identidad, kolektibong kamalayan, at panlipunang ugnayan. Ikatlo, ang pagbibigay-diin sa *espasyong banal* ay nagpapakita kung paanong ang komunikasyon ay hindi lamang berbal kung ‘di nasasakatawan, nakaugat sa lugar, at nakapaloob sa espiritwal na topograpiya ng sambayanang Pilipino. Sa ganitong paraan, ang pananaliksik na ito ay ambag sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng ritwal, komunikasyon, kapatiran, at sagradong espasyo sa konteksto ng kontemporaryong pananampalatayang Pilipino.

Mga Lokal na Pag-aaral Tungkol sa Ritwal bilang Pagtatanghal

Sa mga kontemporaryong pananaliksik, ang ritwal ay hindi itinuturing na simpleng panrelihiyong aktibidad lamang, kung ‘di isa ring masalimuot na praktika ng komunikasyon, katawan, espasyo, at simbolismo. Paliwanag ni Tiatco (2019), ang ritwal ay maaaring basahin bilang isang uri ng *performance*, na gumagamit ng katawan bilang daluyan ng paniniwala at kolektibong pagkilos. Sa ganitong lente, ang ritwal ay isang masining na pagtatanghal ng pananampalataya na nakaugat sa lokal na kultura.

Sa pag-aaral naman ni Salonga (2007), binigyang-diin ang papel ng wika at galaw sa konstruksyon ng ritwal bilang komunikatibong anyo. Ang bawat salita, kilos, at ayos ng katawan sa isang ritwal ay may dalang mensahe, hindi lamang para sa Diyos, kung ‘di pati sa komunidad na nakikibahagi rito. Ganito rin ang inilatag ni De Leon (2024) sa kaniyang pagsusuri sa debosyon sa Birheng Maria, kung saan ang mga gawi ng pamamanata ay nagsisilbing anyo ng kolektibong pagkakakilanlan ng komunidad. Sa kabilang banda, binigyang-pansin ni Reyes (2022) ang *Sayaw sa Obando* bilang isang pagsasanib ng pananampalataya at tradisyong kultural. Ang ritwal ay hindi lamang espiritwal na gawain kung ‘di isang pampamayanang akto ng panata, aliw, at pag-asa. Ganito rin ang pinalutang nina Demeterio at Orozco (2023), na nagsuri sa kasaysayang nakapaloob sa mga ritwal ng mga santo sa Obando, na anila ay nagsisilbing tagapadala ng lokal na kasaysayan at pagkakakilanlan.

Sa rehiyonal na konteksto, isinalarawan nina Langahid at Catibay (2022) kung paanong ang ritwal ay nakaugat sa moralidad, kabuhayan, at bayanihan. Samantala, sa mga pag-aaral ng *Sinulog* bilang panata at prusisyon (Alcedo, 2007; Bautista at Braulein, 2014; Llana, 2011; Dela Paz, 2012; Peterson, 2011), muling lumitaw ang ritwal bilang *buhay na*

naratibo ng pananampalataya, isang pagsasanib ng musika, katawan, at pananampalatayang kolektibo.

Bagaman iba-iba ang naging pagtututok ng mga iskolar sa debosyon, nagkakapareho sila sa diskursong ang mga ritwal na itinatanghal ay nagiging daan para mabuo ang isang pamayanang may layuning magpakilala sa kanilang identidad. Kaugnay nito, ang ganitong pagtingin sa ritwal ay mahalaga sa konteksto ng El Shaddai, kung saan ang pagtitipon ay hindi lamang pagbasa ng dasal o pakikinig sa pangangaral, kung ‘di isang aktibong *pagganap* ng pananampalataya, sa awitin, sayaw, pagsigaw, at paggamit ng espasyo.

Mga Pag-aaral sa Filipino Tungkol sa Relihiyon

Sa mga lokal na pananaliksik na nakasulat sa wikang Filipino, binibigyang-diin ang relihiyon hindi lamang bilang espiritwal na paniniwala, kung ‘di bilang karanasang nakaugat sa kasaysayan, kapatiran, espasyo, at panlipunang ugnayan. Sa kaniyang pag-aaral sa sektang *Moncado Alpha and Omega*, inilatag ni Paluga (2000) ang lohika ng alternatibong kapatiran, na isang porma ng pananampalatayang may sariling ritwal, naratibo, at espiritwal na kosmolohiya na humuhugot sa kolektibong pag-iral ng mamamayan.

Katulad nito, ang kilusan ni Papa Isio na tinalakay nina Lopez-Gonzaga at Decena (1990) ay maituturing na kapatirang mistikal at politikal sa gitna ng kolonyal na transisyon. Ayon kay Larkin (2001), ang pamumunong ito ay nakaangkla sa tradisyon ng *babaylan* at panlipunang hustisya. Sa Kabisayaan naman, inilarawan ni Marco (2001) ang *Dios-Dios* bilang espiritwal na kilusan na pinangungunahan ng isang indbidwal na itinuturing bilang Diyos sa mundo. Nahagip ng talakay niya si Dios Buhawi ng Negros Oriental at si Dios Gregorio ng Antique. Makabuluhan din ang aklat ni Nilo Ocampo (2011) na isa sa mga unang naglatag ng pagsusuri sa mga kapatirang Rizalista sa kaniyang aklat na Kristong Pilipino. Sa pamamagitan ng dokumentasyon at fieldwork sa Bundok Banahaw, pinatampok niya ang pananampalatayang nakaugat sa lokal na imahinasyon, kolektibong alaala, at panitikang panrelihiyon. Lutang sa mga pag-aaral na ito ang konsepto ng kapatiran na inihahain ni Covar (sa Aquino 2004).

Sa Timog-Silangang Asya, ipinamalas ni Tugano (2022) sa kanyang anekdotal na sanaysay ang ugnayan ng relihiyon sa identidad at pamumuhay sa Thailand, Myanmar, at Indonesia. Aniya, ang relihiyon ay hindi lamang tagapagdikit ng komunidad kundi maaari ring magsilbing salik ng pagkakahati, lalo na kung ito ay ginagamit sa kapangyarihan at politika. Sa kanyang mga pananaliksik sa Australia (2021; 2023), ipinakita rin niya kung paano ang mga ritwal ng mga migrante—*gaya ng fluvial parade* ng Our Lady of Penafrencia at Sinulog Festival bilang mga halimbawang ritwal na isinasabuhay ng mga migrante sa ibayong dagat

at ang pang-araw araw na gawi tulad ng pagkain ay lumilikha ng espayong may kultural at emosyonal na saysay sa banyagang lupain. Mahalaga ring banggitin na si Tugano (2021) ay gumamit ng maka-Pilipinong metodolohiya tulad ng *pagtatanong-tanong*, *pagsuroy-suroy*, at pagmamasid—mga paraang nagpapalutang sa karanasang Pilipino na batayan din ng kasalukuyang papel na ito. Sa rehiyonal na antas, sina Garcia-Castro at Yabut (2015) ay nagbigay-diin sa ispiritwalidad ng mga Thai, na sa kabila ng modernisasyon ay patuloy na nagsisilbing gabay sa moralidad, ugnayang panlipunan, at personal na kaginhawaan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pag-aaral na ito na ang relihiyon ay hindi hiwalay sa buhay-panlipunan, kundi isa sa mga sentrong paraan ng pagbubuo ng kolektibong pagkatao at paniniwala. Sa pamamagitan ng maka-Pilipinong pananaw at metodo—gaya ng ipinamalas nina Ocampo (2011), Paluga (2000), at Tugano (2021), masusukat ang halaga ng pananampalataya bilang praktika ng kapatiran, espasyo, at pagbabagong espiritwal. Ang ganitong lente ay mahalagang sandigan sa pagsusuri sa El Shaddai bilang kontemporaryong kilusan ng panlipunang pananampalataya ng sambayanang Pilipino.

Mga Pag-aaral sa Kapatirang El Shaddai

Ang mga naunang pag-aaral sa El Shaddai ay nagpapakita ng matatag na interes mula sa iba't ibang disiplina—mula sa etnograpiya at penomenolohiya hanggang sa diskursong-teolohikal at sosyo-politikal na pagsusuri. Sa akda ni Wiegele (2007), nailarawan ang El Shaddai bilang isang anyo ng *lay spirituality* na nagbibigay-ginhawa sa mga maralita sa gitna ng personal na krisis. Kaugnay nito, ipinakita sa kaniyang naunang artikulo na ang samahan ay bumubuo ng isang espiritwal na diskursong nagtatatanggol sa deterministikong pagbasa ng kahirapan habang niyakap ang modernong aspirasyon para sa pag-angat (Wiegele, 2006). Nakaugat din dito ang pananaw ni Araw (1999) na ang mensahe ng pag-asa ni Bro. Mike Velarde ang naging sentral na puwersa sa popularisasyon ng kilusan.

Samantala, ang penomenolohikal na pag-aaral ni Fortunado-Sanchez (2002) ay naglantad ng mga karanasan ng mga kasapi bilang daluyan ng espiritwal at personal na pagbubuo ng sarili. Sa ganitong paraan, binigyang-lalim ng mga pag-aaral nina Demeterio (2010) at Francisco (2010) ang ugnayan ng doktrinang *prosperity theology*, pamumuno, at media, habang sinuri naman nina Kessler at Ruland (2007) ang retorika ni Bro. Mike bilang aspekto ng ritwal na humuhubog sa espiritwalidad ng mga tagasunod. Lumawak pa ito sa mga pag-aaral nina Gorospe (1999), Mercado (2001), at Makiling (2025) na tumalakay sa papel ng kilusan sa eleksyon, pamumuno, at estratehikong pamamahala.

Sa kabila ng lawak ng mga literaturang ito, mapapansing karamihan ay mula sa panlabas na pananaw, mga dayuhang iskolar o obhetibong tagamasid na nagsusuri sa El Shaddai bilang panlipunang penomenon. Sa ganitong konteksto, inilulugar ng kasalukuyang

pag-aaral ang sarili bilang isang *insider* na nagsisikap lumampas sa dayuhang lente, at humuhugot sa mga maka-Pilipinong metodo ng pananaliksik upang mailantad ang panloob na lohika ng kapatiran, pananampalataya, at ritwal sa El Shaddai. Kaugnay nito, nakapook muna ang papel na ito sa deskriptibong pagtingin sa mga ritwal ng El Shaddai, at anumang kahihinatnang pagbasa ay magagamit sa mga susunod na pag-aaral bilang basehan ng analitikal na pagsipat.

Ang Ritwal na Komunikasyon ni James Carey bilang Batayang Teoretikal ng Pag-aaral

Nakasalig sa *Ritual Communication Theory* ni James Carey ang pananaliksik na ito. Ang ritwal na komunikasyon ay hindi lamang tumutukoy sa pagpapadala ng impormasyon kung ‘di sa pagbabahagi, pakikilahok, at pagdiriwang ng mga kolektibong kahulugan. Ayon kay Carey (1992), ang komunikasyon ay isang simbolikong proseso na nagpapanatili sa lipunan sa paglipas ng panahon, at hindi lamang simpleng pagpapalawak ng mensahe sa espasyo. Aniya, “*a ritual view of communication is not directed toward the extension of messages in space, but the maintenance of society in time; not the act of imparting information or influence, but the creation, representation, and celebration of shared beliefs*”.

Sa sanaysay niyang *Communication as Culture*, ipinakita ni Carey (1989) ang pagkakaiba ng transmisyon at ritwal bilang dalawang pananaw sa komunikasyon. Ang una ay nakatuon sa pagdadala ng mensahe mula sa pinagmulan patungo sa tagatanggap. Sa kabilang banda, ang ritwal na pananaw ay nakatuon sa pagbabahagi ng karanasan, isang simbolikong gawaing bumubuo at nagpapatatag sa komunidad. Halimbawa, ang pagsisimba ay maaaring ituring na daluyan ng impormasyon sa transmisyong pananaw, kung saan ang pari ay nagsesermon at ang mga tao ay nakikinig. Sa ritwal na pananaw, ang pagsisimba ay isang seremonyal na karanasan ng sabayang pananalangin at pag-awit, isang anyo ng kolektibong paglahok sa pananampalataya na nagpapatibay sa ugnayan ng pamayanan. Sa ganitong pagbasa, ang komunikasyon ay hindi lamang paglilipat ng mensahe, kung ‘di ritwal ng pagdaramdam at pagdalo sa isang kolektibong mundong makahulugan.

May tatlong pangunahing palagay ang Ritual Communication Theory:

1. Hindi likas o ibinibigay ang realidad;
2. Ang realidad ay nililikha sa pamamagitan ng simbolo; at
3. Ang tao ang gumagawa ng realidad.

Pinagsama ni Carey ang mga ideya ng *commonness*, *community*, at *communication* sa pamamagitan ng dalawang metapora: *space-based* at *time-based*. Ang una ay tumutukoy sa komunikasyon bilang daluyan habang ang ikalawa ay nakaugat sa seremonya—isang *shared experience*.


Sa konteksto ng El Shaddai, ang ritwal ay hindi lamang pagbibigay ng impormasyon kundi isang simbolikong kilos na nagpapahayag ng pananampalataya at nagbubuklod sa mga miyembro. Ang mga kilos tulad ng pagtaas ng panyo o pitaka ay may partikular na kahulugan na nauunawaan ng mga deboto. Sa paggamit ng *Ritual Communication Theory*, naipapakita kung paanong ang kahulugan ay nalilikha at naipapasa sa pamamagitan ng sama-samang ritwal na nagbibigay-buhay sa espiritwal at panlipunang ugnayan ng komunidad.

Bagama't ang teoryang *Ritual Communication Theory* (RCT) ni James Carey ay mula sa Kanluran, may mga pag-aaral na nagpapakita ng bisa nito sa mas malawak na konteksto. Sa pagsusuri ni Costa (2020), nakatutulong ang RCT sa pagpapanatili ng kolektibong identidad sa isang lipunan. Ganito rin ang pahiwatig ni Pauly (1997) na nagsabing imposible ang buhay kung walang ritwal sa komunikasyon. Para naman kay Sen (2017), ang mismong impormasyon ay maaaring gamiting ritwal. Lumawak pa ang aplikasyon ng RCT sa larang ng teknolohiya at midya. Sina Anderson (2011), Pauly (2014), Foucault at McLuhan (2007) ay nagpakita kung paano nagiging ritwal ang komunikasyon sa digital na panahon—isang pananaw na may kaugnayan sa paggamit ng radyo, telebisyon, at livestream ng mga grupong tulad ng El Shaddai. Bagaman manipis pa ang mga pananaliksik na gumagamit ng RCT sa kontekstong Pilipino, ipinakita ni Reynon (2020) ang potensyal ng teoryang ito sa kanyang pag-aaral sa Day by Day Ministries—na halos kahawig ng saliksik na ito.

Konseptuwal na Balangkas: Ang Entablado bilang Banal na Espasyo

Figura 1

Metaporikal na representasyon ng entablado sa konsepto ng pag-aaral (Makiling, 2025)



Sa pag-aaral na ito, ginamit ang estruktura ng entablado ng El Shaddai bilang metaporikal na representasyon ng banal na espasyo at daluyan ng ritwal na komunikasyon. Sa disenyo, makikita ang dalawang haligi na sumasagisag kay Bro. Mike bilang tagapagtatag at sa kapatirang El Shaddai bilang institusyon, na parehong nagsisilbing pundasyon ng espiritwal at organisasyonal na buhay ng komunidad.

Ang entablado ay may tatlong baitang na sa pananaliksik na ito ay ginamit bilang muhon ng maka-Pilipinong metodo: pagtatanong-tanong, pagpapakuwento at pakikipagkuwentuhan. Ito rin ang naging hakbang ng mananaliksik upang maaabot niya ang rurok ng kaisipan ng *ritual view of communication* ni James Carey, kung saan ang komunikasyon ay hindi lamang paghahatid ng impormasyon kundi paglikha at pagpapanatili ng panlipunang realidad.

Sa *backdrop* ng entablado, inilarawan ang pitong pangunahing ritwal ng El Shaddai na nadalumat sa isang bahaghari na sumasagisag sa espiritwal na biyaya at kolektibong paglalakbay ng mga kasapi—mula pagsambang-awitin hanggang pagsalo. Ang pag-angat patungo sa komunidad, na siyang bubong ng entablado ay nagpapakita ng layunin ng ritwal: ang pagbubuo ng isang bayan ng Diyos.

Sa ibaba ng entablado, nakaposisyon ang lahok-masid na metodo na sumasagisag sa naging fieldwork ng mananaliksik. Ibig sabihin, sa pagbabad sa mismong espasyo ng mga deboto—kung saan sila nananalangin, nagtataas ng mga dala-dalahan at nag-aalay ng mga pasasalamat—naisakatuparan niya ang masinsin at makabuluhang pakikilahok sa buhay-relihiyoso ng komunidad. Sa ganitong paraan, naunawaan niya hindi lamang ang anyo ng mga ritwal kung ‘di ang mismong danas ng mga kasapi ng El Shaddai.

METODOLOHIYA

Ginamit ang kwalitatibong pamamaraan sa pananaliksik na ito, partikular ang etnograpihong lapit, upang masusing mailarawan at masuri ang mga ritwalistikong gawain ng kapatirang El Shaddai. Pinagsanib ng mananaliksik ang Lahok-masid at pagsuroy-suroy, kung saan ang mananaliksik ay aktibong lumahok at nagmasid sa mga ritwal. Ang uri ng lahok-masid ay maaaring ituring na *moderate participation* dahil ang mananaliksik ay nakiisa sa mga gawain ng komunidad habang pinanatili ang akademikong distansya sa analisis.

Ginamit din sa papel ang Sikolohiyang Pilipino nina Enriquez at Santiago (1982) partikular ang pagtatanong- tanong, pagpapakuwento, at pakikipagkuwentuhan (Santiago at Enriquez 1982; de Vera 1982; Orteza 1997; Aquino 2006; at Tugano 2021) na akma sa karanasang Pilipino. Ayon kay Lydia Gonzales (2011) ang pagtatanong-tanong ay mabisang pamamaraan ng pananaliksik dahil bukod sa naglalayon na malaman ang eksternal na pangyayari, naglalayon din ito na masiyasat ang saloobin ng mga kalahok. Sa madaling salita, ang pangkalahatang

layunin ng pagtatanung-tanong ay hindi lamang para makakuha ng impormasyon kundi upang malinawan, matiyak, at mapagtibay ang mga naunang impormasyon, nang sa gayon ay maging tama at mabisa ang bunga ng pananaliksik na isinasagawa. Sinasaklaw naman ng pagpapakuwento ang pagiging pangunahing batis ng mga impormasyong ibinabahagi ng nagkukwento samantalang sa pakikipagkuwentuhan ay nagkakaroon ng palitan ng kuro-kuro, karanasan, at kaalamang namamagitan sa mananaliksik at sinasalisik (Tugano, 2021).

Sa pagasasakatuparan ng mga hangarin ng pag-aaral, sumulat muna ang mananaliksik at personal na nakipag-usap kay Bro. Michael Velarde, Jr., ang *assistant servant-leader* ng kapatiran upang ipaliwanag at ihain ang layunin ng pag-aaral, at humingi na rin ng pahintulot sa isasagawang pananaliksik. Inihingi rin ng pahintulot ang paggamit ng mga kuhanang larawan sa pagtitipon, at pagkalkal sa arkibo ng El Shaddai upang mas lalong maunawaan ng mga mambabasa ang nagaganap sa kanilang gawain. Nang pumayag si Bro. Michael, isinagawa na ang *fieldwork* sa loob ng limang magkakasunod na Sabado mula Enero 1 hanggang Pebrero 1, 2025, sa El Shaddai *International House of Prayer* sa Parañaque; mula ika-3 ng hapon hanggang ika-9 ng gabi, na sumasaklaw sa buong daloy ng programa mula sa *Praise and Worship* hanggang sa *Healing Message*. Pinili ang mga nasabing araw dahil para sa mananaliksik, ito ang unang limang Sabado ng gawain ng samahan para sa taong 2025, na sumasagisag sa bagong simula at pagbabalik ng mga kasapi mula sa kapaskuhan. Sa panahong ito, karaniwang ibinabalik ng samahan ang kanilang mga taunang ritwal, kabilang na ang mga pangakong panalangin, mga patotoo ng bagong biyaya, at ang pagpapahayag ng layunin ng samahan para sa bagong taon. Sa ganitong paraan, namapa ng mananaliksik ang anyo ng mga ritwal na siyang pinagtuunan ng pag-aaral.

Sa panahon ng pagmamasid, lahat ng obserbasyon ay idinokumento sa pamamagitan ng *field notes*, na nagsilbing batayan sa pagsusuri. Mahalagang banggitin na ang mananaliksik ay isang tagaloob (*insider*) sa samahang El Shaddai—aktibong miyembro at kalahok sa mga gawain sa loob ng mahigit labinlimang (15) taon. Ang personal na kaalaman at karanasan ay naging bentahe sa pagbibigay ng kontekstuwalisadong interpretasyon sa mga nakalap na datos. Gayunpaman, kinilala rin ng mananaliksik ang posibleng hamon ng pagiging tagaloob, kaya isinagawa ang mga sumusunod na hakbang upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng personal na pananampalataya at layuning akademiko:

1. Sistematikong dokumentasyon ng obserbasyon sa pamamagitan ng detalyadong field notes;
2. Reflexive journaling upang matukoy ang mga personal na reaksiyon, interpretasyon, at mga potensyal na bias;
3. Maingat na pagtatangi ng sariling paniniwala mula sa analitikal na pagsusuri.

Ayon kay Rabe (2003), ang pagiging insider at outsider ay hindi statikong kategorya sa halip ay isang *fluid positionality* sa proseso ng pananaliksik. Maaaring maging insider ang mananaliksik sa ilang aspekto (gaya ng pananampalataya at karanasan), ngunit nananatiling outsider sa iba (gaya ng layuning teoretikal at metodolohikal). Sa ganitong diwa, sinikap ng mananaliksik na balansehin ang emic (panloob) at etic (panlabas) na pananaw, alinsunod sa mungkahi nina Pike at Harris (sa Rabe, 2003), upang higit na maunawaan ang panlipunang katotohanang nakapaloob sa mga ritwal ng kapatiran.

Matapos ang lahok-masid, ang lahat ng datos ay isinailalim sa thematic analysis. Isinagawa ang inductive coding upang tukuyin ang mga lumilitaw na tema mula sa obserbasyon, na sinundan ng interpretasyong batay sa *Sikolohiyang Pilipino* at *ritwal bilang komunikasyon*. Bilang karagdagang sanggunian, gumamit din ang mananaliksik ng mga opisyal na dokumento ng El Shaddai (gaya ng prayer booklets, printed programs, at archival video recordings) upang mas mapalalim ang pag-unawa sa istruktura, layunin, at konteksto ng mga ritwalistikong gawain.

Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay naging daan sa makatao, lokal, at kontekstuwalisadong pagbasa sa mga ritwal ng El Shaddai, alinsunod sa layunin ng pag-aaral na pagtukoy sa ginagampanan ng ritwal sa pagbuo ng kanilang pagkakakilanlan.

RESULTA AT DISKUSYON

Ang Pitong Ritwal Pangkabanalan ng Samahang El Shaddai

Ang isang malinaw na salik ng ritwal ay ang kolektibong kilos ng pamayanan tungo sa iisang payak na layunin. Sa konteksto ng El Shaddai ito ay para maging patotoo at ibahagi ang kagalingan, kaligtasan, at kapangyarihang taglay ng salita ng Diyos (Velarde, 2007). Inaasahang sa bahaging ito na mabasa ang mga ritwal at kasangkapang kanilang ginagamit para magkaroon ang mga mambabasa ng kislap-diwa tungkol sa kanilang ritwal. Sa ginawang pagsusuruy-suroy at pagmamasid sa limang Sabadong *fieldwork* sa Amvel City, naimapa ng mananaliksik ang pitong ritwal na kanilang isinasagawa: Pagsambang-Awitin, Pagpapatoo, Pagmimisa, Pananalangin, Pagpapahayag, Pagtataas, Pagsalo.

Pagsambang Awitin³

Nagsisimula ang lingguhang pagtitipon ng El Shaddai sa pagsambang-awitin na pinangungunahan ng choir mula sa isponsor na PFCC⁴ (Provincial Formation Coordinating Council). Karaniwang binubuo ito ng tatlong bahagi: *call to worship* na patungkol sa Banal na Espiritu, *praise* na masigla at may indayog, at *worship* na mabagal at mapagmuni-muni. Salit-salit na nangunguna ang PFCC Choir, Youth Choir, Children's Choir, at El Shaddai Gospel Music Ministry. Ang tagapanguna ang pumipili ng mga awitin batay sa temang nais ipaabot sa mga mananampalataya.

Bagaman pangunahing ginagamit ang Wikang Filipino sa panalangin at patotoo, ang ilang awitin ay nasa Ingles. Gayunman, hindi ito hadlang sa aktibong pakikilahok. Sa bahagi ng *worship*, karaniwang nakataas-kamay, nakapikit ang mata habang umaawit na isang karanasang tinutukoy ng samahan bilang *pagkapuspos*. Sa *praise*, mapapansing sinasabayan ng mga miyembro ang mga galaw ng mga mananayaw sa entablado, isang ekspresyon ng pagkakaisa sa katawan. Mapapansin din na ang mga nasa taas ng entablado ang tagapaghatid ng ritwal na isinasagawa ng mga kasapi sa ibaba ng entablado. Nagkakaunawaan ang mga kasapi dahil nagiging lundayan ang mga awitin para mabatid nila ang presensiya ng Diyos. Umiiikot ang kanilang diskurso sa pasasalamat at pagpupuri sa paraan ng pagsayaw, pagsisigawan at palakpakan na sa konteksto ng kapatiran ay mga makalangit na awitin.

Sa ritwal na ito, ang puting panyo na may nakaimprentang Salmo 91⁵ ang pangunahing kasangkapan ng pagsambang-awitin. Sa limang Sabadong pagmamasid, konsistent ang samahan sa pagwawagayway ng kanilang panyo bilang kilos ng papuri. Itinuturing itong sagrado, isang kasangkapang ritwal na nagsisilbing daluyan ng panalangin at biyaya. Sa ganitong ritwal, ang musika at galaw ay nagiging midyum ng pananalig na sa lenteng pangwika ay komunikasyong higit sa salita.

3 Sa ibang mga karismatikong kilusan at/o ibang denominasyon, katumbas ito ng praise ang worship.

4 Sa estruktura ng organisasyon ng samahan, tumutukoy ito sa hatian ng mga chapters sa bawat probinsiya.

5 Kinikilala bilang sentral na panalangin ng kapatiran. Kung minsan, tinatawag din nila itong tipanang panalangin.

Larawan 1

Ang Ritwal ng Pagsambang-awitin



(Kuhang larawan ni Carlos Joseph De Leon, 2025)

Pagpapatotoo⁶

Nagsimula ang ritwal ng pagpapatotoo noong 1992 upang iparinig sa madla ang bunga ng mga pangaral ni Bro. Mike Velarde. Ayon kay Bro. Ranilo Limbo⁷, na mula pa 1996 ay nakatalaga sa *screening committee*, sinasalang muna ang mga nais magbahagi upang matiyak na ang patotoo ay kaugnay ng kilos ng Diyos at hindi lamang personal na salaysay. Sa kabuoan ng gawain, may tatlong sets ang ritwal na ito: sampu sa unang hanay, lima sa ikalawa, at tatlo sa huli—nakabatay sa bigat at lalim ng karanasang ibinabahagi kung saang *set* ilalagay. Kabilang sa mga karaniwang tema ang kagalingan mula sa karamdaman, pagbabalik-loob, pagkakaayos ng pamilya, at paglaya mula sa bisyo o pagkakautang. Sa ilang Sabadong pagmamasid, napansing ang mga ganitong paksang espiritwal ay patuloy na umuukit sa antisyon ng mga tagapakinig.

May sinusundang daloy ang ritwal na ito: nagsisimula ito sa pagbati kay El Shaddai, kay Bro. Mike at sa kaniyang maybahay, at sa mga kapatid sa pananampalataya. Inilalahad ang dati nilang pamumuhay, kung paano sila tinawag sa gawain, at kung anong himala o

6 Sa ibang samahang panrelihiyon, tinatawag itong “testimony” o testimonya, kung saan ang isang kapatiran ay magsasalita sa entablado para ibahagi ang himalang natanggap. Sa kontekstong El Shaddai, paminsan-minsan pagbabahagi o mula sa *sharing* taguri nila rito.

7 Isa sa mga manggagawa ng kapatiran na nag-iinterbyu sa mga nais magpatotoo.

biyaya ang natanggap. Karaniwang nagtatapos ito sa katagang, “To God be the Glory.” Kapag tiningnang mabuti, ang nagpapatotoo ang gumaganap bilang tagapagpadala ng mensahe habang ang mga nakikinig naman na kasapi ang tagatanggap nito. Nabubuo ang diskurso dahil bukod sa wikang Filipino ang nilalaman, makikita ang pakikisangkot ng madla, pumapalakpak ang mga nakakaugnay, nagbubulungan ang iba, at kapag trahedya ang salaysay, maririnig ang mahinang “Praise the Lord” o “Oh my God.”

Bagaman walang pisikal na kasangkapan sa ritwal na ito, mahigpit na sinusunod ang itinakdang pananamit sa mga magbabahagi: nakapalda at may kuwelyo ang kababaihan; pantalon at polo shirt naman ang kalalakihan. Ang ganitong kaayusan ay nagsisilbing sagisag ng paggalang at paghahanda para sa banal na pagbabahagi. Sa madaling salita, ang katawan, tinig, at pananalita ng nagpapatotoo ang nagsisilbing pangunahing kasangkapan ng ritwal. Ang patotoo ay hindi lamang isang akto ng pagsasalita; ito ay banal na paglalantad ng isang ritwal na komunikasyong humuhubog sa sama-samang pananampalataya.

Larawan 2

Ang Ritwal ng Pagpapatotoo



Pagmimisa⁸

Itinuturing ng kapatiran ang Banal na Misa bilang “pinakamataas at karapat-dapat na anyo ng pagsamba”. Sapol pa noong itinatag ang samahan, bahagi na ng lingguhang pagtitipon ang pagdiriwang ng Eukaristiya. Pinatitibay ng ritwal na ito na ang El Shaddai ay hindi isang hiwalay na sekta, kung ‘di nananatiling nasa loob ng pananampalatayang Katoliko patunay rito ang presensiya ng mga pari, obispo, at maging mga kardinal sa pagdiriwang. Hindi naiiba

⁸ Katulad din sa Simbahang Katolika ang misa ng kapatirang El Shaddai. Sa Ingles, tinatawag itong Holy Eucharist.

ang daloy ng liturhiya sa karaniwang misa ng Simbahang Katolika. Subalit dahil ito'y nasa konteksto ng isang karismatikong pagtitipon, kapansin-pansin ang masiglang ekspresyon ng katawan: palakpakan tuwing matatapos ang mga awit, nakataas ang kamay habang umaawit, at masiglang tugon sa mga bahagi ng misa na tumatama sa damdamin ng mga dumadalo. Katulad sa naunang dalawang ritwal, may komponent ito ng wika dahil mula sa simula hanggang sa wakas, nabubuo ang diskurso na bahagi pa rin sila ng Simbahang Katolika.

Ang entablado ang nagsisilbing altar ng Misa. Ang mga kasangkapang ginagamit o mga tinatawag na sacramentals ay karaniwan ding ginagamit sa liturhiya ng Simbahan. Para sa mga babae, kapansin-pansin ang pagsusuot ng puting belo sa ulo, habang ang iba nama'y puting panyo bilang alternatibo. Wala namang partikular na kasangkapang pansarili ang kalalakihan. Sa kabuuan, ang pagkilos, pananamit, at pakikilahok ay tila pinag-isang dasal, isang pagsamba na hindi lamang naririnig bagkus ay nararamdaman din sa gitna ng komunidad.

Larawan 3

Ang Ritwal ng Pagmimisa



Pananalangin⁹

Sa masusing pagmamasid at pakikipagkuwentuhan ng mananaliksik, malinaw na ang panalangin ay mahalagang sangkap ng ritwal ng El Shaddai. Bagaman maraming uri nito ang isinasagawa, matingkad ang Salmo 91, bilang pinakatinatanging panalangin ng kapatiran. Inuusal ito ng sabay-sabay, malakas, may pagtaas ng kamay, at may paniniwalang taglay nito ang proteksiyon at kapangyarihan ng Diyos. May apat na anyo ng panalangin sa ritwal: (1) Panalangin ng Tagapagpakilala, bilang pambungad na pagdulog; (2) Panalangin bago ang Mensaheng Nagpapagaling; (3) Panalangin ng Santo Rosaryo, gamit ang rosaryong bato na

⁹ Sa konteksto ng El Shaddai, ang mga malalaking bahagi ng pagtitipon ay may panalangin o prayer na kaakibat.

sumasagisag sa tibay ng pananampalataya; at (4) Tipanang Panalangin—ang sabayang pag-awit ng The Lord’s Prayer at Salmo 91.

Walang pisikal na kasangkapan sa unang dalawang panalangin, kundi ang katawan mismo: pagtaas ng kamay, pagpikit ng mata, at sabayang tugon na nagsisilbing daluyan ng taos-pusong pagsamba. Samantala, ang rosaryo at puting panyo ay hindi lamang gamit kung ‘di ritwal na simbolo: ang una ay debosyonal na kasangkapan, ang ikalawa ay personal na tipan. Sa ganitong pananaw, ang bawat panalangin sa El Shaddai ay ritwal na komunikasyon—isang akto ng pananampalatayang may kilos, alaala, at kolektibong pagsuko sa Diyos.

Larawan 4

Ang Ritwal ng Pananalangin



(Kuhang larawan ni Bro. Sharwin Macato, 2025)

Pangangaral¹⁰

Itinuturing ng mga kasapi ng El Shaddai na ang *Healing Message*¹¹ ni Bro. Mike Velarde ang pinakapuso ng kabuuang gawain. Nagsisimula ito sa pag-awit ng mga *covenant songs*

10 Sa ibang sekta, katumbas ito ng “sermon”, “homiliya”, “preaching”. Sa ritwal na ito napapakinggan ang mensahe ni Bro. Mike Velarde na nagtatagal ng isang oras.

11 Tawag sa bahagi ng ritwal dahil pinaniniwalaan ng kapatiran na ang salita ng Diyos ay nagpapagaling.

tulad ng “Bless the Lord,” “El Shaddai” (Amy Grant), at “Purihin ang Panginoon”, mga kantang tumatampok sa tema ng pakikipagtipan sa Diyos. Sa kasalukuyan, umiikot ang mensahe ni Bro. Mike sa tinatawag niyang *Healing Password*¹²—isang salita mula sa Biblia na binibigyang-kahulugan batay sa bawat titik, na isinasangkot ang apat na kanta at apat na personal na patotoo. Matapos ang patotoo, inilalahad niya ang kabuuang mensahe at pinagmulan nitong kasulatan. Sa limang Sabado ng pagmamasid, tinalakay ang salitang FAMILY mula sa Gawa 10:1–8. Mapapansin na si Bro. Mike ang tagapagpadala ng mensahe habang ang mga kasapi ng El Shaddai ang tagapatanggap. Sa puntong ito, mahalagang mabanggit na pinaniniwalaan ng mga kasapi ang anumang sabihin ni Bro. Mike kahit na hindi nila masyado itong nauunawaan. Kapag sinabi ni Bro. Mike na sumigaw ang ibig yumaman, nagsisigawan ang mga kasapi. Kapag sinabi niyang tumalon ang ibig magkabahay at lupa, tumatalon ang mga kasapi. Ang ganitong pananampalataya ay pagpapamalalas ng pagsunod sa wika o salitang sinasabi, pinaniniwalaan, at sinusunod ng marami sa isang tiyak na pamayanan (Peregrino, 2001). Nagiging ganap ang diskurso sa puntong ito, dahil tinutuhog nito ang iisang layunin, ang makapakinig sa salita ng Diyos.

Ang pulpito at mesa ni Bro. Mike ang nagsisilbing kasangkapan ng ritwal, sumasagisag sa awtoridad ng Salita ng Diyos. Ang mga tagapagpatotoo ay itinuturing na buhay na kasangkapan ng mensahe, habang ang mga miyembro ay nakikinig, tumatango, o nagsusulat sa kanilang notebook, isang kilos ng aktibong pakikibahagi. Sa ganitong konteksto, ang pagpapahayag ay hindi lamang pangangaral kundi isang ritwal ng pagpapaliwanag, pagpapatotoo, at sama-samang pagtanggap sa kapangyarihan ng salita.

Larawan 5

Ang Ritwal ng Pangangaral



(Mga Kuhang Larawan mula sa Delta Broadcasting System, 2025)

12 Estratehiyang nagsimula noong pandemya. Mula sa ito sa dalumat ng password sa cellphone na pinaniniwalaan ng mga kapatiran na kapag narinig nila ang password na ito, magbubukas din ang mga himala sa buhay nila.

Pagtataas¹³

Sa ritwal na ito, iniaalay ng mga kasapi ang kanilang mga handog at kahilingan sa pamamagitan ng simbolikong “pagtataas.” Sa basa ng mananaliksik, hindi lamang bagay ang itinataas dito, maging ang mga personal na alalahanin din ng bawat dumadalo. Sa pag-awit ng “Give Thanks,” sabay-sabay nilang itinatataas ang mga dala-dalahan habang nakataas ang kamay bilang tanda ng pagsuko at tagumpay. Sa bahagi ng liriko na “Let the weak say I am strong,” sabayang nakasarado ang kamao ng mga kasapi, na sinasagisag ang determinasyon; samantalang sa “Let the poor say I am rich,” sabay-sabay ang pagbukas ng kamay—isang kilos na nagpapahiwatig ng kasaganaan at pagtanggap. Maaaring tingnan na diskurso ng pag-asa ang nabubuon ng kapatiran kapag isinasagawa ito. Umaasa sila na anumang bagay ang itaas nila sa gawain, ito ay pinagpapala. Sa katunayan, may mga patotoo rin nagpapatunay na may mga himala silang nakamtan sa tuwing itinataas ang kanilang mga dala. Pinaniniwalaan ng kapatirang El Shaddai na kapag nais ng indibidwal na pumunta sa ibang bansa, dapat niyang itaas ang kaniyang pasaporte sa ritwal ng pagtataas. Kapag ibig mabago ang buhay ng isang kaanak, dapat anila itaas ang retrato nito sa ritwal na ito. Ilan lamang ito sa pananampalataya ng mga kasapi na dahil narinig nila sa mga patotoo, maging sila ay ginagawa na rin ito. Litaw na litaw sa puntong ito ang esensiya ng wika bilang kumukontrol sa isang relihiyon. Pumapaloob ang penomenong ito sa simbolo ng wikang ginagamit ng relihiyon sa mananampalataya na para kay Peregrino (2001) ay nagbubunga ng walang alinlangang pagsunod at impluwensiya sa kilos ng mga mananampalataya.

Kapansin-pansing maraming pisikal na kasangkapan ang itinatataas: sobre ng panalangin, bukas na bag, larawan ng mahal sa buhay, dokumento, pasaporte, at mga kagamitang gaya ng tubig, langis, asin, at panyo. Ang mga ito ay itinuturing na daluyan ng himala at pagpapala, at ibinababa lamang matapos ang awit. Walang sinasambit na panalangin sa entablado sa bahaging ito. Sa halip, ang “Give Thanks” ay isinasagawa bilang ritwal na awit ng pananampalataya o aktibong pag-angkin sa lahat ng itinatataas. Sa ganitong pananaw, ang pagtataas ay nagiging sabayang panalangin, pisikal na deklarasyon, at ritwal ng pag-asa.

13 Katumbas nito ang paghingi ng basbas sa ibang sekta. Tinawag na pagtataas dahil sa ritwal na ito, itinatataas ng mga kasapi ang mga bagay na ibig nilang pabasbasan.

Larawan 6

Ang Ritwal ng Pagtataas



Pagsalo¹⁴

Nagtatapos ang pagtitipon ng El Shaddai sa ritwal ng *pagsalo*. Matapos ipahayag ni Bro. Mike Velarde ang kanyang *Healing Message*, aanyayahan niya ang lahat na tumayo at sabay-sabay isigaw ang salitang nagbubuod ng mensahe sa gabing iyon. Itataas niya ang kanyang kamay—isang kilos ng *pagsasaboy*—at tatlong ulit itong ibabato mula sa entabladong tatapatan naman ng tatlong ulit na *salo* mula sa mga kasapi. Sabay nilang isisigaw ang salitang pinasisigaw ni Bro. Mike, bago niya ipahayag: “Humayo kayo at ipalaganap ang Mabuting Balita.”

Walang pisikal na kasangkapang ginagamit sa ritwal na ito. Ang mismong kilos—ang pagbato ng kamay at sabayang pagsalo—ang nagsisilbing daluyan ng espiritual na biyaya. Sa halip na bagay, ang salita at kilos ang nagiging instrumento ng basbas. Ang sabayang pagsambit ay hindi lamang pag-uulit ng mensahe, kundi kolektibong pag-angkin dito na isang simbolikong pagkilos ng pagtanggap at pagpapahayag. Sa ganitong ritwal, lumilitaw ang pagsalo bilang sagradong kilos at sabayang akto ng pananampalataya na nagbibigay-wakas sa pagtitipon, at sabay na naghahasik ng misyon.

14 Huling bahagi ng ritwal kung saan sinasalo na ng mga kasapi ng El Shaddai ang biyaya.

Larawan 7

Ang Ritwal ng Pagsalo



Ritwal: Daluyan ng Pananampalataya at Pangkabanalang Karanasan sa El Shaddai

Sa kapatirang El Shaddai, mahalagang tunguhin ng ritwal ang pagpapatibay ng pananampalataya at ang patuloy na paghubog ng buhay espiritwal. Sa bawat sama-samang pagsamba, panalangin, at pagbabahagi ng patotoo, nadarama ng mga kasapi ang pananampalataya bilang karanasang kolektibo na hindi hiwalay sa kapwa, kung ‘di sabayang paglalakbay patungo sa Diyos. Nagiging paalala ang mga gawaing ito ng espiritwal na layunin, at muling pinaigting ang ugnayan sa Diyos sa gitna ng hamon ng buhay.

Higit pa sa isang paniniwala, ang pananampalataya ay nagiging buhay na isinasabuhay sa pamamagitan ng mga ritwal. Sa pakikinig sa mga patotoo, sa sabayang panalangin, at sa pagdanas ng simbolikong kilos, ang mga kasapi ay hindi lamang tagamasid kundi aktibong kalahok sa espiritwal na realidad. Ang katawan, salita, at galaw ay nagiging sagradong kasangkapan ng pananampalataya.

Sa ganitong konteksto, ang mga ritwal ay hindi lamang gawi kundi *ritwal pangkabanalan*¹⁵—mga banal na tagpo kung saan nararanasan ang presensiya ng Diyos. Mula

¹⁵ Pantukoy na dalumat ng mananaliksik upang maihiwalay sa ibang uri ng ritwal. Tumutukoy ito sa mga gawain o seremonyang panrelihiyon na isinasagawa upang mapalalim ang ugnayan ng tao sa Diyos

sa paghahanda hanggang sa pagsasagawa, laging may taimtim na panalangin na pabanalín ng Diyos ang lahat ng magaganap. Sa ilang Sabadong lahok-masid, nasaksihan ng mananaliksik ang mga nagaganap sa likod ng entablado na mga *intercessory prayers*¹⁶ na naglalayong humingi ng tulong sa Diyos na pakabanalín ang magaganap sa Banal na Espasyo. Ang eksenang ito ang hindi nasilayan ng mananaliksik noong mga panahong isa pa lamang siyang dumadalo, at hindi pa babad sa pagbasa ng bawat kilos na nagaganap sa buong samahan. Sa bawat awit, dasal, at sabayang kilos, ipinapakita ng El Shaddai na ang kabanalan ay hindi abstraktong kilos, kundi konkretong karanasang maaaring danasin sa piling ng komunidad. Sa lahat ng ito, may isang espasyong laging pinangyayarihan: ang entablado. Sa susunod na bahagi, tatalakayin kung paano ito nagiging daluyan ng presensiya, saksi sa ritwal, at katawan ng kabanalan para sa komunidad ng El Shaddai.

Ang Entablado bilang Banal na Espasyo

Sa pagpasok sa spiritual center ng El Shaddai, bubungad agad sa iyo ang isang malaking entablado. Ang entablado ay hindi lamang isang pisikal na lugar kung saan ginaganap ang mga programa ng samahang El Shaddai; ito rin ay sumasagisag sa banal na espasyo kung saan ang pakikipagtagpo ng tao at Diyos ay ritwal na ginaganap at kinikilala. Sa ganitong pagbasa, ginagamit sa papel na ito ang lente ng ritwal na komunikasyon ni James Carey (1989), kung saan ang media at mga ritwal ay hindi lamang daluyan ng impormasyon kundi paraan ng paglikha ng kahulugan, identidad, at espiritwal na ugnayan sa loob ng isang komunidad. Ang entablado, sa kontekstong ito, ay hindi basta plataporma ng presentasyon kundi isang espiritwal na hantungan ng pananampalataya kung saan ang banal ay nararanasan sa pamamagitan ng kolektibong ritwal.

Sa bawat pagtitipon, makikita ang matinding pagnanais ng mga kasapi na makaakyat sa entablado, isang hangaring hindi batay sa pansariling karangalan, kundi bilang katuparan ng isang panata sa Diyos. Maririnig sa maraming patotoo ng mga kasapi ang pangakong: *“Kapag tinugon ng Diyos ang aking kahilingan, aakyat ako sa entablado upang magpatotoo.”* Sa ganitong diskurso, ang entablado ay hindi lamang plataporma kundi espasyo ng pagsasakatuparan at konkretong anyo ng pakikipagtipan sa Diyos, kung saan ang himala ay hindi lamang sinasambit kundi ipinapamalas.

¹⁶ Sa ibang wika, tinatawag itong binding prayer. Kung saan bago magsimula ang gawain, nagkakatiapon ang mga gumaganap sa entablado para manalangin sa Diyos na maging matagumpay ang kabuoan ng pagtitipon.

Ang disenyo ng entablado ng El Shaddai International House of Prayer¹⁷ ay likhang-metapora ng kaligtasan at espiritwal na daloy. Hugis-barko ito, hango sa barko ni Noah, na sa kasaysayan ng Kristiyanismo ay simbolo ng pagliligtas mula sa delubyo. Sa bawat gilid ay matatanaw ang pangalang “El Shaddai,” habang sa gitna ay naroroon ang malaking *glass painting* ng muling pagkabuhay ni Hesus. Sa tuktok naman ay isang puting kalapati, sagisag ng Espiritu Santo. Ang disenyo ay nilalapatan ng tatlong bahaghari na nakapalibot sa entablado, na maaaring basahin bilang banal na tagapagpakilala sa presensiya ng Diyos.

Hindi isang *random* na dekorasyon ang paggamit ng bilang na pito. Sa tradisyong biblikal, ang pito ay itinuturing na banal—tanda ng kabuuan, kabanalan, at pagkabuo ng kalooban ng Diyos. Sa aklat ng Genesis, ang paglalang ay natapos sa anim na araw at ang ikapito ay inilaan para sa banal na pamamahinga. Sa Levitico, inuulit ng pitong ulit ang ritwal ng paglilinis upang italaga ang altar. Sa Aklat ng Pahayag, ang pitong selyo, pitong simbahan, at pitong Espiritu ay simbolo ng kabuuang paghuhukom at kaligtasan. Kaya’t sa entabladong El Shaddai, ang pitong pangalan ng Diyos ay maaaring ituring na sagradong marka ng kabuuang presensiya ng Diyos sa bawat bahagi ng espasyo.

Ang kabanalan ng espasyong ito ay higit pa sa disenyo. Bago pa man magsimula ang aktuwal na gawain, ang entablado ay nililinis, pinapalamutian ng mga bulaklak, at inihahanda ng *production team*. Ang mga manlilingkod ay taimtim na nananalangin sa likod ng entablado bilang paghahanda. Ayon kay Bro. Rex America, ito ay kinokonsentreyt para pagpalain ang sinumang tatayo rito. Ang tunog ng mga mikropono, ang ayos ng mga upuan, at ang daloy ng liwanag ay hindi lamang para sa magandang presentasyon, kundi para sa maayos na daluyan ng dalangin, awit, at Salita ng Diyos. Sa pagbasa ng ritwal bilang katawan, ang bawat elemento—tunog, liwanag, galaw—ay bahagi ng isang buhay na ritwal na katawan na isinakatawan ng entablado mismo.

Sa gitna ng entablado, matatagpuan ang tagapanguna ng pagsambang-awitin, kasabay ng mga mananayaw at orkestra sa magkabilang gilid. Dito rin tumatayo si Bro. Mike upang mangaral, manalangin, at tumanggap ng mga nagpapatotoo. Sa isang bahagi naman ay naroon ang pulpito ng mga tagapagpakilala. Sa kabuuan, ang entablado ay nagiging katawan ng ritwal—dito isinasagawa ang pitong pangunahing ritwal ng samahan. Hindi lamang tagapanood ang mga kasapi; sila’y aktibong kalahok sa pananampalatayang isinasakatawan sa salita, galaw, at awit. Sa bawat sigaw ng “Praise the Lord” o sabayang “Amen” habang itinataas ang mga panalangin ng Salmo 91, naroroon ang sabayang pagdanas ng presensiya ng Diyos.

17 Taguri sa *spiritual center* ng kapatirang El Shaddai. Saradong espasyo na dinisenyo sa konsepto ng barko ni Noah.

Ang pag-akyat sa entablado ay ritwal ng pasasalamat, pagtupad sa pangako, at paghahayag ng pananampalataya sa harap ng pamayanan. Sa mga patotoo ng kagalingan, tagumpay, o kaligtasan, ang personal na karanasan ay nagiging kolektibong saksi. Sa ganitong paraan, ang entablado ay lumalampas sa pagiging estruktura—ito’y nagiging daluyan ng grasya at larangan na ang Diyos ay kinikilala sa pamamagitan ng buhay ng Kanyang mga nilikha.

Ang pangarap na marating ang entablado ay nakaangkla sa pananampalatayang Pilipino na may malalim na paniniwala sa bisa ng espasyo. Tulad ng mga dambana ng mga santo o altar ng simbahan, ang entablado ay inaaring banal sapagkat dito nagaganap ang pagsasaksi, pagbabasbas, at pagbabagong-loob. Sa pananaw na ito, ang entablado ay hindi lamang sentro ng atensyon kundi sentro ng buhay espiritwal ng pamayanan. Sa bawat ritwal na isinasagawa, mula sa sabayang panalangin hanggang sa patotoong may luha, mula sa paghahandog ng mga dala hanggang sa pagsalo ng Salita—ang entablado ay nagiging iisang banal na katawan na binubuo ng ritwal, kulay, at pananalig.

Ang mga simbolikong anyo sa entablado—ang bahaghari, kalapati, Salmo 91, at ang pitong pangalang “El Shaddai”—ay hindi lamang palamuti kundi sagradong oryentasyon. Ayon kina Bro. Boyet Balisbis at Bro. Resty Talain, ang pangalan pa lamang na El Shaddai na nababanaag sa entablado, ay isa nang dahilan kung bakit itinuturing na banal ang espasyo. Sa pagbabad ng mananaliksik, lumilitaw na maging ang pitong kulay ng bahaghari ay maaaring basahin bilang representasyon ng pitong ritwal na isinasagawa tuwing pagtitipon. Ang ritwal, kung gayon, ay hindi lamang aktibidad—ito ay kulay, liwanag, at pagkilos na nagbibigay-hugis sa pag-asa. Lumilitaw na sa mga deskripsyon sa entabladong banal, mapapansin na naiimpluwensiyahan ng disenyo nito ang mga kasapi dahil sa taglay nitong senyas at simbolismo. Nagagawa ng mga edipisyong ito na mapagiting ang pananampalataya ng tao sa simpleng hayagang paraan (Peregrino, 2001). Sa madaling sabi, nakatutulong ang mga biswal na ito sa pag-unawa ng mga mananampalataya upang palagian nilang maalala ang mga bagay na dapat nilang paniwalaan. Sa konteksto ng kapatirang El Shaddai, ang simbolo ng arko at bahaghari ay bahagi ng kanilang wika na pinatunayan ni Demeterio (2010) nang suriin niya ang diskurso ng pag-asa sa El Shaddai. Pag-asa ang senyas na ibig iparating ng entablado. Ibig sabihin, ang entablado ay isang lugar ng kabanalang nararanasan sa pamamagitan ng ugnayang ritwal at espasyo, isang banal na tagpo kung saan sumasakatawan ang Diyos sa gitna ng Kanyang bayan.

Larawan 8

Ang Gitna ng Entablado ng Banal



Kuhang larawan ni Bro. Sharwin Macato (2025)

Ang Ritwal ng El Shaddai tungo sa Pagbuo ng Komunidad

Nakatuon ang Ritwal na Komunikasyon ni James Carey sa salitang “komunidad,” isang kaisipan na magpapaunawa sa mga ritwal na itinatanghal ng El Shaddai. Mula sa pitong ritwal na inilahad, at sa papel ng entablado sa bawat pagtatanghal, lumilitaw sa ngayon na ang ritwal ay hindi lamang espiritwal na kilos kundi isang komunikatibong galaw na humuhubog at nagpapatibay sa kanilang pamayanan. Sa pagdaan ng panahon, tinatawag ang mga kasapi hindi lamang bilang bahagi ng isang relihiyosong kilusan kundi bilang “*El Shaddai Community*.” Sa bawat gawain, ang ritwal ay nagsisilbing pundasyon ng espiritwal na pagkakaisa at kolektibong pagkakakilanlan. Sa bahaging ito ng pagsusuri, ginamit ang mga datos mula sa pakikipagkuwentuhan sa mga piling kasapi ng samahan. Bilang isang maka-Pilipinong pamamaraan ng pakikinig at pagdama, ang pakikipagkuwentuhan ay naging daluyan ng mas bukás at taos-pusong pagbabahagi. Ang mga sipi mula sa mga ito ay itinuturing na sentro ng pag-unawa sa ritwal bilang tagapagbuo ng kolektibong ugnayan.

Sa El Shaddai, ang taguri sa bawat isa ay “kapatid”, mahalagang simula ng komunidad ang paggamit ng salitang ito. Madalas kaysa hindi, Brother o Sister. Sa pagsisimula ng bawat patotoo sa entablado, maririnig ang pamilyar na linya: “*Ang susunod na magpapatotoo ay*

ang ating kapatid na si...” Maging si Bro. Mike, sa kanyang mga pangaral, ay ginagamit ang salitang ito sa pagbati. Sa unang tingin, ito’y tila simpleng anyo ng pagtawag. Sa diskursong kultural, ang “kapatid” ay isang panandang semantiko ng pagkapabilang, isang pag-aangkin na ang sinasabihan ay kasáma at kapwa. Kaya naman, sa diskursong El Shaddai, lagi’t laging sinasabing magkakapatid sila kay Kristo. Tulad ng binigyang-diin ni Covar (1998), ang *kapatiran* ay hindi lamang relasyong pampamilya kundi panlipunang taguri na sumasakabalikat ng kolektibong adhikain. Sa pananaw na ito, ang kapatiran ay lumalampas sa ugnayang dugo at lumalapat sa mga pamayanang ispiritwal, gaya ng El Shaddai. Hindi nagtatapos ang ideya ng kapatiran sa salita lamang. Sa katunayan, nakaukit ito sa doktrinang panloob ng samahan, gaya ng katuturan sa aritmetik $1+1=3$ na mula sa Mateo 18:19–20: “*Kapag ang dalawa o tatlo ay nagkaisa sa panalangin, ang Diyos ay nasa kanilang piling.*” Ang simpleng paniniwalang ito ay sumasalooob sa praktis ng sabayang panalangin at sabayang pananampalataya. Sa perspektibo ni Carey, ang ganitong mga aktibidad ay bumubuo ng *symbolic communion*, isang komunikasyong batay sa ugnayan at pakiramdam.

Isa sa mga dramatikong tagpo ng ganitong ugnayan at pakiramdam ay makikita sa pagdarasal ng **Salmo 91**, na tinutukoy ng mga kasapi bilang “tatak” ng El Shaddai. Ayon kay Sis. Jojie delos Reyes: “*Magna carta na dapat kabisado ang Salmo 91 dahil ito ang tatak ng kanilang samahan.*” Sa oras ng panalangin, humihinto ang lahat sa kanilang ginagawa: walang nagpapalakad-lakad, at lahat ay nakataas ang kamay. Ayon kay Bro. Carlos De Leon: “*Sabay-sabay na tumatahimik ang community kapag Salmo 91 dahil ito ang tipanang panalangin ng mga anak ni El Shaddai.*” Pinatotohanan naman ni Bro. Au Mabazza, na kahit ang mga kasapi na nasa ibang bansa, dinadala nila ang ritwal na ito sa kanilang buhay. Para sa kanila, ito ang sagradong tagpo ng pagharap sa Diyos, isang ritwal na kolektibong pagsuko. Sa ganitong pagbasa, ang ritwal ay lumalampas sa espasyo, nagiging transnasyonal na kilos ng pananalig.

Sa ilang tagpo ng biglaang pag-ulan, nasaksihan mismo ng mananaliksik ang tila mahiwagang pagtigil nito tuwing lalabas si Bro. Mike, para sa mga nakakuwentuhan, tanda ito ng presensiya ng Diyos. Para sa kanila, ito ay hindi lamang kababalaghan kundi bunga ng sama-samang panalangin. Sabi nga ni Dr. Sonia Sabater: “*kapag umuulan habang nagsasalita si Bro Mike at kapag sinabi niyang isara ang payong, lahat ng tao ay magsasara at magpapaulan na. Masayang sinasalo ng mga tao ang biyaya and that is their faith.*” Isang ritwal na nagbibigay-bisa sa pananampalatayang sama-samang isinasagawa. Sa pagsasagawa ng ritwal, hindi lamang panlabas na kilos ang isinasagawa ng mga kasapi kundi isang espiritwal na pagsasanib ng katawan, damdamin, at pananampalataya. Sa pagsabay sa pag-awit, panalangin, at pagwagayway ng puting panyo, ang mga miyembro ay hindi lamang tagamasid kundi aktibong kalahok sa espiritwal na kilos ng komunidad. Sabi ni Bro. Au Mabazza: “*sa pagsambang awitin, hindi nahihiya ang mga tao. Kapag bago, normal na mahihiya pero kapag nakita mo kasing nagsasayawan na lahat, mahahawa ka na ring makisayaw.*” Sa mga

baguhan, maaaring may pangamba o hiya sa pagtaas ng kamay o pagsabay sa sayaw. Subalit sa patuloy na pagdalo, nagiging natural ang pakikibahagi. Sa bawat Sabado, unti-unti ring lumalalim ang kanilang pakikilahok at pagkilala sa sarili bilang bahagi ng pamayanan. Bagay na ipinaliwanag ni Bro Sharwin: *“sa ritwal ng pagpapahayag, kung ano ang sinasabi ni Bro. Mike na aral, hanggang sa sasakyan at sa bahay, bukambibig ng mga tao. Halimbawa: yung katagang tiyak yun!”*

Sa *community singing*, makikitang alam ng mga tao ang tamang kilos at tugon sa bawat linya ng kanta. Maging sa bahagi ng pagsalo, bagama’t hindi laging ganap na nauunawaan ang salitang isinisigaw ni Bro. Mike, sabay-sabay pa rin itong sinasalo ng mga kasapi na may pananampalataya. Ang pagsalo ay naging tagpo ng pananampalatayang aktibo, buo, at sabay-sabay. Para kay Bro. Rex America: *“ang pagsalo sa ibinabato ni Bro Mike ay signifies nang malalalim na pananampalataya ng mga tao kahit wala naman talagang nakikita. Bunga ito ng pagkakaisa dahi na-absorb sa teachings ni Bro. Mike.”* Sa akto ng pagkakaisa, nakikita ni Bro. Sharwin Macato na: *“sa ritwal ng pagsalo, makita man o hindi, kapag tumalon ang katabi, tatalon ka na rin. Dahil isang komunidad kayo na nagkakaisa.”* Himala naman ang bunga ng pagkakaisang ito. Dahil ayon kay Bro. Au Mabazza: *“nagkakaisa ang mga tao na may himalang natatanggap sa ibinabato ni Bro. Mike.”*

Hindi rin maikakaila ang papel ng pagpapatotoo bilang kolektibong naratibo ng paniniwala. Lumabas sa pakikipagkuwentuhan, na inaabangan ito ng mga kasapi dahil nagsisilbing inspirasyon ang patotoo. Sa mas masaklaw na pagtingin, inilarawan ni Sis Jemima Francisco na: *“masaya sa komunidad dahil dito ka nakararamdam ng sense of community na kapag nakikinig ka sa mga patotoo na may kaparehong pinagdaraan, masasabi mong hindi ka nag-iisa at you really belong to the community.”* Ganito rin halos ang pananaw ni Sis. Shekainah Borlongan, napapansin niyang may side comments ang mga tao kapag sobrang naka-relate sa ipinapatotoo ng nasa entablado. Litaw na litaw ang pagiging komunidad, dahil pare-pareho silang may mga pinagdadaan sa buhay at sa oras na maka-relate sa patotoo ng isa, nagsisilbi itong lakas ng loob sa kanila. Paliwanag ni Judd (1973), pinag-iisa ng ritwal ang mga tao, at dito rin nila hinuhugot ang lakas at tiwala sa sarili. Kapag nagsimulang magsalita ang nagpapatotoo, mararamdaman ang kolektibong pagtuon ng atensyon, sabayang katahimikan, at pakikiramay. Sa ganitong tagpo, ang personal na naratibo ay nagiging pampublikong saksi ng pananampalataya.

Sa bawat paglahok sa ritwal, unti-unting hinuhubog ang pagkakakilanlan ng isang kasapi ng El Shaddai. Ang simpleng taas-kamay, sabayang sigaw ng *“Hallelujah!”* o *“Praise the Lord!”*, at pagwagayway ng puting panyo ay hindi na lamang mga kilos bagkus pahiwatig ng pagiging kabilang. Isa sa mga tagpo ng matinding pagkakaisa ay tuwing nahihirapan si Bro. Mike sa pagbigkas ng teksto—kusang tumutulong ang mga kasapi, sabay-sabay nilang binabasa ito

sa screen, at kapag matagumpay itong nasambit, naghihiyawan at nagpapalakpakan ang lahat. Sa mga ganitong sandali, hindi kaalaman ang sentro kundi damdaming ibinabahagi: kapag siya'y napatawa, natatawa ang lahat; kapag napaluha, marami ang napapaluha. Ang mga kilos na ito ay nagpapatunay na ang ritwal ay hindi lamang daluyan ng salita bagkus daluyan ng *emotional communion* na isang espiritwal na pakikiisa na humuhubog sa samahan.

Sabi nga ni Peregrino (2001), ang mga institusyong panrelihiyon ay palaging umaakto bilang tagapagpanatili ng “social bond.” Sa ganitong pagbasa, lumilitaw ang ritwal hindi lamang bilang relasyunal kundi bilang panlipunang mekanismo ng kolektibong ugnayan. Ang sabayang panalangin, awit, at patotoo ay lumilikha ng mga sagradong sandali kung saan ang pananampalataya ay hindi lamang inaawit kundi isinasabuhay kasama ang kapwa. Sumatutal, ang ritwal sa El Shaddai ay hindi lamang tradisyong espiritwal kundi isang makapangyarihang kasangkapan sa pagbubuo ng kanilang komunidad. Mula sa sabayang awit hanggang sa kolektibong patotoo, ang bawat kilos at salaysay ay nagpapatibay ng kolektibong pananalig. Ang muling pagdalo tuwing Sabado, ang sakripisyong maulanan o mainitan, ang pagtataas ng mga dala-dalahan, ang pagsalo sa isinasaboy ni Bro. Mike Velarde, lahat ng ito ay patunay na ang ritwal ay buhay na daluyan ng kahulugan. Dito, natatagpuan ng mga kasapi ang kapayapaan sa gitna ng krisis, at kasagutan sa mga tanong ng buhay na kayang maipaliwanag sa pamamagitan ng sama-samang pananampalataya. Sa ganitong pagbasa, lumilitaw ang ritwal bilang puso ng komunidad, isang ugnayang hindi lamang nabubuo, kundi patuloy na pinatitibay sa bawat kilos ng pananampalataya.

Larawan 8

Ang Kapatirang El Shaddai noong Agosto 2024



(kuhang larawan ng mananaliksik, 2024)

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

